



NAVIS DECARBONISATION FUND ENVIRONMENTAL AND SOCIAL MANAGEMENT SYSTEM

(Sistema ng Pamamahala ng Kalikasan at
Panlipunan)

Enero 2026





TABLE OF CONTENTS

EXECUTIVE SUMMARY	4
1. Panimula	4
2. Saklaw	6
3. Layunin	6
4. Environmental at Social Management Framework	6
4.1 Environmental at Social Policy	6
4.2 Navis ESG Business Principles	6
4.3 Mga Applicable na E&S Standards at Legal Requirements	6
5. Mga Operational Arrangements ng Environmental at Social Management System	7
5.1 Mga Resources	7
5.2 Mga Tungkulin at Responsibilidad	7
6. Environmental at Social Integration sa Investment Process	9
6.1 Pre-investment Procedure	9
6.1.1 Environmental at Social Screening at Categorization	9
6.1.2 Environmental at Social Due Diligence	9
6.1.3 Investment Agreement	12
6.2 Investment Procedure	12
6.3 Exit Readiness	14
7. Gender-Based Violence / Sexual Exploitation, Abuse at Harassment	14
8. Stakeholder Engagement	14
9. Grievance Mechanism	15
10. Training	15
11. Disclosure at Reporting	16
12. Management at Organization	16
13. Monitoring at Evaluation	17
14. Management Review	17
15. References	17
Appendices	18

Appendix A – NDF Responsible Investment Policy

Appendix B – Mga Posibleng Environmental at Social Risks ng mga Kinatawang Industry Sectors

Appendix C – Navis ESG Business Principles

Appendix D – ESG Team Details

Appendix E – NDF ESMS Manual Template para sa mga Portfolio Companies

Appendix F – NDF Environmental at Social Screening and Categorization Policy and Procedure (*Polisiya at Pamamaraan sa Pag-screen at Pagkategoryang Pangkalikasan at Panlipunan*)

Appendix G – NDF Guidelines para sa Climate Finance at Social Impact at ESG KPI Qualification (*Mga Gabay para sa Kwalipikasyon ng Climate Finance*)

Appendix H – Limited ESIA Template

Appendix I – Environmental at Social Due Diligence Template

Appendix J – Environmental at Social Action Plan (ESAP) Template

Appendix K – NDF Indigenous Peoples Policy Framework (*Balangkas ng Polisiya para sa mga Katutubo*)

Appendix L – NDF Land Acquisition and Resettlement Framework (Balangkas para sa Pagkuha ng Lupa at Resettlement)

Appendix M – Chance Find Procedure Template

Appendix N – NDF Serious ESG Incident Reporting Procedure (*Pag-uulat ng Malulubhang Insidente ng ESG*)

Appendix O – Gender-Based Violence and Sexual Exploitation, Abuse and Harassment Approach (*Approach sa Gender-Based Violence at Sexual Exploitation, Abuse at Harassment*)

Appendix P – Stakeholder Engagement Framework

Appendix Q – NDF Grievance Mechanism Policy (*Mekanismo para sa mga Reklamo at Hinaing*)

Appendix R – NDF Climate Risk and Opportunities Policy (*NDF Polisiya sa Climate Risks at mga Oportunidad*)

Appendix S – NDF Responsible Supply Chain Policy (Labor) (*NDF Polisiya para sa Responsableng Supply Chain (Labor)*)

EXECUTIVE SUMMARY

Ang Navis Decarbonisation Fund (NDF) ay nagpatupad ng komprehensibong environmental at social framework na binubuo ng Responsible Investment Policy at ng Environmental and Social Management System (ESMS). Ang framework na ito ay nakaayon sa mga requirements ng Green Climate Fund (GCF) at IFC Performance Standards. Mayroon din ang NDF ng mga environmental at social policies at procedures na naglalahad kung paano nila ipinapatupad at mino-monitor ang kanilang mga portfolio companies at/o projects ayon sa kabuuang framework.

Lahat ng investments sa mga portfolio companies at/o projects ay dumadaan sa environmental at social assessment. Layunin nito na masigurong ang investment ay hindi lumalabag sa exclusion list ng NDF [ESGMS-NDF-POL-002 NDF E&S Exclusion List, na makikita rin bilang **Appendix A** sa NDF Responsible Investment Policy], at kung hindi ito saklaw ng exclusion list, tukuyin kung paano haharapin ang anumang environmental at social risks at impacts. Tinitingnan din sa assessment kung may pagkakataon para makapagbigay pa ng dagdag na environmental at social benefits. Hangad ng NDF na sa pamamagitan ng kanilang environmental at social framework, ang mga portfolio companies at/o projects ay ma-disensyo, maipatupad, at ma-operate nang sumusunod sa mga umiiral na regulasyon at good international practice.

Ang ESMS ay naglalatag ng mga gabay kung paano isinasagawa ang environmental at social due diligence para sa mga portfolio companies at/o projects. Kasama rin dito ang Land Acquisition and Resettlement Framework (LARF), na tumutugon sa mga requirements ng GCF at NDF pagdating sa pagkuha ng lupa at hindi kusang-loob nap ag-areglo, stakeholder engagement, at grievance mechanism. Nakapaloob din dito ang Indigenous Peoples Policy Framework, na tumitiyak na nirerespeto at pinoprotektahan ang mga karapatan ng mga katutubo.

Sa huli, nag-set up ang NDF ng grievance mechanism para makatanggap at makaresolba ng mga concerns o reklamo mula sa iba't ibang stakeholders. Bukas ang mekanismong ito sa lahat ng internal at external stakeholders ng mga portfolio companies at/o projects. Ang mas detalyadong paliwanag tungkol dito ay makikita sa Section 8 ng dokumentong ito.

1. Panimula

Nangangako ang Navis sa practice ng responsible investing at naniwalang malaking factor ito para mapaganda ang performance ng isang kumpanya sa pamamagitan ng sustainable growth, mas maayos na operations, at mas maayos na risk management. Dahil dito, inayos ng Navis ang approach nito sa environmental, social, at governance (ESG). Mula sa pagiging “special focus” lang dati, ginawa na itong core management capability para makapag-deliver ng sustainable business improvements sa mga investments.

Isinasama namin ang ESG sa buong investment process. Sa ganitong paraan, natutulungan namin ang mga investments namin na ma-manage ang kanilang environmental at social impacts at mapabuti ang corporate governance. Kasabay nito, nakakakita rin kami ng mga oportunidad para makagawa ng dagdag na value, na nagpapataas ng overall value ng aming investments. Itinatag ang *ESGMS-NDF-POL-001 NDF Responsible Investment Policy (Appendix A)* para naka-align ito sa approach na ito.

Para maisabuhay ang NDF Responsible Investment Policy, nag-set up ang Navis ng NDF Environmental and Social Management System (ESMS). Layunin nito na masigurong consistent at kumpleto ang pagsama ng environmental at social considerations sa buong investment process. Ang ESMS ay naka-base sa NDF Responsible Investment Policy at ina-update ito paminsan-minsan kapag may pagbabago sa Policy.

Ang Navis Decarbonisation Fund (NDF) ay isang private-sector-led climate finance initiative na nakatuon sa mga SME (small and medium enterprises) sa Southeast Asia. Layunin nitong pabilisin ang paglipat sa low-carbon economy sa anim na priority countries: Indonesia, Vietnam, Thailand, Malaysia, Cambodia, at Pilipinas. Target ng programa na tugunan ang mga systemic barriers sa decarbonisation sa pamamagitan ng pagbibigay ng growth capital, operational support, at scalable solutions sa mga high-impact sectors. Naka-align din ito sa national climate strategies at national adaptation plans ng bawat bansa, at nagmomobilize ng private finance gamit ang mga innovative financial instruments, kabilang ang hybrid capital.

Mas vulnerable ang Southeast Asia sa epekto ng climate change dahil sa mahahabang baybayin, mataas na population density sa mga low-lying areas, at pagdepende ng ekonomiya sa mga climate-sensitive sectors tulad ng agriculture, fisheries, at tourism. Sa mga nakaraang dekada, nakaranas ang rehiyon ng malinaw na pagbabago sa klima tulad ng pagtaas ng temperatura, pagbabago sa pattern ng ulan, pagtaas ng sea level, at mas malalakas at mas madalas na extreme weather events. Ang mga pagbabagong ito ay maaaring makasira sa mga development gains, magpalala ng umiiral na socioeconomic inequalities, at magtulak sa mas maraming vulnerable communities papunta sa mas malalim na kahirapan. Dahil dito, tututok ang NDF sa mga emerging countries sa Southeast Asia: Indonesia, Vietnam, Thailand, Malaysia, Cambodia, at Pilipinas.

Layunin ng NDF na pabilisin ang decarbonisation sa mga bansang may mataas na GHG emissions at mataas ang climate vulnerability. Magde-deploy ito ng capital para sa climate adaptation at mitigation investments, gamit ang mga pondo na dati ay hindi basta available sa mga bansang ito at sa kanilang mga SME.

Magkakaiba ang antas ng climate readiness ng bawat target na bansa, kasama na rito ang level ng mga policies at regulasyong na-develop na nila pagdating sa climate action.

Bansa	Kahandaan at policy environment
Cambodia	Mga climate strategies, sectoral National Adaptation Plans (NAPs), at pagpapabuti ng pamamahala (governance)
Indonesia	Carbon tax, mga framework para sa pagpapatupad ng Nationally Determined Contributions (NDC), at energy roadmap ng bansa
Malaysia	Green Tech Plan, pagpapalawak ng renewable energy, at emissions trading pilot
Pilipinas	Strong institutions, Climate Change Commission, local integration
Thailand	Produksyon ng electric vehicles, building efficiency, draft Climate Change Act
Vietnam	Power Development Plan, renewables scale-up, JETP financing

Batay sa mga iminungkahing industry sectors sa mga bansang pag-iinvestan ng NDF, may ilang environmental at social risks na na-identify sa **Appendix B**. Kabilang dito ang polusyon sa hangin at tubig, deforestation at pagkawala ng biodiversity, noise pollution, economic displacement o pagkawala ng

kabuhayan, epekto sa mga katutubo, at iba pa. Tandaan na ang mga risk na nakalista ay indikasyon lamang. Ang aktwal na mga risk ay susuriin nang mabuti at isa-isang i-evaluate sa bawat investment bago ito aprubahan.

2. Saklaw

Ang ESMS na ito ay sumasaklaw sa lahat ng private equity investments na kinokonsidera para sa review at approval ng Investment Committee (IC) ng NDF.

3. Layunin

Itinatag ang ESMS para masigurong tuloy-tuloy at kumpleto ang pagsama ng environmental at social (E&S) considerations sa buong investment process, alinsunod sa NDF Responsible Investment Policy.

Layunin din ng sistemang ito na bigyan ang mga empleyado ng Navis ng malinaw na pag-unawa at gabay kung paano isinasama ang E&S considerations sa araw-araw na proseso ng investment.

Ipinapaliwanag ng ESMS ang kabuuang sistema, mula sa kung paano ito dinisenyo, anu-anong kaugnay na dokumento ang kailangan, ano ang mga inaasahan batay sa performance standards pati na ang mga procedures at requirements. Nakasaad din dito kung paano mino-monitor at pinapanatili ang maayos na pagpapatupad ng ESMS. Ang manual na ito ay ia-update paminsan-minsan habang lalo pang pinapahusay ang ESG practices.

4. Environmental at Social Management Framework

4.1 Environmental at Social Policy

Tinukoy, itinatag, at naidokumento ng Navis ang aming mga commitment sa pag-manage ng environmental at social (E&S) risks at sa pag-identify ng mga oportunidad para sa value creation sa aming mga investments. Nakasaad ito sa NDF Responsible Investment Policy.

Policy Review

Ang NDF Responsible Investment Policy ay regular na nire-review ng Navis ESG Committee, at sa anumang kaso, hindi bababa sa isang beses kada taon, para masigurong nananatili itong relevant at akma sa kasalukuyang sitwasyon.

Communication of Policy

Ang NDF Responsible Investment Policy ay ipinapaalam sa lahat ng empleyado ng Navis sa pamamagitan ng induction at refresher training. Bukod dito, naka-post din ang Policy sa Navis website at ibinibigay sa mga investor kapag hinihingi nila ito.

4.2 Navis ESG Business Principles

Inaatasan ng Navis ang bawat portfolio company nito na patakbuhan ang kanilang negosyo alinsunod sa Navis ESG Business Principles, at taun-taon ay kailangang kumpirmahin ng mga ito na sumusunod sila sa mga prinsipyong ito. Ang ESG Business Principles ay makikita sa **Appendix C**.

4.3 Mga Applicable na E&S Standards at Legal Requirements

Ang mga standards na ipapatupad ng Navis at inaasahang susundin ng mga portfolio companies ay kinabibilangan ng: mga lokal na batas at regulasyon; mga policies ng Green Climate Fund (GCF) tulad ng [GCF Revised Environmental and Social Policy](#), at GCF Indigenous Peoples Policy, International Finance Corporation (IFC) [Performance Standards](#) at kung naaangkop, the [IFC Industry Sector Guidelines](#); [World](#)

[Bank Group Environmental, Health and Safety \(EHS\) Guidelines](#); at [International Labour Organisation \(ILO\) Declaration on Fundamental Principles and Rights at Work](#), kung alin man ang mas mahigpit.

Kung may pagkakaiba sa pagitan ng pambansang batas at ng mga requirements ng ESMS na ito, ang portfolio company at/o project ay kailangang sumunod sa mga requirements ng ESMS. Bilang bahagi ng due diligence, magsasagawa ng assessment para matukoy ang anumang gaps sa pagitan ng lokal at pambansang batas at ng mga requirements ng ESMS (ayon sa mga nabanggit na standards). Maghahanda rin ng mga mitigating actions para ma-address ang mga gaps at masigurong compliant sa ESMS.

Sa ilang sitwasyon—depende sa industry sector, sa level ng maturity ng E&S management system ng portfolio company, at sa commitment ng senior management—maaaring magrekomenda ang Navis na mag-adopt ang portfolio company ng iba pang industry best practice standards para mas mapahusay pa ang kanilang E&S performance.

5. Mga Operational Arrangements ng Environmental at Social Management System

5.1 Mga Resources

May dedicated in-house team ang Navis na sumusuporta sa pagsama ng ESG sa investment process. Binubuo ito ng mga sumusunod:

- Portfolio Operations Senior Director – Sustainability
- Portfolio Operations Director – Control and Compliance
- Portfolio Operations Director – Human Capital
- Portfolio Operations Senior Manager – Environmental Health and Safety
- Advisor – Risk and Governance

Makikita ang detalye ng ESG Team sa **Appendix D**.

Paminsan-minsan, kumukuha rin kami ng karagdagang resources para tulungan ang ESG team sa pagpapatupad ng mga ESG projects at programs.

Kung kinakailangan ng mas malalim na assessment o specialized expertise/research, kumukuha ang team ng external advisors na may tamang subject matter expertise. Maaaring kabilang dito ang mga accounting firms, international at local legal counsel, pati na rin mga environmental at social consultants. Kasabay nito, ang investment team ay nagko-coordinate ng background checks sa mga key stakeholders, na isinasagawa ng mga external specialist consultancies.

Sasagutin ng Navis ang gastos sa pagpapatupad ng ESMS sa level ng Fund. Samantala, ang bawat portfolio company ang sasagot sa gastos para masigurong ang kanilang operations ay sumusunod sa mga nakasaad na requirements sa ESMS na ito. May iba pang resources sa loob ng Navis na maaari ring tumulong sa integration ng ESG sa investment process, na nakasaad sa **Section 5.2**.

5.2 Mga Tungkulin at Responsibilidad

Ang mga tungkulin at responsibilidad kaugnay ng pagsama ng environmental at social (E&S) considerations sa investment process ay ang mga sumusunod:

Responsibilidad	Deskripsyon
Investment Committee	Pagtiyak na maayos at epektibong naipapatupad ang Responsible Investment Policy, kabilang ang tamang pagpapabatid nito sa lahat ng empleyado.
Investment Team	<ul style="list-style-type: none"> Lahat ng investment professionals ay may responsibilidad na tiyaking naisasama ang ESG considerations sa buong investment period, alinsunod sa Policy. Pagtiyak na naipapatupad ang mga ESG requirements ng Navis sa bawat portfolio company. Pagreview ng ESG performance sa buwanang Executive Committee meetings, kabilang ang pagpapatupad ng ESG action plans at/o mga kaugnay na aksyon sa 90-day plans, pagsusuri ng ESG performance, pagrepaso sa mga monitoring reports, at pagtalakay sa mga bagong developments at/o ESG risks o opportunities na may epekto sa performance ng kumpanya.
ESG Team	<ul style="list-style-type: none"> Ang ESG team ang responsable sa pangunguna at pagmo-monitor ng pagpapatupad ng Policy na ito. Ang ESG team ay magbibigay ng regular at tuloy-tuloy na technical at operational support para maipatupad ang mga ESG requirements ng Navis at ang mga partikular na value creation initiatives. Pagsasagawa ng ESG due diligence kung kailan kinakailangan. Pagmo-monitor ng ESG performance ng mga portfolio companies, kabilang ang pagdalo sa buwanang Executive Committee meetings, pagreview ng ESG action plans at/o mga kaugnay na aksyon sa 90-day plans, pagrepaso sa mga monitoring reports, at pagtalakay sa mga bagong developments at/o ESG risks o opportunities na may epekto sa performance ng kumpanya. Imo-monitor ng ESG team ang mga ESG action plans sa pamamagitan ng isang online platform na maaaring ma-access ng portfolio company at investment teams. Titiyakin ng ESG team na ang mga investments ay sumusunod sa mga requirements na nakasaad sa mga prinsipyo ng Navis para sa mga investment na ito. Magsasagawa ng physical site monitoring sa mga piling portfolio companies nang hindi bababa sa isang beses kada taon. Pamamahala ng ESG disclosure reporting. Pagreview ng mga in-house tools at processes, kabilang ang Management System na may kaugnayan sa ESG, at pagbibigay ng updates tungkol sa mga trends at best practice standards. Pagsasagawa ng training para sa mga empleyado ng Navis at mga portfolio companies kung kailan kinakailangan. Paghahanda at pagpresenta ng ESG performance reports sa Investment Committee (IC) kung kailan kinakailangan. Pagkolekta ng data para sa mga piling ESG indicators.
Navis ESG Committee	<ul style="list-style-type: none"> I-review ang ESMS para masigurong nananatili itong angkop, sapat, at epektibo. I-review ang mga bagong developments sa ESG at aprubahan ang mga ESG policies at procedures ng Navis.
Employees	Pagdalo sa mga training courses kapag ito ay isinasagawa.
External Experts	Malinaw na tukuyin ang scope at objective ng trabaho para sa bawat proyekto.
Portfolio Company	<ul style="list-style-type: none"> Sumunod at tumalima sa NDF ESMS at magtatag ng sarili nilang ESMS (kabilang ang mga policies at procedures na may kinalaman sa Indigenous Peoples, Land Acquisition and Resettlement, Chance Find, at Stakeholder Engagement). Maaaring mag-refer sa <i>ESGMS-NDF-PC-001 NDF ESMS Manual Template for Portfolio Companies (Appendix E)</i> bilang gabay sa pagbuo ng kanilang ESMS. Ang template na ito ay dapat i-customize batay sa level ng E&S risks ng portfolio company at/o project.

Responsibilidad	Deskripsyon
	<ul style="list-style-type: none"> Isagawa at ipatupad ang mga action items na nakasaad sa ESAP.
Green Climate Fund (GCF)	I-monitor ang pagpapatupad ng ESMS alinsunod sa mga E&S requirements ng GCF.

6. Environmental at Social Integration sa Investment Process

6.1 Pre-investment Procedure

Nagsisimula ang integration process sa Pre-investment stage, kung saan isinasagawa ang E&S screening at categorization, pati na rin ang due diligence. Para sa mga follow-on investments, susuriin muna kung kinakailangan pa ang due diligence.

6.1.1 Environmental at Social Screening at Categorization

Ang proseso para sa E&S screening at categorization ay nakasaad sa ESGMS-NDF-PRO-002 *NDF Environmental and Social Screening and Categorization Policy and Procedure* (**Appendix F**).

6.1.2 Environmental at Social Due Diligence

Layunin

Ang layunin ng E&S due diligence ay tukuyin ang mga isyung maaaring makaapekto—positibo man o negatibo—sa value ng investment (mula entry hanggang exit). Dinisenyo ang prosesong ito para magkaroon ng malinaw na pag-unawa sa mga E&S risks at sa mga oportunidad para sa value creation. Kung may matukoy na risks, aalamin ang level ng risk, iprioritise kung alin ang dapat agad tugunan, at magrekomenda ng mga aksyon para mabawasan o ma-mitigate ang mga posibleng epekto.

Methodology

Ang detalyadong scope ng E&S due diligence ay karaniwang naka-base sa mga findings mula sa screening. Ang risk category na itatalaga sa bawat potensyal na Target investment ang magtatakda kung gaano kalalim at kalawak ang due diligence, at kung paano ito isasagawa. Alinsunod sa mga prinsipyong nakasaad sa ESGMS-NDF-PRO-002 *NDF Environmental and Social Screening and Categorization Policy and Procedure*, may kanya-kanyang procedures na sinusunod para sa bawat risk category. Kasama rin sa due diligence ang masusing pagsusuri ng mga gaps sa pagitan ng lokal at pambansang regulasyon at ng mga applicable E&S standards na binanggit sa **Section 4.3**. Hindi mag-iinvest ang Fund na ito sa mga proyektong kabilang sa Category A.

Category A Rating

Kung ang isang potensyal na Target investment ay na-screen at na-rate bilang Category A, hindi ito ikokonsidera para sa investment.

Category B

Kung ang Target ay na-screen at na-rate bilang Category B investment, magsasagawa ng due diligence ang Navis ESG team o kaya ay external E&S consultants na pipiliin at kukunin ng Navis, na may patnubay mula sa Navis ESG team.

Depende sa uri at tindi ng E&S risks, maaaring magsagawa ng Limited Environmental and Social Impact Assessment (ESIA) alinsunod sa IFC Performance Standards framework, o iba pang assessment na naka-base sa parehong framework at tumutukoy sa environmental at/o social risks, mga oportunidad, at mga inirerekomendang mitigation measures. Kung ang Target ay nakapaghanda na ng ESIA o katulad na

report, magsasagawa ng gap analysis laban sa adopted Performance Standards ng Navis, at kung kinakailangan, maghahanda ng supplementary ESIA o katulad na report.

Kasama sa E&S due diligence ang desktop assessment ng lahat ng available na impormasyon (magpapasa muna ng Request for Information sa Target bago simulan ang assessment), interview(s) sa senior management ng Target, at kung naaangkop, isang site visit. Isinasagawa ang mga interview kasama ang mga miyembro ng senior management para masuri ang commitment ng kumpanya, ang human capital resources na naka-assign sa E&S (capacity at competency), ang resources para sa pag-manage ng risks (capital plans at budgets), at ang kanilang track record. Ang site visit naman ay para makita ang aktwal na operasyon (“operations in action”), ma-inspect ang kondisyon ng infrastructure at controls, makausap ang ibang empleyado, maunawaan ang sitwasyon ng mga nakapaligid na komunidad, at iba pang kaugnay na aspeto. Ang pangangailangan para sa physical site visit ay ibabatay sa uri ng kumpanya/industriya at sa lokasyon nito.

Kung consultant ang magsasagawa ng due diligence, susundin pa rin ang prosesong inilarawan sa itaas, ngunit may mga sumusunod na pagkakaiba:

- Gagamit ang consultant ng sarili nilang assessment tool na naka-align sa IFC Performance Standards framework; at
- Makikilahok pa rin ang Navis ESG team sa mga interview o site visits na kasama ang senior management ng Target, para masuri ang commitment ng kumpanya, ang human capital resources para sa E&S (capacity at competency), ang resources para sa pag-manage ng risks (capital plans at budgets), at ang track record.

Pagkatapos makumpleto ang due diligence, tatalakayin ang mga material findings, kinakailangang aksyon, at mga potensyal na oportunidad kasama ang Partner-in-charge at investment team, at pagkatapos ay sa senior management ng Target. Susunod dito, ire-refine kung kinakailangan ang Environmental and Social Action Plan (ESAP) at ito ay pag-uusapan at pagkakasunduan kasama ang Target.

Category C

Kung ang Target ay na-screen at na-rate bilang Category C investment, ang due diligence ay isasagawa ng Navis ESG team.

Isasagawa ang E&S due diligence gamit ang E&S Due Diligence Questionnaire at magsasama ito ng desktop assessment ng lahat ng available na impormasyon (magpapasa muna ng Request for Information sa Target bago simulan ang assessment). Maaari ring magsagawa ng interview(s) sa senior management ng Target kung hindi sapat ang available na impormasyon para masuri ang commitment ng kumpanya, ang human capital resources na naka-assign sa E&S (capacity at competency), ang E&S resources para sa pag-manage ng risks (capital plans at budgets), at ang track record nito. Karaniwan, hindi na kinakailangan ang site visits para sa ganitong kategoriya.

Pagkatapos makumpleto ang due diligence, tatalakayin ang mga material findings, kinakailangang aksyon, at mga potensyal na oportunidad kasama ang Partner-in-charge at investment team, at pagkatapos ay sa senior management ng Target. Pagkatapos nito, ire-refine kung kinakailangan ang ESAP at ito ay pag-uusapan at pagkakasunduan kasama ang Target.

Category FI Rating

Kung ang isang potensyal na Target investment ay isang financial institution (FI) o may business activities na gumagamit ng delivery mechanisms na may kasamang financial intermediation, susuriin ng Navis ang kabuuang kakayahan ng FI na i-manage ang E&S risks ng kanilang portfolio.

Ang mga sumusunod na kategorya at due diligence requirements ang ipatutupad:

Category	Saklaw at minimum na mga kinakailangan
FI-1	<ul style="list-style-type: none">• Kung ang isang potensyal na Target investment ay ma-screen at na-rate bilang Category FI-1, hindi ito ikokonsidera para sa investment.
FI-2	<ul style="list-style-type: none">• Ang due diligence ay isasagawa ng Navis ESG Team.• Kailangang may sariling ESMS ang FI na nakaayon sa international standards, aktwal na naipapatupad, at patuloy na pinapabuti.• Dapat maglaan ng sapat at angkop na resources para sa pagpapatupad ng ESMS.• Magtalaga ng malinaw na E&S responsibilities sa isang competent at fully dedicated na E&S specialist.• Kung may mga transaksyon sa portfolio ng FI na sakop ng IFC Performance Standards, dapat sumunod ang mga ito sa IFC Performance Standards.• Dapat sumunod sa Exclusion List ng Navis.
FI-3	<ul style="list-style-type: none">• Ang due diligence ay isasagawa ng Navis ESG Team.• Kailangang may sariling ESMS ang FI na nakaayon sa international standards, aktwal na naipapatupad, at patuloy na pinapabuti.• Dapat maglaan ng sapat at angkop na resources para sa pagpapatupad ng ESMS.• Kung may mga transaksyon sa portfolio ng FI na sakop ng IFC Performance Standards, dapat sumunod ang mga ito sa IFC Performance Standards.• Dapat sumunod sa Exclusion List ng Navis.

Mga Output/Impacts:

Ang mga sumusunod na dokumento ay ihahanda:

- E&S Due Diligence Report – nakasaad dito ang scope ng due diligence; buod ng operations ng kumpanya; kumpirmasyon ng itinalagang E&S risk category; mga material E&S risks at mga oportunidad para sa value creation; assessment ng commitment ng kumpanya, human capital resources na naka-assign sa E&S (capacity at competency), E&S resources para sa pag-manage ng risks (capital plans at budgets), at track record; pati na rin ang mga mitigation measures. Ang mga mitigation measures ay ilalagay din sa 90-day plan at/o ESAP. Kung external consultants ang nagsagawa ng due diligence, maaaring katumbas na report ang ipasa.
- E&S Due Diligence IC Summary – buod ito ng mga material E&S risks at mitigation measures; assessment ng commitment ng kumpanya, human capital resources na naka-assign sa E&S (capacity at competency), E&S resources para sa pag-manage ng risks (capital plans at budgets), at track record; 90-day plan at/o ESAP; at mga iminumungkahing ESG key performance indicators (KPIs) batay sa ESGMS-NDF-POL-006 *NDF Guidelines for Climate Finance and Social Impact and ESG KPI Qualification (Appendix G)*.

Lahat ng dokumento ay dapat itago at i-maintain sa nakatalagang folder sa Navis Drive.

Makikita sa **Appendix H** ang karaniwang outline ng isang Limited ESIA, at sa **Appendix I** naman ang tipikal na outline ng isang ESDD report. May halimbawa rin ng ESAP template na makikita sa **Appendix J**.

Depende sa partikular na E&S risks na matukoy para sa portfolio company at/o project, maaaring kailangang i-refer ang mga sumusunod na kaugnay na policies:

- ESGMS-NDF-POL-007 NDF Indigenous Peoples Policy Framework (**Appendix K**)
- ESGMS-NDF-POL-009 NDF Land Acquisition and Resettlement Framework (**Appendix L**)

Mayroon ding Chance Find Procedure template sa **Appendix M**, na maaaring gamitin kung ito ay matukoy na posibleng risk para sa portfolio company at/o project.

6.1.3 Investment Agreement

Kung aprubahan ng Investment Committee (IC) ang pag-usad ng investment, sisiguraduhin ng Navis na may sapat at angkop na ESG warranties, covenants, at/o undertakings na nakasaad sa mga legal agreements kaugnay ng investment. Maaaring kabilang dito, ngunit hindi limitado sa, ang mga sumusunod:

- Pagsunod sa ESG Action Plan, alinman sa loob ng 90-day plan at/o hiwalay na napagkasunduan. Nakasaad ito sa Request to Close documentation, na siyang “final” na dokumentong ipinapasa sa IC para makapagdesisyon tungkol sa Target;
- Pagsunod sa Navis Exclusion List;
- Mga warranties at/o undertakings kaugnay ng pagsunod sa mga applicable ESG laws; at
- Pagsunod sa Navis ESG Business Principles, kabilang ang mga policies laban sa bribery at corruption (ABC), anti-money laundering (AML), at whistleblowing.

Titiyakin ng Navis na ang bawat portfolio company ay sumusunod sa ESG Action Plan, Navis ESG Business Principles, at iba pang kaugnay na requirements. Kung sakaling hindi makasunod ang isang portfolio company, makikipagtulungan ang Navis dito para maibalik ito sa compliance, basta’t (i) kayang itama o i-remedy ang non-compliance, (ii) patuloy at seryoso ang portfolio company sa pag-aayos nito, at (iii) walang material adverse effects sa Navis o sa alinman sa mga investors nito. Kung hindi ito matugunan, maaaring (i) ipatupad at i-enforce ng Navis ang mga available na remedies na sa tingin nito ay naaangkop batay sa sitwasyon, para masigurong may compliance; o (ii) gumawa ng lahat ng makatwirang hakbang para mag-exit sa portfolio company o tapusin ang financing nito alinsunod sa fiduciary obligation ng Navis sa Fund at sa mga investors nito, at isinasaalang-alang ang market conditions at iba pang commercial considerations.

6.2 Investment Procedure

Para ma-manage ang ESG risks at mga oportunidad para sa value creation sa aming mga portfolio companies pagkatapos ng investment, isasagawa ng Navis ang mga sumusunod:

What	Who	When
Orientation: Magsasagawa ang Navis ESG team ng induction session kasama ang senior management ng kumpanya at iba pang department heads (kung naaangkop) para ipaliwanag ang mga E&S requirements ng Navis na kailangang ipatupad; balikan ang mga findings ng E&S due diligence at ang ESAP; at tukuyin ang monitoring process at mga KPIs na gagamitin.	Navis	Sa loob ng 90 araw pagkatapos ng investment.
Establish: Kabilang sa mga E&S requirements ng Navis na kailangang maitatag ang mga sumusunod: grievance policies at procedures (kabilang ang may kinalaman sa gender-based violence at sexual abuse and	Portfolio Company	Sa loob ng 90 araw pagkatapos ng Orientation o sa loob ng

<p>harassment); pagbuo ng ESG Committee; Navis Serious ESG Incident Reporting; Annual ESG Monitoring; at Code of Conduct na nakapaloob ang Navis ESG Business Principles. Makikita ang gabay para sa mga ito sa <i>Navis Portfolio Governance Pack PortCo</i> Template.</p>		<p>mapagkasunduang oras kasama ang Navis.</p>
<p>Monitor, Engage, and Support:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Magbibigay ang Navis ESG team ng regular at tuloy-tuloy na technical at operational support para maipatupad ang mga ESG requirements ng Navis at ang mga partikular na value creation initiatives. Kung kinakailangan, kukuha ng specialist consultants. • Ire-review ang E&S performance sa buwanang Executive Committee meetings na ginaganap sa pagitan ng Navis investment team at senior management ng kumpanya. Kabilang dito ang pagpapatupad ng mga ESAP at/o mga kaugnay na aksyon sa 90-day plans, pagsusuri ng E&S performance, pagreview ng mga monitoring reports, at pagtalakay sa mga bagong developments at/o E&S risks o opportunities na may epekto sa performance ng kumpanya. • Imo-monitor ng Navis ESG team ang mga ESAP sa pamamagitan ng isang online platform na maaaring ma-access ng portfolio company at Navis investment teams. Regular na magre-report ang Navis ESG sa IC tungkol sa status nito. • Titiyakin ng Navis ESG team na ang mga investments ay sumusunod sa mga requirements na nakasaad sa mga prinsipyo ng Navis. • Magsasagawa ng physical site monitoring nang hindi bababa sa isang beses kada taon ang Navis ESG team at/o isang external E&S consultant na pipiliin ng Navis para sa mga kumpanyang may Category B rating. Para sa Category C at sa mga kumpanyang may High, Medium, at Low risk rating, ang physical site monitoring ay isasagawa ng Navis ESG team kung kailan kinakailangan. 	<p>Portfolio Company Investment Team Navis ESG Team External consultants</p>	<p>Buwan-buwan, quarterly, taun-taon at/o sa loob ng mapagkasunduang oras kasama ang Navis.</p>
<p>Audit and Assurance:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Magsagawa ng ESG audits, alinman sa pamamagitan ng Navis ESG team at/o external consultants. Layunin nito na masigurong ang bawat portfolio company (na hawak ng Navis) ay naa-audit nang hindi bababa sa isang beses kada tatlong taon. Maaari ring magsagawa ng karagdagang audits kung kinakailangan at ayon sa itatakda ng Navis ESG. • Tiyakin na taunang pumipirma ang senior management team ng portfolio company sa Declaration of Compliance, bilang kumpirmasyon na sumusunod sila sa Code of Conduct at sa Navis ESG Business Principles. 	<p>Senior management ng portfolio company Investment Team Navis ESG Team External consultants</p>	<p>Taun-taon.</p>
<p>Serious ESG Incidents:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Tiyakin na ang mga portfolio companies ay nagre-report ng mga Serious ESG Incidents sa Navis alinsunod sa notification protocol na nakasaad sa 	<p>Senior management ng portfolio company Investment Team Navis ESG Team</p>	<p>Ang portfolio company ay kailangang mag-notify sa loob ng 24 oras mula nang malaman ang isang Serious ESG Incident, at magpasa ng</p>

<p><i>ESGMS-NDF-PRO-001 NDF Serious ESG Incident Reporting Procedure (Appendix N).</i></p> <ul style="list-style-type: none"> • Tutulungan ng Navis ESG team ang mga kumpanya at sisiguraduhin na naisagawa ang root cause analysis at may nakalagay na angkop na corrective actions. • Ibahagi ang mga natutunang aral (lessons learned) sa iba pang investments 	<p>External consultants</p>	<p>detalyadong investigation report sa loob ng 5 araw mula nang malaman ang nasabing insidente.</p>
---	-----------------------------	---

Maaaring magsagawa ng iba pang mga aktibidad kung kinakailangan tulad ng sa panahon ng acquisition activity, pagpapatupad ng mga bagong proyekto, at iba pa.

Lahat ng dokumento ay dapat itago at i-maintain sa nakatalagang folder sa Navis Drive.

6.3 Exit Readiness

Para masigurong kasama ang E&S considerations sa paghahanda para sa exit, magsasagawa ang Navis ng performance review para matukoy ang E&S readiness. Kasama rito ang pagsusuri sa anumang follow-on investments na naganap sa loob ng investment period.

Kung naaangkop, magsasagawa rin ang Navis ng mas detalyadong assessment ng E&S status sa pamamagitan ng vendor due diligence. Ang E&S vendor due diligence ay isinasagawa ng external E&S consultants, gamit ang scope at methodology na napagkasunduan ng Navis at ng external consultant.

Ang mga resulta ng E&S readiness review at vendor due diligence ay ibabahagi at tatalakayin kasama ang kaukulang partner-in-charge at investment team. Lahat ng dokumento ay dapat itago at i-maintain sa nakatalagang folder sa Navis Drive.

7. Gender-Based Violence / Sexual Exploitation, Abuse at Harassment

Kinikilala ng Navis na nananatiling laganap ang Gender-Based Violence (GBV) at Sexual Exploitation, Abuse and Harassment (SEAH) sa Southeast Asia. Ang mga risk na may kaugnayan sa GBV at SEAH ay nakasaad sa **Appendix A** bilang mga posibleng social risks sa mga bansa at industriya na maaaring pag-investan ng NDF. Isasama ang mga risk na ito sa Environmental and Social Due Diligence bilang bahagi ng assessment. Bukod dito, kinakailangang mag-develop ang mga portfolio companies ng mga policy at procedures para matugunan at mabawasan ang mga risk na may kaugnayan sa GBV at SEAH. Nakasaad sa **Appendix O** ang estratehiya ng NDF sa pag-address ng GBV at SEAH.

8. Stakeholder Engagement

Kinikilala ng Navis ang kahalagahan ng bukas at transparent na pakikipag-ugnayan sa pagitan ng kliyente, mga manggagawa, at mga lokal na komunidad na direktang naapektuhan ng portfolio company at ng mga proyekto nito. Ito ay isang mahalagang bahagi ng good international practice at nakatutulong din para mapabuti ang environmental at social sustainability ng mga proyektong ito.

Ang mga portfolio companies at/o project na maaaring magkaroon ng makabuluhang environmental at social impacts—lalo na sa kapaligiran, mga manggagawa, o mga lokal na komunidad na direktang apektado—ay kailangang tukuyin at makipag-ugnayan sa kanilang mga stakeholders. Dapat isagawa ang stakeholder engagement sa paraang nagbibigay sa mga lokal na komunidad ng napapanahon, relevant, madaling maintindihan, at accessible na impormasyon. Ito ay dapat gawin sa paraang culturally appropriate at walang anumang manipulasyon, panghihimasok, pamimilit, o pananakot.

Makikita ang karagdagang impormasyon tungkol sa stakeholder engagement sa **Appendix P**.

9. Grievance Mechanism

Bukas ang Navis sa feedback mula sa aming mga stakeholders dahil nakatutulong ito para maresolba ang mga isyu o hindi pagkakaunawaan, mapalakas ang tiwala at kumpiyansa ng stakeholders, at matukoy ang mga aspeto na kailangan pang pagbutihin sa kasalukuyan at sa mga susunod na operasyon.

Para rito, nagpatupad ang Navis ng grievance procedure na nagbibigay ng karapatan na marinig ang panig ng iba't ibang stakeholders na maaaring maapektuhan ng Navis at ng mga investments nito. Tinitiyak ng prosesong ito na ang paghawak sa mga reklamo ay patas, epektibo, ligtas, kumpidensyal, at accessible sa lahat ng external stakeholders nang walang anumang diskriminasyon. Tinitiyak din na ang mga reklamo ay inaakusahan sa lalong madaling panahon hangga't makatuwiran, habang sinusunod ang isang patas at walang kinikilingang proseso.

Maaaring magpasa ng reklamo sa Navis sa iba't ibang paraan, kabilang ang email, teleopno, at sa anonymous online reporting system na 'Speak Up' sa <https://naviscapital.ethicspoint.com/>.

Tulad ng Navis, inaasahan din na ang mga portfolio companies ay magtatag ng sarili nilang grievance mechanisms, kabilang ang anonymous reporting channel, para makakalap ng feedback mula sa kanilang mga empleyado at external stakeholders.

Ang Independent Redress Mechanism (IRM) ng GCF ay tumatanggap ng mga reklamo mula sa mga taong negatibong naapektuhan ng mga proyekto o programang pinondohan ng GCF, tulad ng Navis Decarbonisation Fund (NDF). Maaaring maghain ng reklamo sa GCF IRM sa: <https://irm.greenclimate.fund/case-register/file-complaint>. Bukas ang link na ito sa sinumang nais maghain ng grievance o reklamo laban sa anumang portfolio company o project sa ilalim ng NDF. Mayroon ding GCF Indigenous Peoples (IP) Specialist na maaaring tumugon sa mga isyung may kinalaman sa mga katutubo.

Nakasaad sa *ESGMS-NDF-POL-008 NDF Grievance Mechanism Policy (Appendix Q)* ang mga requirements ng NDF kaugnay ng grievance mechanism na dapat sundin ng mga portfolio companies.

10. Training

Magbibigay ang Navis ng impormasyon at magsasagawa ng training kung kailan kinakailangan para masigurong nauunawaan ng mga empleyado ang halaga ng ESG, pati na ang mga ESG policies, proseso, at tools ng Navis. Layunin din nito na maibahagi ang mga best practices sa loob ng organisasyon.

Ang Navis ESG team ay sasailalim din sa mga kaugnay na training o professional development para mapanatili at mapahusay ang kanilang skills at competencies. Kung may karagdagang training na hinihingi ang mga investors, ito ay isasagawa kung kinakailangan ng mga kaukulang miyembro ng ESG team.

Magbibigay din ang Navis ng impormasyon at training sa mga portfolio companies kung kailan kinakailangan, upang matiyak na nauunawaan nila ang kahalagahan ng ESG, ang mga ESG requirements at commitments ng Navis, at ang mga best practices. Sa minimum, magsasagawa ang Navis ESG Team ng ESG Induction para sa senior management ng portfolio company at magkakaroon ng hiwalay na session kasama ang ESG point person para i-walkthrough ang mga items sa ESAP.

Magkakaroon ng training needs analysis at training plan para sa lahat ng empleyado ng Navis at sa mga portfolio companies, at ito ay susuriin paminsan-minsan.

Lahat ng training ay dapat ma-dokumento sa individual employee training records at maitala rin para sa mga portfolio companies.

Maaaring samantalain ng mga portfolio companies ang GCF-funded technical support para magsagawa ng baseline assessments, palakasin ang data collection at monitoring systems, at mag-develop ng internal policies na naka-align sa environmental at social safeguards ng GCF. Maaari ring magbigay ang GCF ng hands-on support sa pamamagitan ng on-site advisory missions, peer learning networks, at south-south knowledge exchanges. Ang mga inisyatibong ito ay hindi lamang nakatutulong para masigurong compliant sa ESMS requirements, kundi nagpo-promote din ng tuloy-tuloy na pagkatuto at adaptive management practices na nagpapalakas ng pangmatagalang sustainability at resilience ng mga investments na sinusuportahan ng GCF. Susuriin ng NDF ang iba't ibang capacity building at technical assistance activities na available.

11. Disclosure at Reporting

Nagsisikap kami na maging transparent sa paraan ng pagsama ng ESG sa aming investment process. Inaasahan din ng Navis na ang aming mga portfolio companies ay mag-uulat ng kanilang ESG performance batay sa mga material na ESG considerations. Kaugnay nito, isasagawa ng Navis ang mga sumusunod:

- Ire-report sa aming mga investors ang mga material incidents at events na nangyari sa mga portfolio companies, kung kinakailangan, sa loob ng tatlong (3) araw mula nang malaman ang insidente.
- Sisiguraduhin na ang mga portfolio companies ay magpapasa ng ESG report alinsunod sa ESG Data Convergence Initiative (EDCI) framework, at ang mga ulat na ito ay ibibigay taun-taon sa mga piling investors bilang bahagi ng side letter arrangement. Maaaring mag-iba ang format ng report—maaaring written public report o direktang report sa investors.
- Kung naaangkop, titiyakin na ang mga portfolio companies ay magpapasa ng ESG report gamit ang reporting standard na ibinigay ng investor(s), kung kailan ito hinihingi.
- Magre-report taun-taon sa UNPRI tungkol sa aming responsible investment activities, gamit ang PRI reporting protocol.

Sa mga kaso ng portfolio company at/o project na may ESIA at Environmental and Social Management Plan (ESMP) requirements, ang mga ito ay ilalabas o idi-disclose nang hindi bababa sa 30 araw bago ang approval decision. Ang karagdagang safeguard reports ay magiging available sa English at sa lokal na wika. Ang mga ulat na ito ay ibibigay sa GCF sa pamamagitan ng electronic links at ilalagay din sa mga lugar na madaling ma-access ng mga apektadong komunidad.

12. Management at Organization

Inaasahan ng Navis na ang management teams at ang Executive Committees ng mga portfolio companies ay aktibong nagmo-monitor ng ESG performance ng kanilang mga kumpanya. Ang pinakaresponsibilidad sa pagtiyak na naipapatupad at nasusunod ang mga ESG initiatives ay nasa Executive Committee ng bawat portfolio company.

Magtatatag ang Navis ng isang ESG Committee na binubuo ng mga miyembro ng Investment Committee (IC), Investor Relations, at mga senior members ng Legal at ESG in-house teams. Layunin ng Committee na i-review ang mga ESG developments at tiyaking maayos itong natutugunan ng mga investment professionals at iba pang kaugnay na empleyado. Sila rin ang magre-review at mag-a-assess ng pagiging epektibo ng mga ESG policies at procedures ng Navis. Ang Committee ay magpupulong alinsunod sa nakatakdang Terms of Reference.

13. Monitoring at Evaluation

Ang mga monitoring activities para sa bawat portfolio company at/o project ay ibinabatay sa mga environmental at social risks at impacts na natukoy sa unang E&S assessments at due diligence. Maaari rin nitong isaalang-alang ang anumang mahahalagang concerns ng stakeholders at, kung naaangkop, magsama ng review o audit. Bilang minimum requirement, nire-review ng NDF ang mga E&S reports na ipinapasa ng mga portfolio companies, kabilang ang mga update tungkol sa ESAP. Maaari ring magsagawa ang Navis ng site visits kung kinakailangan, upang suriin ang pagpapatupad ng ESMS na ito at ang iba pang site-specific E&S requirements ng mga portfolio companies.

14. Management Review

Regular na nire-review ng Navis ESG Committee ang ESMS, at hindi bababa sa isang beses kada taon, upang matiyak na nananatili itong angkop, sapat, at epektibo.

Aabisuhan ang mga limited partners ng Navis tungkol sa anumang material changes sa ESMS na ito, at hihingi ng pahintulot mula sa limited partners advisory committee (LPAC) bago ito tuluyang i-finalize.

15. References

GCF Revised Environmental and Social Policy

[GCF Indigenous Peoples Policy](#)

[GCF Operational Guidelines: Indigenous Peoples Policy](#)

[IFC Performance Standards \(2012\)](#)

NDF Responsible Investment Policy

NDF Land Acquisition and Resettlement Framework

NDF Indigenous Peoples Policy Framework

NDF Grievance Mechanism Policy

BII ESG Toolkit (<https://toolkit.bii.co.uk/>)

Appendices

Appendix A – NDF Responsible Investment Policy

Appendix B – Mga Posibleng Environmental at Social Risks ng mga Kinatawang Industry Sectors

Appendix C – Navis ESG Business Principles

Appendix D – ESG Team Details

Appendix E – NDF ESMS Manual Template para sa mga Portfolio Companies

Appendix F – NDF Environmental at Social Screening and Categorization Policy and Procedure (*Polisiya at Pamamaraan sa Pag-screen at Pagkategoryang Pangkalikasan at Panlipunan*)

Appendix G – NDF Guidelines para sa Climate Finance at Social Impact at ESG KPI Qualification (*Mga Gabay para sa Kwalipikasyon ng Climate Finance*)

Appendix H – Limited ESIA Template

Appendix I – Environmental at Social Due Diligence Template

Appendix J – Environmental at Social Action Plan (ESAP) Template

Appendix K – NDF Indigenous Peoples Policy Framework (*Balangkas ng Polisiya para sa mga Katutubo*)

Appendix L – NDF Land Acquisition and Resettlement Framework (Balangkas para sa Pagkuha ng Lupa at Resettlement)

Appendix M – Chance Find Procedure Template

Appendix N – NDF Serious ESG Incident Reporting Procedure (*Pag-uulat ng Malulubhang Insidente ng ESG*)

Appendix O – Gender-Based Violence and Sexual Exploitation, Abuse and Harassment Approach (*Approach sa Gender-Based Violence at Sexual Exploitation, Abuse at Harassment*)

Appendix P – Stakeholder Engagement Framework

Appendix Q – NDF Grievance Mechanism Policy (*Mekanismo para sa mga Reklamo at Hinaing*)

Appendix R – NDF Climate Risk and Opportunities Policy (*NDF Polisiya sa Climate Risks at mga Oportunidad*)



Appendix S – NDF Responsible Supply Chain Policy (Labor) (*NDF Polisiya para sa Responsableng Supply Chain (Labor)*)

Appendix A NDF Responsible Investment Policy



**NAVIS DECARBONIZATION FUND
RESPONSIBLE
INVESTMENT POLICY
(Polisiya sa Responsableng
Pamumuhunan)**

Mayo 2025



1. Panimula

Nangangako ang Navis sa practice ng responsible investing at naniwalang malaking factor ito para mapaganda ang performance ng isang kumpanya sa pmamagitan ng sustainable growth, mas maayos na operations, at mas maayos na risk management. Dahil dito, inayos ng Navis ang approach nito sa environmental, social, at governance (ESG). Mula sa pagiging “special focus” lang dati, ginawa na itong core management capability para makapag-deliver ng sustainable business improvements sa mga investments.

Isinasama namin ang ESG sa buong investment process. Sa ganitong paraan, natutulungan namin ang mga investments namin na ma-manage ang kanilang environmental at social impacts at mapabuti ang corporate governance. Kasabay nito, nakakita rin kami ng mga oportunidad para makagawa ng dagdag na value, na nagpapataas ng overall value ng aming investments.

Ang Policy na ito ang pundasyon ng aming ESG Management System at nagsisilbing gabay sa aming mga internal processes at tools. Regular itong nire-review ng Navis at ina-update kung kinakailangan upang matiyak na nananatili itong relevant at epektibo.

2. Saklaw

Ang Policy na ito ay sumasaklaw sa lahat ng private equity investments na kinokonsidera para sa review at approval ng Investment Committee (IC) ng NDF.

3. Mga Tungkulin at Responsibilidad

Ang Navis Investment Committee (IC) ang responsable sa pagtiyak ng epektibong pagpapatupad at maayos na operasyon ng Policy na ito, kabilang ang pagpapatid nito sa lahat ng empleyado ng Navis. Ang lahat ng investment professionals ay may responsibilidad na tiyaking naisasama ang mga ESG considerations sa buong investment period alinsunod sa Policy na ito. Ang in-house ESG team naman ang nangunguna sa pagpapatupad at pagmo-monitor ng Policy na ito at ng ESG performance sa kabuuan ng investment period. Nagbibigay rin sila ng gabay at suporta sa mga investment professionals at portfolio companies, sa pakikipagtulungan sa Legal team.

4. Responsible Investment Principles

Matibay ang paniniwala ng Navis na ang pagsasama ng ESG considerations sa investment process ay isang mahalagang susi sa pagpapabuti ng performance ng isang kumpanya, pagpapalago nang sustainable, at maayos na pamamahala ng risk. Ang mga prinsipyong sinusunod ng Navis upang maisulong at makuha ang mga benepisyong ito, alinsunod sa saklaw na nakasaad sa **Section 2**, ay kinabibilangan ng mga sumusunod:

- **Kumuha ng majority control:** Layunin ng Navis na magkaroon ng controlling investments upang magkaroon ito ng impluwensya sa strategic, operational, at financial direction ng kumpanya.
- **Mag-invest sa (near) industry leaders:** Pinipili ng Navis ang mga kumpanyang may competitive advantage at mahusay na management, na nagpapatakbo sa mga ekonomiyang bukas sa foreign investment at nagpapahalaga sa pagbuo ng shareholder value.
00	P Gonzales	New PC template document	B Szegedi	M Octoman	-	10 Jul 2025

Portfolio Company HR Policy Manual Templates Version 1.0	Document ID:	ESGMS-NDF-PC -001
	Revision:	00
	Effective Date:	10 Jul 2025
	Page number:	2 of 16

Layunin at Paggamit ng Portfolio Company ESMS Manual Template

Inihanda ng Navis Capital Partners (Navis) ang dokumentong ito para suportahan ang ating mga Portfolio Companies sa pag-unawa sa mga requirements ng IFC Performance Standards, lalo na ang Performance Standard 1: *Assessment and Management of Environmental and Social Risks and Impacts*, at para maibahagi ang mas mahusay na practices sa inyong organisasyon.

Dinisenyo para ma-customize

Ang ESMS Manual template na ito ay puwedeng i-customize batay sa specific na pangangailangan ng inyong kumpanya. Ang Template na ito ay nagsisilbing framework lamang, pero mas magiging epektibo ito kung maglalaan ng oras para iakma ito sa aktwal na setup ng inyong organisasyon. Kasama sa Template ang mga sample procedures, blank forms, at checklists.

Ang Guidance Note sa dulo ng bawat subsection ay nagbibigay ng karagdagang paliwanag tungkol sa layunin ng bawat bahagi at sa mga impormasyong kailangang ibigay ng Portfolio Companies para makumpleto ang subsection. Dapat tanggalin ang mga Guidance Notes sa final na bersyon ng dokumento.

May ESMS Manual na ba?

Kung mayroon nang na-establish na ESMS at kaugnay na mga policies at procedures ang inyong kumpanya, maaaring gamitin ang Template na ito para magsagawa ng gap assessment at tukuyin kung may mga kailangan pang i-improve sa kasalukuyang dokumentasyon.

Iba pang Tips

- Para hindi lang matambak sa mesa ang ESMS Manual, gawin itong isang “living document.” Humingi ng feedback mula sa inyong staff kung paano ito mapapaganda, at i-review ito kada 6 hanggang 12 buwan.
- Gumamit ng simple at malinaw na mga pangungusap para maiwasan ang kalituhan ng mga empleyado tungkol sa layunin ng policy o kung paano isasagawa ang isang procedure.

Portfolio Company HR Policy Manual Templates Version 1.0	Document ID:	ESGMS-NDF-PC -001
	Revision:	00
	Effective Date:	10 Jul 2025
	Page number:	3 of 16

1. Panimula


Ang [Company Name] ay bumuo ng isang Environmental and Social Management System (ESMS) para magbigay ng structured at consistent na approach sa pag-manage ng environmental at social risks at impacts na kaugnay ng operasyon nito.

Sa kontekstong ito, ang “social” ay sumasaklaw sa labor at working conditions, kabilang ang occupational health and safety at community health, safety, at security.

Ang ESMS ay binubuo ng mga sumusunod na elemento:

- Mga pangunahing policy na gumagabay sa business practices para makamit ang maayos na environmental at social performance.
- Proseso para sa pagtukoy ng mga risks at impacts.
- Mga management program para kontrolin at i-mitigate ang mga natukoy na risks at impacts.
- Organizational capacity at competency, kabilang ang malinaw na roles, responsibilities, at authority para maipatupad ang management system.
- Monitoring at review para ma-track at mapabuti ang performance.

Ang ESMS ay naka-base sa Plan-Do-Check-Act Cycle gaya ng ipinapakita sa ibaba.



Source: IFC ESMS Implementation Handbook – General, November 2015

[Ilagay dito ang iba pang mahalagang impormasyon tungkol sa Kumpanya at sa ESMS na dapat isama sa Panimula.]

Guidance Note:

Ang Plan-Do-Check-Act (PDCA) Cycle ay isang framework na karaniwang sinusunod ng mga management systems. Nakabatay ito sa prinsipyo na ang lahat ay nagsisimula sa planning stage, sinusundan ng implementation at review, at nagtatapos sa pagbuo ng action plan para tugunan ang mga natukoy na isyu.

Plan – Sa yugtong ito, binubuo ang policy o direksyon ng organisasyon. Nagsasagawa ng risk assessment kasama ang pagtukoy ng mga naaangkop na legal requirements para malaman kung aling mga risks ang dapat pagtuunan ng mas malaking pansin. Matapos matukoy ang mga significant risks, gumagawa ng mga management plan para matugunan ang mga ito.

Portfolio Company HR Policy Manual Templates Version 1.0	Document ID: ESGMS-NDF-PC -001
	Revision: 00
	Effective Date: 10 Jul 2025
	Page number: 4 of 16

Do – Sa yugtong ito, tinitiyak na naipapatupad ang mga management plan at iba pang mga aksyon na ginawa para tugunan ang mga natukoy na risks.

Check – Ang yugtong ito ay nagsisilbing checkpoint para malaman kung nasaan na ang organisasyon sa pagpapatupad ng mga bagay na kanilang ipinangako. Kabilang dito ang pagsasagawa ng internal at external audits o inspections.

Act – Sa yugtong ito, bumubuo ng mga action plan para maitama ang mga isyung natukoy sa checking stage at maibalik sa tamang direksyon ang organisasyon, nang sa gayon ay makamit ang mga layunin na itinakda sa policy noong planning stage. Kabilang dito ang pagre-review ng management sa budget o pagtiyak na may sapat at angkop na resources na naka-allocate.

1.1. Applicability at Scope

Saklaw ng ESMS na ito ang mga operasyon ng [Company Name] na matatagpuan sa [ilagay ang kumpletong address].

Guidance Note:

Ilarawan ang uri ng operasyon at ang lokasyon o mga lokasyon na saklaw ng manual na ito.

Halimbawa:

Saklaw ng ESMS na ito ang manufacturing operations ng ABC Company sa F&B na matatagpuan sa 123 Tuas Avenue, Singapore.

o

Saklaw ng ESMS na ito ang lahat ng campus sa ilalim ng ABC Company, partikular ang:

- St. James International School sa 456 Orchard Road, Singapore
- St. Bernadette Secondary School sa 789 Upper Serangoon Road, Singapore
- Lee Kuan Yew Primary School sa 321 Ang Mo Kio Avenue 3, Singapore

2. Administrative Framework

Ang [Company Name] ay susunod, sa minimum, sa lahat ng naaangkop na lokal na batas at regulasyon, pati na rin sa iba pang international standards na sinusunod nito batay sa mga requirement ng mga customer at/o investor. Kung parehong may lokal at international standards na umiiral, ang mas mahigpit na standard ang susundin.

Kung walang umiiral na lokal na regulasyon, gagamitin ang mga international best practices bilang gabay.

2.1. Local Regulations

[Ang talahanayan sa ibaba ay halimbawa lamang at dapat i-customize ayon sa pangangailangan.]

Aspeto	Batas / Regulasyon
Environment	<i>Environmental Protection and Management Act and its subsidiary regulations</i> <i>Environmental Public Health Act and its subsidiary regulations</i>
Occupational Health and Safety	<i>Workplace Safety and Health Act and its subsidiary regulations</i> <i>Fire Safety Act and its subsidiary regulations</i>
Labour	<i>Employment Act</i> <i>Minimum Wage Act</i>

Guidance Note:

Kailangang i-review ang seksyong ito para matiyak na ang mga binanggit na regulasyon ay kasama ang minimum na lokal na requirements na dapat sundin ng kumpanya.

2.2. International Standards

Ina-adopt ng [Company Name] ang Green Climate Fund (GCF) Standards at ang International Finance Corporation (IFC) Performance Standards (PS). Nagbibigay ang GCF Standards at IFC PS ng gabay kung paano tukuyin ang mga risks at impacts, at idinisenyo ang mga ito para makatulong sa pag-iwas, pag-mitigate, at pag-manage ng mga risks at impacts bilang bahagi ng pagpapatakbo ng negosyo sa isang sustainable na paraan.

Magre-reference din ang ESMS sa World Bank Group Environmental, Health, and Safety Guidelines, 2007, pati na rin sa anumang industry-specific guidelines na naaangkop.

Guidance Note:

Kailangang i-review ang seksyong ito para matiyak na ang mga binanggit na standards ang talagang ina-align ng ESMS Manual. Ang mga standards na ito ay tinutukoy bilang minimum requirements, pero hindi nito nililimitahan ang kumpanya na mag-align pa sa iba pang industry best practice measures. Kung balak i-align ang ESMS sa iba pang standards, inirerekomenda na tiyaking natutugunan na ang lahat ng iba pang requirements o naidagdag na ang mga ito sa manual na ito.

<p>Portfolio Company HR Policy Manual Templates Version 1.0</p>	Document ID: ESGMS-NDF-PC -001
	Revision: 00
	Effective Date: 10 Jul 2025
	Page number: 6 of 16

3. Policy

Ang [Company Name] ay may ESMS policy na naglalahad ng commitment ng organisasyon sa pag-manage ng environmental at social (E&S) impacts ng mga operasyon nito.

[Ilagay dito ang ESMS policy]

Guidance Note:

Ang policy ang pundasyon ng inyong ESMS. Ito ang gabay na prinsipyo na inaasahang susundin ng lahat ng empleyado at nagsisilbing pampublikong pahayag kung ano ang pinaniniwalaan at pinaninindigan ng inyong organisasyon. Ang isang mahusay na policy ay nagha-highlight ng mga pangunahing konsepto ng mga standards na sinusunod ng organisasyon at may malinaw at matibay na commitment na sundin ang mga ito. Anong mga standards ang sinusunod ng inyong organisasyon? Ang policy ang nagsisilbing pormal na commitment ng inyong kumpanya. Ano ang mga pinapangako ng inyong organisasyon?

- Nangangako ba kayong bawasan ang inyong greenhouse gas emissions?
- Nangangako ba kayong bawasan ang konsumo ng resources tulad ng tubig at kuryente?
- Nangangako ba kayong sumunod sa lahat ng naaangkop na legal environmental at social requirements?
- Nangangako ba kayong hindi gagamit ng child labour at forced labour?

Kung may mission at vision ang inyong kumpanya, maaari rin itong i-refer o isaalang-alang sa pagbuo ng inyong ESMS Policy.

Halimbawa:

Nangangako ang ABC Company na maging world-class plastic recycler at magpatupad ng environmental and social (E&S) management system para makontrol at ma-mitigate ang mga E&S risks na kaugnay ng aming operasyon.

Bukod dito, kami ay nangangako na:

- Sumunod sa lahat ng naaangkop na legal at regulatory requirements;
- Panatilihin at patuloy na pagbutihin ang aming E&S performance;
- review at pana-panahong i-update ang aming E&S objectives at targets;
- Sanayin ang aming mga empleyado, kabilang ang contractors at suppliers, sa iba't ibang aspeto ng E&S; at
- Ipaabot ang aming ESMS Policy sa lahat ng relevant stakeholders at interested parties.

Kung mayroon na kayong ibang umiiral na policies (hal. Environmental Policy, Safety Policy, EHS Policy, Child Labour Policy, atbp.), maaari ninyo itong ilakip dito o i-refer sa isang Appendix.

Portfolio Company HR Policy Manual Templates Version 1.0	Document ID:	ESGMS-NDF-PC -001
	Revision:	00
	Effective Date:	10 Jul 2025
	Page number:	7 of 16

4. Planning

4.1. Pagtukoy ng mga Risks at Impacts

Ang [Company Name] ay nagtatag at nagpapanatili ng proseso para sa pagtukoy ng environmental at social (E&S) risks at impacts. Isinasagawa ang risk assessment alinsunod sa anumang natukoy na legal requirements. Ginagawa ang assessment nang hindi bababa sa isang beses kada taon o kapag may malalaking pagbabago. Kabilang sa mga major changes ang pagbili ng bagong equipment, pag-introduce ng bagong proseso, o malaking pagbabago sa regulasyon at mga requirements, at iba pa.

Isinasama ng [Company Name] ang mga kaugnay na personnel mula sa iba't ibang grupo sa loob ng organisasyon sa pagsasagawa ng assessment. Ang resulta ng assessment ay itinatala at ipinapaalam sa mga empleyado at iba pang relevant stakeholders.

Reference:

Risk Identification at Assessment Procedure

Risk Assessment Form

Guidance Note:

Ang risk assessment ay tumutulong para matukoy kung aling mga aktibidad sa inyong operasyon ang may significant na E&S risks. Ang mga risk ay kino-classify bilang low, medium, o high para ma-prioritize ang mga action plan at management program na kailangan para matugunan ang mga ito.

Halimbawa, kung natukoy na may significant environmental risk ang inyong air emissions dahil sa pagtunaw ng plastic, dapat ninyong unahin ang pagbuo ng management programs para matiyak na pasok ang air emissions sa pambansang regulasyon. Maaaring kabilang dito ang pag-install ng tamang engineering controls o karagdagang equipment para makontrol ang air emissions.

Mahalagang bumuo ng working group mula sa iba't ibang departamento o seksyon ng kumpanya. Sa ganitong paraan, masisiguro na may mahalaga at walang kinikilingang feedback na maisasama sa risk assessment. Mahalaga rin na may kasamang tao sa working group na pamilyar sa mga aktibidad na sinusuri, para masigurong pati ang mga posibleng hindi agad nakikitang sitwasyon ay maisama sa assessment.

Inirerekomenda na gumawa ng nakasulat na procedures para sa mga gawain na may significant E&S risks. Layunin nito na matiyak na malinaw sa lahat ng empleyado (kabilang ang contractors at suppliers) kung paano isasagawa ang mga gawain para mabawasan o ma-mitigate ang mga risks. Tulad ng nabanggit sa halimbawa ng air emissions, mainam na magkaroon ng written procedure para sa melting process upang matiyak na ang sinumang gagawa nito ay alam ang posibleng significant risk at kung paano ito maayos na ma-manage. Nakakatulong din ito para maging consistent ang operasyon, lalo na't maaaring magkakaiba ang interpretasyon ng mga empleyado.

Tingnan ang sample Risk Identification and Assessment Procedure.

Sa ilang pagkakataon, hinihingi ng batas ang pagsasagawa ng Environmental Impact Assessment (EIA). Nakakatulong din ito sa pagtukoy ng mga posibleng epekto sa kapaligiran. Gayunpaman, maaaring hindi nito laging nasasaklaw ang social aspects. Kaya naman, kung kulang o walang malinaw na lokal

Portfolio Company HR Policy Manual Templates Version 1.0	Document ID:	ESGMS-NDF-PC -001
	Revision:	00
	Effective Date:	10 Jul 2025
	Page number:	8 of 16

na regulatory requirements, dapat magsagawa ng alinman sa full Environmental and Social Impact Assessment (ESIA) o isang mas limitado o focused na environmental at social assessment, na isasagawa ng mga taong may karanasan sa pag-conduct ng impact assessments alinsunod sa IFC Performance Standards. Ang ESIA ay maaaring isagawa bilang standalone assessment o bilang supplementary assessment sa lokal na regulatory EIA.

4.2. Management Programs

Dapat magtatag ng mga management program para ma-mitigate ang mga natukoy na E&S risks at impacts.

Ang mga programang ito ay maaaring binubuo ng kombinasyon ng mga operational procedures, practices, plans, at mga kaugnay na supporting documents (kabilang ang mga legal agreements). Uunahin sa mitigation hierarchy ang pag-iwas (avoidance) sa mga impacts kaysa sa simpleng pag-minimize nito. Kung may matitirang impacts pa, dapat isaalang-alang ang kompensasyon o offset, kung ito ay teknikal at pinansyal na posible.

[Ilagay dito ang iba pang mahalagang impormasyon tungkol sa Management Programs.]

Reference:

[Ilista dito ang mga operational procedures at management plans]

Guidance Note:

Sa halimbawa sa itaas, dapat unahin sa management programs ang mga may kinalaman sa air emissions. Dapat pag-prioritize ang mga teknolohiya na kayang magtunaw ng plastic nang hindi naglalabas ng dioxins bilang alternatibo sa kasalukuyang practices. Maaari ring magpatupad ng monitoring program para matiyak na ang lebel ng dioxins at iba pang contaminants ay pasok sa itinakdang pambansang standards.

Dapat malinaw sa management programs kung sino ang responsable sa pagpapatupad ng programa at ano ang timeline para makamit ang mga target na resulta.

Bagama't dapat unahin ang mga natukoy na significant E&S risks ayon sa risk assessment process, hindi ibig sabihin nito na babalewalain ang mga mas mababang risk. Ang mga less significant risks ay maaari pa ring magdulot ng problema kung hindi maaagapan.

Maaari ring i-link sa ilalim ng Management Programs ang iba pang umiiral na procedures.

Mga halimbawa ng iba pang procedures na maaaring i-link:

- Employee Handbook
- HR Policy Manual
- Child Labour at Forced Labour procedures (kung hindi pa kasama sa HR Policy Manual)
- Contractor at Supplier Management Procedure (kabilang ang selection at auditing)
- Occupational Health and Safety Procedures (kung naaangkop), tulad ng:
 - Confined Spaces
 - Working at Heights
 - Medical Surveillance
 - At iba pa

5. Organizational Capacity at Competency

5.1. Organization

Ang [Company Name] ay nagtatag at nagpapanatili ng isang organizational structure na malinaw na naglalarawan ng mga roles, responsibilities, at authority para epektibong maipatupad ang ESMS. Ang senior management ay nangangakong magbigay ng kinakailangang resources at may sukdulang responsibilidad sa pagtiyak na ganap na naipapatupad ang ESMS, alinsunod sa kanilang commitment na nakasaad sa Policy. Isang ESMS Officer ang itinalaga ng senior management para manguna sa pagpapatupad ng ESMS.

[Ilagay dito ang organizational chart]

5.2. Mga Tungkulin at Responsibilidad

[Ang talahanayan sa ibaba ay halimbawa lamang at dapat i-customize ayon sa pangangailangan.]

Function	Responsibility
Senior Management	<ul style="list-style-type: none"> May sukdulang responsibilidad sa pagtiyak ng kabuuang pagsunod sa mga requirements ng ESMS Tinitiyak na may sapat at angkop na resources (kabilang ang tao, kasanayan, kagamitan, atbp.) para maipatupad ang ESMS Nagrerepaso at nag-aaprubang ng ESMS
ESMS Officer	<ul style="list-style-type: none"> Nangunguna sa pagpapatupad at pagmo-monitor ng ESMS Tinitiyak na regular na naa-update, namo-monitor, at nare-review ang ESMS Nagre-report ng performance ng ESMS ng [Company Name] sa management team at mga naaangkop na stakeholders kada [quarter/taon]. Tinitiyak na ang mga action plan mula sa monitoring activities ay natatapos sa tamang oras
Operations	<ul style="list-style-type: none"> Tinitiyak na nasusunod ang mga ESMS-related requirements sa araw-araw na operasyon Tinitiyak ang pagsunod sa mga legal requirements na may kaugnayan sa ESMS
Human Resources	<ul style="list-style-type: none"> Nagko-coordinate ng internal at external na komunikasyon na may kaugnayan sa ESMS Tinitiyak ang pagsunod sa mga requirements tungkol sa labor at working conditions Tinitiyak na may nabubuonang training plan at ito ay naipapatupad
Purchasing	<ul style="list-style-type: none"> Tinitiyak na naipapaabot ang mga ESMS requirements sa supply chain Tinitiyak na sumusunod ang mga supplier at contractor sa mga requirements ng ESMS
Audit Team	<ul style="list-style-type: none"> Namo-monitor ang kabuuang pagsunod ng [Company Name] sa mga requirements ng ESMS Nagrereport ng mga audit findings sa ESMS Officer at Senior Management

<p style="text-align: center;">Portfolio Company HR Policy Manual Templates Version 1.0</p>	Document ID: ESGMS-NDF-PC -001
	Revision: 00
	Effective Date: 10 Jul 2025
	Page number: 10 of 16

5.3. Competency at Training

Ang mga personnel sa loob ng [Company Name] na may direktang responsibilidad sa environmental at social (E&S) ay dapat may sapat na kaalaman, kasanayan, at karanasan para magampanan ang kanilang tungkulin. Kabilang dito ang updated na kaalaman sa mga lokal na regulatory requirements at sa mga naaangkop na requirements ng IFC Performance Standards. Dapat din silang may kakayahan at karanasan para maipatupad ang mga partikular na hakbang at aksyon na kinakailangan sa ilalim ng ESMS.

Tutukuyin ng [Company Name] ang competency requirements ng mga taong may epekto sa E&S performance at sa kakayahan ng kumpanya na matugunan ang mga compliance obligations nito, at titiyakin na ang mga taong ito ay competent batay sa angkop na edukasyon, training, at/o karanasan.

Dapat tukuyin ang training needs bago simulan ang anumang gawain at pagkatapos nito ay hindi bababa sa isang beses kada taon. Ang [nakatalagang responsable] ay bubuo ng taunang training plan na maglalaman ng uri ng mga training (in-house man o external), target na petsa, at mga empleyadong kasali.

Guidance Note:

Inilalarawan ng subsection na ito ang mahahalagang roles at functions na kinakailangan para maipatupad ang ESMS. Ang senior management ang may sukdulang responsibilidad sa pagtiyak na naipapatupad ang ESMS, na pinatutunayan sa pamamagitan ng paglagda sa Policy. Tandaan na ang Policy ang nagsisilbing gabay na prinsipyo ng kumpanya. Mahalaga ring magtalaga ng ESMS Officer na magsisilbing kinatawan ng senior management at mangunguna sa pag-oversee ng ESMS.

Ang organizational chart at roles table na ipinakita sa itaas ay halimbawa lamang at maaaring i-customize depende sa operasyon at laki ng inyong kumpanya.

Magkaugnay ang training at ang pagkakaroon ng tamang tao para maipatupad ang ESMS. Dapat kayong bumuo at magpatupad ng training plan para matiyak na ang mga empleyado ay may sapat na kaalaman at kasanayan para gampanan ang kanilang mga ESMS-related na tungkulin. Halimbawa, ang taong may responsibilidad sa paghawak ng hazardous chemicals ay dapat mabigyan ng basic training tungkol sa mga panganib ng mga kemikal na hinahawakan niya. Ang miyembro ng spill response team ay dapat may kaalaman sa basic spill response o first aid. Mahalaga ang mga training na ito para magampanan nila nang maayos ang kanilang mga tungkulin.

Kung mayroon kayong hiwalay na procedure tungkol sa organizational capacity o training, maaari ninyo itong ilagay sa appendix at i-refer sa subsection na ito.

Portfolio Company HR Policy Manual Templates Version 1.0	Document ID:	ESGMS-NDF-PC -001
	Revision:	00
	Effective Date:	10 Jul 2025
	Page number:	11 of 16

6. Emergency Preparedness at Response

Ang [Company Name] ay magtatag at magpapanatili ng emergency preparedness and response system para tumugon sa mga aksidente at emergency situations, upang maiwasan at ma-mitigate ang anumang pinsala sa tao at/o sa kapaligiran. Kabilang sa paghahandang ito ang pagtukoy sa mga lugar kung saan maaaring mangyari ang aksidente o emergency, pati na ang mga komunidad at indibidwal na maaaring maapektuhan, mga response procedures, paglalaan ng kagamitan at resources, pagtatalaga ng mga responsibilidad, at maayos na komunikasyon—kabilang ang pakikipag-ugnayan sa mga posibleng Affected Communities—at regular na training para matiyak ang epektibong pagtugon.

Ang mga aktibidad kaugnay ng emergency preparedness at response ay pana-panahong rerepasuhin at ia-update kung kinakailangan, upang masalamin ang anumang pagbabago sa mga kondisyon.

Ang mga aktibidad, resources, at responsibilidad para sa emergency preparedness at response ay nakadokumento sa site-specific emergency response plans at magbibigay ng angkop na impormasyon sa mga posibleng Affected Communities at mga kaugnay na ahensya ng gobyerno.

Ang [Company Name] ay magsasagawa ng emergency at evacuation drills kada taon o ayon sa itinatakda ng batas. Magtatago ng mga record ng partisipasyon sa mga drills na ito. Ang emergency preparedness and response plans ay rerepasuhin at ia-update pana-panahon, lalo na pagkatapos ng isang emergency situation.

[Ilagay dito ang iba pang mahalagang impormasyon tungkol sa Emergency Preparedness and Response.]

Reference:

Emergency Response Plan

Guidance Note:

Ang ilang emergency situations ay maaaring magdulot ng environmental o social na epekto. Halimbawa, ang chemical spill ay maaaring makasama sa kapaligiran kung hindi ito maayos na matutugunan. Ang pagbaha naman ay maaaring magdulot ng hindi sinasadyang kontaminasyon ng lupa at tubig dahil sa mga kemikal na ginagamit ng kumpanya. Kaya mahalagang may malinaw na plano para sa mga inaasahang emergency situations.

Kung may emergency response team ang inyong kumpanya, dapat silang mabigyan ng angkop na training. Dapat ding maglaan ng tamang kagamitan para masigurong epektibo ang kanilang pagtugon.

Ang pagsasagawa ng emergency drills, kabilang ang evacuation drills, ay maaaring requirement ng batas at dapat itong sundin. Ang mga record ng mga drill na ito ay dapat i-maintain bilang patunay ng partisipasyon.

Kung mayroon kayong hiwalay na procedure tungkol sa emergency preparedness and response, maaari ninyo itong ilagay sa appendix at i-refer sa subsection na ito.

Portfolio Company HR Policy Manual Templates Version 1.0	Document ID:	ESGMS-NDF-PC -001
	Revision:	00
	Effective Date:	10 Jul 2025
	Page number:	12 of 16

7. Stakeholder Engagement at Komunikasyon

Ang stakeholder engagement ay isang tuloy-tuloy na proseso na binubuo ng mga sumusunod na elemento:

- stakeholder analysis at planning,
- disclosure at pagpapakalat ng impormasyon,
- konsultasyon at partisipasyon,
- grievance mechanism, at
- patuloy na pagre-report sa mga Affected Communities.

Ang uri, dalas, at antas ng stakeholder engagement ay maaaring mag-iba-iba depende sa mga kaugnay na risks at posibleng adverse impacts, pati na rin sa yugto ng development (halimbawa, operational na ang pasilidad kumpara sa nasa construction pa lamang ng bagong facility).

Tinitiyak ng [Company Name] na ang ESMS ay naipapaabot sa lahat ng antas ng stakeholders. Nauunawaan ng [Company Name] ang kahalagahan ng pagtukoy sa iba't ibang stakeholder groups na may interes sa business operations at performance nito.

Guidance Note:

Ang mga stakeholders ay nakikipag-ugnayan sa inyong kumpanya araw-araw. Ang stakeholder ay sinumang tao o organisasyon na may interes sa, o naaapektuhan ng, inyong kumpanya.

Mahalagang maunawaan ninyo kung paano naaapektuhan ng inyong negosyo ang inyong mga stakeholders. Sa ganitong paraan, mababawasan ang reputational risks tulad ng negatibong pananaw laban sa kumpanya o masamang publicity. Mahalaga ring makuha ang kanilang tiwala at makipagtulungan nang maayos sa kanila.

Halimbawa, kung ang inyong operasyon ay malapit sa isang residential community, mahalagang konsultahin ang komunidad tungkol sa malalaking pagbabago sa operasyon na maaaring may malaking epekto sa kanila, tulad ng air emissions o masangsang na amoy. Kung may maayos na risk assessment na naisagawa, maaari itong ipresenta sa komunidad para maipaliwanag nang malinaw ang mga mitigating measures na ipapatupad upang mabawasan ang posibleng epekto sa kanila.

Kung mayroon kayong hiwalay na procedure tungkol sa stakeholder engagement, maaari ninyo itong ilagay sa appendix at i-refer sa subsection na ito.

7.1. External na Komunikasyon at Grievance Mechanisms

Ang procedure ng kumpanya para sa external communications ay may kasamang mga paraan para:

- Tanggapin at irehistro ang mga komunikasyon mula sa publiko;
- screen at i-assess ang mga isyung itinaas at tukuyin kung paano ito tutugunan;
- Magbigay, mag-track, at magdokumento ng mga tugon, kung mayroon man.

Portfolio Company HR Policy Manual Templates Version 1.0	Document ID:	ESGMS-NDF-PC -001
	Revision:	00
	Effective Date:	10 Jul 2025
	Page number:	13 of 16

Nagtatag din ang kumpanya ng grievance mechanism para tumanggap at mapadali ang pagresolba ng mga alalahanin at reklamo ng mga Affected Communities kaugnay ng environmental at social performance ng kumpanya.

7.2. Patuloy na Pag-report sa mga Affected Communities

Anumang periodic reports sa mga Affected Communities na naglalarawan ng progreso sa pagpapatupad ng mga Action Plan, lalo na sa mga isyung may patuloy na risk o epekto sa kanila, at sa mga isyung natukoy sa pamamagitan ng consultation process o grievance mechanism bilang mga concern ng mga komunidad, ay isasama bilang bahagi ng Stakeholder Engagement Plan.

7.3. Internal Communications

Tinitiyak ng [Company Name] na ang ESMS ay naipapaabot sa lahat ng internal stakeholders. Ang mga paraan ng internal communication ay maaaring kabilang ang [ilagay dito ang iba't ibang paraan ng komunikasyon at maikling paglalarawan ng bawat isa, tulad ng staff meetings, bulletin boards, newsletters, memos, induction sessions, feedback forms, website, atbp.].

Reference:

Stakeholder Engagement Plan

External Grievance Mechanism

Internal Grievance Mechanism

Guidance Note:

Mahalagang bahagi ng inyong ESMS ang komunikasyon. Sa pamamagitan nito, natutukoy ng kumpanya ang mga pangunahing E&S issues mula sa internal at external stakeholders. Nagsisilbi rin itong two-way na paraan para mag-usap, magbahagi ng ideya, at maglinaw ng mga concern.

Ang grievance mechanism ay nagbibigay ng pormal na paraan para makipag-ugnayan sa inyo ang mga apektadong stakeholder bilang bahagi ng stakeholder engagement. Maaaring ito ay sa anyo ng mga inquiry, concern, o pormal na reklamo. Dapat suriin ang bawat grievance kung ito ay applicable at hindi dapat balewalain. Mahalagang magkaroon ng maayos at matibay na sistema sa pag-manage ng grievances upang maipakita na seryoso ang kumpanya sa pagtugon sa mga E&S concerns ng mga apektadong stakeholder.

Ang external communication ay maaari ring magbigay ng mahalagang impormasyon sa inyong kumpanya. Maaari kayong makatanggap ng mga mungkahi para sa improvement, feedback mula sa mga customer, o komento mula sa iba pang interesadong partido tungkol sa inyong E&S performance.

Kung mayroon kayong hiwalay na procedure tungkol sa Communication, maaari ninyo itong ilagay sa appendix at i-refer sa subsection na ito.

Portfolio Company HR Policy Manual Templates Version 1.0	Document ID:	ESGMS-NDF-PC -001
	Revision:	00
	Effective Date:	10 Jul 2025
	Page number:	14 of 16

8. Monitoring at Review

8.1. Monitoring

Ang mga procedure para i-monitor at sukatin ang pagiging epektibo ng mga management program, pati na ang pagsunod sa mga kaugnay na legal at/o contractual obligations at regulatory requirements, ay kinabibilangan ng:

- Pagtatala ng impormasyon para ma-track ang performance ayon sa nakasaad sa kani-kanilang operational controls;
- Pagsasagawa ng inspection at audits; at
- Pana-panahong management review.

Ang monitoring program ay inilalarawan sa ibaba. *[Ang talahanayan sa ibaba ay halimbawa lamang at dapat i-customize.]*

Uri	Dalas	Inihanda ni	Kanino ini-rereport
EHS-related data at reports	Buwanan	ESG Manager	CEO
Social-related (community) data at reports	Buwanan	ESG Manager	CEO
Security-related data at reports	Buwanan	ESG Manager	CEO
Labour-related data at reports	Buwanan	HR Manager	CEO
Vendor-related data at reports	Taunan	Procurement Executive	CEO
On-site inspection	Kada quarter	ESG Manager	CEO
Internal Audit	Taunan	ESG Committee	CEO

Bukod dito, maaaring magtatag ng audit program para sa mga supplier at contractor ang ESG Officer, sa pakikipagkonsulta sa Procurement Manager. *[Ang pahayag na ito ay dapat i-customize.]*

8.2. Management Review

Isasagawa ang isang management review kada taon para masuri kung patuloy na angkop, sapat, at epektibo ang management system. Ang review ay pamumunuan ng CEO at dadaluhan ng mga senior managers, ESG Manager, HR Manager, at Procurement Manager.

Kasama sa input para sa management review ang:

- Status ng mga action plan at aksyon mula sa nakaraang management reviews
- Mga pagbabago sa:
 - mga requirements at inaasahan ng mga interested parties, kabilang ang compliance obligations
 - mga significant risks at impacts
- Impormasyon tungkol sa EHS at social performance ng kumpanya, kabilang ang mga trend sa:
 - monitoring at measurement results
 - nonconformities at corrective actions
 - pagtupad sa compliance obligations
 - audit results
- Sapat ba ang resources
- Mga relevant na komunikasyon mula sa mga interested parties, kabilang ang mga grievance
- Mga oportunidad para sa tuloy-tuloy na pagpapabuti

Portfolio Company HR Policy Manual Templates Version 1.0	Document ID:	ESGMS-NDF-PC -001
	Revision:	00
	Effective Date:	10 Jul 2025
	Page number:	15 of 16

Kasama sa output ang:

- Mga konklusyon tungkol sa patuloy na pagiging angkop, sapat, at epektibo ng management system
- Mga desisyon kaugnay ng mga oportunidad para sa continual improvement
- Mga desisyon tungkol sa mga kailangang pagbabago sa management system, kabilang ang resource requirements
- Mga kinakailangang aksyon kung hindi naabot ang inaasahang EHS at social performance
- Anumang konklusyon kaugnay ng strategic direction ng kumpanya

Guidance Note:

Ang ESMS ng inyong kumpanya ay dapat regular na mino-monitor para masigurong ito ay sapat, angkop, at epektibo. Gaano na kalayo ang narating ng inyong kumpanya sa pagpapatupad ng mga ipinangako ninyo? Gaano na kayo kalapit sa pagtupad sa inyong mga commitment batay sa Policy? Namon-monitor ba ninyo ang mga key indicators na may kaugnayan sa inyong significant E&S risks? Ilan lamang ito sa mga aspeto na dapat bantayan ng inyong kumpanya. Sa Check stage ng Plan-Do-Check-Act (PDCA) cycle, kinakailangan na magsagawa ang kumpanya ng audit o inspection.

Ang resulta ng mga audit o inspection na ito ay dapat i-report sa senior management upang makagawa sila ng naaangkop na hakbang (ang Act stage ng PDCA cycle) para sa tuloy-tuloy na pagpapabuti ng ESMS. Maaaring kabilang sa mga action plan ang pagbili ng bagong equipment o pagbibigay ng karagdagang training sa mga empleyado. Dapat ding i-review ng senior management ang kabuuang ESMS para matukoy kung ano pang ibang hakbang ang kinakailangan upang matiyak ang patuloy na pagpapabuti ng sistema.

Ang ilang kumpanya ay nagsasagawa nito taun-taon, ang iba naman ay kada quarter. Mayroon ding tinatalakay ang mga ito sa buwanang ExCo meetings (o hindi bababa sa ilang bahagi nito). I-customize ang seksyong ito depende sa dalas ng pagre-review ng management sa ESMS.

Portfolio Company HR Policy Manual Templates Version 1.0	Document ID:	ESGMS-NDF-PC -001
	Revision:	00
	Effective Date:	10 Jul 2025
	Page number:	16 of 16

**Appendix F NDF Environmental and Social Screening and Categorization Policy and Procedure
(Polisiya at Pamamaraan sa Pag-screen at Pagkategoryang Pangkalikasan at Panlipunan)**



**Navis Decarbonization Fund
Environmental and Social Screening and Categorization Policy
and Procedure
(Polisiya at Pamamaraan sa Pag-screen at Pagkategoryang
Pangkalikasan at Panlipunan)
Mayo 2025**





TABLE OF CONTENTS

1.	Panimula	3
2.	Mga Layunin	3
3.	Saklaw	3
4.	Mga Kahulugan	3
5.	Mga Tungkulin at Responsibilidad	4
6.	Mga Prinsipyo para sa Environmental at Social Screening at Pagkakategorya	4
7.	Procedure	7
7.1.	Paunang Screening para sa Environmental at Social Exclusions	7
7.2.	Environmental at Social Screening at Categorization	8
7.3.	Mga Acquisition ng Portfolio Company	8
8.	Training at Communication	8
9.	Monitoring Records	8
10.	Review	9
11.	References	9
12.	Document Change Control	9

1. Panimula

Nangangako ang Navis sa practice ng responsible investing at naniwalang malaking factor ito para mapaganda ang performance ng isang kumpanya sa pamamagitan ng sustainable growth, mas maayos na operations, at mas maayos na risk management.

Kaugnay nito, gumawa kami ng Responsible Investment Policy at nagtatag ng Environmental and Social Management System (ESMS) para matiyak na tuloy-tuloy at kumpleto ang pagsasama ng Environmental at Social (E&S) considerations sa buong investment process. Ang unang hakbang sa pag-integrate ng E&S sa aming investment process ay ang screening at pagkategorya ng potensyal na Target investment.

Tinitiyak ng screening step na ang anumang potensyal na Target investment ay hindi lumalabag sa aming E&S Exclusion List at/o walang negatibong findings mula sa review ng publicly available na impormasyon o iba pang sources. Dito rin tinutukoy ang E&S risk category ng potensyal na Target investment. Ang itinalagang E&S risk category ang magtatakda kung gaano kalalim at kalawak ang E&S due diligence na isasagawa. Kapag nagpatuloy ang investment, ang E&S risk category din ang magsisilbing batayan kung gaano kadalas at gaano kalawak ang review, monitoring, at disclosure na kinakailangan sa buong panahon ng investment.

2. Mga Layunin

Ang mga layunin ng E&S screening ay ang mga sumusunod:

- Suriin kung ang Target investment ay hindi lumalabag sa Navis E&S Exclusion List at/o walang negatibong findings mula sa review ng publicly available na impormasyon o iba pang sources
- I-evaluate ang mga E&S risks na kaugnay ng mga aktibidad ng Target
- Tukuyin ang posibleng E&S risk category ng mga aktibidad ng Target
- Kilalanin ang mga potensyal na E&S value creation opportunities batay sa mga aktibidad ng Target
- Alamin kung gaano kalalim at kalawak ang E&S due diligence na kailangang isagawa para sa Target investment.

3. Saklaw

Ang screening at pagkategorya ay isasagawa para sa lahat ng potensyal na private equity deals, kabilang ang mga acquisition na iminungkahi ng alinman sa mga portfolio companies.

4. Mga Kahulugan

Category A (High Risk) – Mga aktibidad na may potensyal na malalaki at seryosong negatibong environmental at/o social risks at impacts na, mag-isa man o pinagsama-sama, ay iba-iba, hindi na mababawi (irreversible), o hindi pa nagagawa.

Category B (Medium Risk) – Mga aktibidad na may potensyal na limitadong negatibong environmental at/o social risks at impacts na, mag-isa man o pinagsama-sama, ay kakaunti, kadalasang site-specific, karaniwang nababawi, at madaling matugunan sa pamamagitan ng mitigation measures.

Category C (Low Risk) – Mga aktibidad na may minimal o walang negatibong environmental at/o social risks at/o impacts.

Category FI-1 – Kapag ang kasalukuyan o planong portfolio ng isang financial intermediary ay may, o inaasahang magkakaroon ng, financial exposure sa Category A activities.

Category FI-2 – Kapag ang kasalukuyan o planong portfolio ng isang financial intermediary ay may, o inaasahang magkakaroon ng, financial exposure sa Category B activities.

Category FI-3 – Kapag ang kasalukuyan o planong portfolio ng isang financial intermediary ay may financial exposure sa Category C activities.

Climate-related Vulnerability – Tumutukoy sa antas kung saan ang isang sistema ay madaling maapektuhan o hindi kayang makayanan ang mga negatibong epekto ng climate change, kabilang ang pabago-bagong klima at matitinding pangyayari (extremes). Ang vulnerability ay nakadepende sa katangian, laki, at bilis ng pagbabago ng klima na nararanasan ng isang sistema, pati na rin sa antas ng sensitivity nito at kakayahang makaangkop (adaptive capacity).

Environmental and Social Action Plan (ESAP) – Ang Action Plan ay (i) maglalarawan ng mga E&S actions na kinakailangan upang maipatupad ang iba’t ibang mitigation measures o corrective actions; (ii) magtatakda ng prayoridad ng mga aksyong ito; (iii) magsasama ng timeline para sa implementasyon at pagtukoy ng mga responsable; (iv) maglalarawan ng mga inaasahang deliverables; at (v) magtatakda ng talakdaan (iskedyul) ng pag-uulat tungkol sa implementasyon at sa iba pang stakeholders (bukod sa Navis at Portfolio Company).

Environmental and Social Exclusion List – ang mga uri ng aktibidad kung saan hindi nag-iinvest ang Navis dahil sa legal, etikal, o iba pang dahilan.

Environmental and Social Risk Category - ang E&S risk category ay nagsisilbing indikasyon ng uri at lawak ng posibleng environmental at social impacts na maaaring idulot ng Target investment. Ito ang nagiging batayan kung gaano kalalim at kalawak ang due diligence na isasagawa at, kung magpapatuloy ang investment, kung gaano kadalas at kalawak ang kinakailangang E&S review, monitoring, at disclosure sa buong panahon ng investment.

Inherent Environmental and Social Risk – tumutukoy sa E&S risk na likas o kaugnay sa pangkalahatang katangian ng industriya o komersyal na aktibidad ng Target investment, nang hindi isinasaalang-alang ang anumang management o mitigation measures.

5. Mga Tungkulin at Responsibilidad

Ang mga tungkulin at responsibilidad na may kaugnayan sa E&S screening at pagkakategorya ay ang mga sumusunod:

Role	Responsibility
Deal Team	<ul style="list-style-type: none"> I-screen ang potensyal na Target investment ayon sa itinakdang procedure Kumpletuhin ang kaukulang form at magtago ng kopya nito sa Navis Drive Tumugon sa mga request para sa impormasyon mula sa Navis ESG Team kaugnay ng kasalukuyang business activities at mga planong aktibidad ng Target sa hinaharap
Legal Team	Magbigay ng suporta sa Deal Team at Navis ESG Team kung kinakailangan
ESG Team	<ul style="list-style-type: none"> Suportahan ang Deal Team sa screening, kung kinakailangan Humingi ng impormasyon mula sa Deal Team upang maunawaan ang kasalukuyang business activities at mga planong aktibidad ng Target sa hinaharap Suriin ang mga E&S risks, magtalaga ng E&S risk category, at kumpletuhin ang kaukulang form na dapat itago sa Navis Drive Tukuyin ang mga potensyal na E&S value creation opportunities Tukuyin ang scope at budget para sa E&S due diligence activities, kabilang ang pagpili ng angkop na consultants Tiyakin na ang pinakabagong bersyon ng Navis E&S Exclusion List at mga aktibidad na tinukoy bilang Category A ay naka-file at updated sa Navis Drive
HR	<ul style="list-style-type: none"> Suportahan ang ESG Team sa pagsasagawa ng training; at I-monitor at i-record ang mga training na isinagawa

6. Mga Prinsipyo para sa Environmental at Social Screening at Pagkakategorya

Inadopt ng Navis ang mga sumusunod na prinsipyo para sa E&S screening at pagkakategorya.

E&S Screening

Ang screening ng potensyal na Target investment ay isang desk-based na proseso na kinabibilangan ng pagsusuri laban sa Navis E&S Exclusion List at pag-review ng anumang publicly available na impormasyon na maaaring magpakita ng negatibong epekto sa mga lokal na komunidad o sa kapaligiran, o hindi magandang E&S performance. Kasama rin dito ang pagsasagawa ng informal references tungkol sa kumpanya.

Kung ang Target ay lumalabag sa E&S Exclusion List at/o may negatibong findings mula sa review ng publicly available na impormasyon at/o mula sa informal referencin, hindi na magpapatuloy ang investment process para sa potensyal na Target.

E&S Risk Categorization

Ang E&S risk category na itatalaga sa potensyal na Target investment ay isasaalang-alang ang mga sumusunod:

- **Uri ng Investment** – uri ng pagmamay-ari na iminungkahi, halimbawa kung controlling stake, joint venture, at iba pa
- **Lokasyon** – heograpikal na lokasyon (bansa, rehiyon, at partikular na site) ng potensyal na Target investment, kabilang ang mga social risks tulad ng may dokumentadong o kasaysayan ng labor rights at/o human rights issues sa bansa o rehiyon, presensya ng mga vulnerable groups, at antas ng kaunlaran ng regulatory systems
- **Growth Strategy** – kung ang potensyal na Target investment ay nagpaplanong palawakin ang kasalukuyang assets, magtayo ng bagong assets, mag-vertical integration, at/o pumasok sa bagong geographies at/o sectors, pati na rin ang mga cumulative impacts, kabilang ang epekto sa komunidad, na kaugnay ng estratehiyang ito
- **Industry Sector** - mga likas na risk ng industriya ng potensyal na Target investment, kabilang ang social risks tulad ng may dokumentadong o kasaysayan ng labor rights issues, kung ang sektor ay karaniwang labor-intensive, at/o kung karamihan ng workforce ay contractors o unskilled workers, at ang posibleng paglaganap ng child at forced labo
- **Technology/ Techniques** – antas ng “maturity” ng teknolohiya o mga teknik na ginagamit
- **Scale** – laki o lawak ng potensyal na Target investment at ang posibleng cumulative E&S impacts nito
- **Supply Chain** – kabilang ang lokasyon at mga sektor na sangkot

Isasaalang-alang din ang mga planado o hinaharap na aktibidad ng potensyal na Target investment, kahit panandalian lamang ang mga ito. Halimbawa, kung ang Target ay nagpaplanong magsara ng ilang pasilidad at pagsamahin ang operasyon sa iisang pasilidad na magresulta sa malaking bilang ng matatangal sa trabaho.

Kung ang potensyal na Target investment ay may iba’t ibang aktibidad o nagpaplanong baguhin ang mga aktibidad nito sa hinaharap, ang pinakamataas na E&S risk category sa mga aktibidad na iyon ang itatalaga para sa buong potensyal na Target investment. Nalalapat din ito sa anumang follow-on investment o divestment na gagawin ng isang Portfolio Company na hawak ng Navis. Halimbawa, kung ang E&S risk category ng Portfolio Company ay Category C ngunit ang risk rating ng planong acquisition ay Category B, at natuloy ang acquisition, ang risk rating ng Portfolio Company ay ia-update sa Category B.

Category A Rating

Kung ang isang potensyal na Target investment ay na-screen at na-rate bilang Category A, ayon sa depinisyon (**Section 4**), hindi ito isasaalang-alang para sa investment.

Category B Rating

Kung ang isang potensyal na Target investment ay na-screen at na-rate bilang Category B, ayon sa depinisyon (**Section 4**), ang due diligence ay isasagawa ng Navis ESG team o ng mga external E&S consultants na pinili at kinontrata ng Navis, na may oversight mula sa Navis ESG team.

Ang due diligence ay gagawin upang matukoy ang mga environmental at/o social risks, mga oportunidad, at mga iminungkahing mitigation measures gamit ang Navis E&S Due Diligence Questionnaire o katulad na assessment tool na nakaayon sa IFC Performance Standards framework. Dapat kasama sa saklaw ng due diligence ang pagtataya ng Scope 1 at Scope 2 greenhouse gas emissions.

Ang buod ng mga E&S risks, mga oportunidad, at mitigation measures; ang ESAP; at ang mga iminungkahing ESG KPIs ay isasama sa IC documentation para sa lahat ng Category B investments. Lahat ng Category B investments ay kailangang magpatupad at sumunod sa Navis Performance Standards na nakasaad sa Responsible Investment Policy.

Kung magpapatuloy ang investment, ang Category B investment ay kailangang magpatupad ng Navis ESG requirements, ayon sa Responsible Investment Policy. Isasagawa ang isang E&S audit nang hindi bababa sa isang beses sa loob ng investment period ng isang external E&S consultant na pinili ng Navis. Maaari ring magpatupad ng karagdagang audits kung kinakailangan, ayon sa pagpapasya ng Navis. Ang isang publicly releasable na buod ng mga kaugnay na audit findings ay iuulat sa apektadong komunidad/publiko (stakeholders). Ang lahat ng ulat ay dapat nasa wikang at format na madaling maunawaan at ma-access ng mga stakeholder. Maaaring kabilang sa mga karagdagang requirements ang mga sumusunod:

- Regular na pag-uulat sa status ng implementasyon ng ESAP (hindi bababa sa isang beses kada taon) at ayon sa itatakda ng Navis, sa apektadong komunidad/publiko (stakeholders). Anumang material na pagbabago sa mga aktibidad o mitigation measures ay dapat ding ipaalam. Lahat ng ulat ay dapat nasa wikang at format na accessible sa stakeholders; at
- Pagsasagawa ng physical site visits nang hindi bababa sa isang beses kada taon ng Navis ESG o ng external E&S consultant na pinili ng Navis upang suriin ang E&S performance. Kung naaangkop, ang mga findings at corrective actions ay maaari ring iulat sa apektadong komunidad/publiko (stakeholders). Lahat ng ulat ay dapat nasa wikang at format na accessible sa stakeholders.

Tutukuyin ng Navis ESG kung ano at kung kinakailangan ang mga karagdagang requirements batay sa laki at lawak ng mga natukoy na risks at impacts.

Category C Rating

Kung ang isang potensyal na Target investment ay na-screen at na-rate bilang Category C, ayon sa depinisyon (**Section 4**), ang due diligence ay isasagawa ng Navis ESG team.

Ang due diligence ay maaaring limitado sa isang desktop assessment ng mga available na dokumento, kung saan ang mga kaugnay na bahagi lamang ng Navis E&S Due Diligence Questionnaire ang kukumpletuhin.

Ang buod ng mga E&S risks, mga oportunidad, at mitigation measures; ang ESAP (kung kinakailangan); at ang mga iminungkahing ESG KPIs ay isasama sa IC documentation para sa lahat ng Category C investments. Lahat ng Category C investments ay kailangang sumunod sa lokal na mga regulasyon at batas, at magsikap na magpatupad ng IFC Performance Standards at, kung naaangkop, ng IFC Industry Sector Guidelines; World Bank Group Environmental, Health, and Safety (EHS) Guidelines; at ILO Declaration on Fundamental Principles and Rights at Work.

Category FI Rating

Kung ang isang potensyal na Target investment ay isang financial institution (FI) o may business activities na gumagamit ng delivery mechanisms na may kasamang financial intermediation, susuriin ng Navis ang kabuuang kakayahan ng FI na i-manage ang E&S risks ng kanilang portfolio.

Ang mga sumusunod na kategorya at due diligence requirements ang ipatutupad:


Category	Scope and minimum requirements
FI-1	<ul style="list-style-type: none"> • Kung ang isang potensyal na Target investment ay ma-screen at na-rate bilang Category FI-1 ayon sa depinisyon, hindi ito ikokonsidera para sa investment.
FI-2	<ul style="list-style-type: none"> • Ang due diligence ay isasagawa ng Navis ESG Team. • Kailangang may sariling ESMS ang FI na nakaayon sa international standards, aktwal na naipapatupad, at patuloy na pinapabuti. • Dapat maglaan ng sapat at angkop na resources para sa pagpapatupad ng ESMS.

Category	Scope and minimum requirements
	<ul style="list-style-type: none"> Magtalaga ng malinaw na E&S responsibilities sa isang competent at fully dedicated na E&S specialist. Kung may mga transaksyon sa portfolio ng FI na sakop ng IFC Performance Standards, dapat sumunod ang mga ito sa IFC Performance Standards. Dapat sumunod sa Exclusion List ng Navis.
FI-3	<ul style="list-style-type: none"> Ang due diligence ay isasagawa ng Navis ESG Team. Kailangang may sariling ESMS ang FI na nakaayon sa international standards, aktwal na naipapatupad, at patuloy na pinapabuti. Dapat maglaan ng sapat at angkop na resources para sa pagpapatupad ng ESMS. Kung may mga transaksyon sa portfolio ng FI na sakop ng IFC Performance Standards, dapat sumunod ang mga ito sa IFC Performance Standards. Dapat sumunod sa Exclusion List ng Navis.

7. Procedure

Ang screening at pagkategorya ng potensyal na Target investment ang unang hakbang sa pag-integrate ng E&S considerations sa aming investment process. Makikita sa **Figure 1** ang overview ng E&S screening at pagkategorya procedure, at ang mas detalyadong paliwanag ay inilahad sa ibaba.

Figure 1 Overview ng E&S Screening at Categorization



7.1. Paunang Screening para sa Environmental at Social Exclusions

Sa mga yugto ng “Deal Sourcing” at “Deal Alert,” lahat ng potensyal na Target investments ay sasailalim sa paunang screening. Kasama rito ang pagsusuri laban sa Navis E&S Exclusion List, pag-review ng anumang publicly available na impormasyon na maaaring magpakita ng negatibong epekto sa mga lokal na komunidad o sa kapaligiran, o hindi magandang E&S performance, pati na rin ang pagsasagawa ng informal references tungkol sa kumpanya. Ang “NDF E&S Screening and Categorization Form” ay kailangang kumpletuhin ng ESG team.

Tanging ang mga potensyal na Target investments na hindi lumalabag sa E&S Exclusion List at/o walang negatibong findings mula sa review ng publicly available na impormasyon at/o informal referencing ang maaaring magpatuloy sa susunod na yugto ng Navis Pre-Investment process.

7.2. Environmental at Social Screening at Categorization

Kung ang isang potensyal na Target investment ay hindi lumalabag sa aming E&S Exclusion List at inaprubahan ng IC na umusad sa susunod na yugto (“7-pager”) ng Pre-Investment process, magsasagawa ng isang high-level assessment ng mga E&S risks. Pagkatapos nito, ang potensyal na Target ay bibigyan ng provisional E&S risk category rating, na magsisilbing batayan kung gaano kalalim at kalawak ang E&S due diligence na isasagawa para sa investment.

Sa high-level assessment, batay sa mga depinisyon ng Category (**Section 4**), tutukuyin ang mga pangunahing o material na E&S factors na maaaring makaapekto sa investment. Gagamit ng data at impormasyon mula sa IFC Performance Standards, IFC at CDC Group industry sector profiles, Sustainability Accounting Standards Board (SASB), World Bank EHS Guidelines, at iba pang kaugnay na sources. Ang mga natukoy na key o material E&S factors ang magsisilbing scope ng due diligence.

Pagkatapos makumpleto ang due diligence, rerepasuhin at iko-confirm ang provisional E&S Category risk rating. Kung walang kailangang baguhin, ang provisional E&S Category ay iko-confirm bilang pinal na risk rating ng Target sa buong holding period ng investment, kung magpapatuloy ito. Kung ang E&S Category risk rating ay itataas (halimbawa, mula Category C patungong Category B), maaaring kailanganin ang karagdagang assessment bago tuluyang matukoy ang E&S risks at mitigation measures. Kung ang E&S Category risk rating ay ma-revise sa Category A pagkatapos ng due diligence, hindi na magpapatuloy ang investment.

Ang “NDF E&S Screening and Categorization Form,” na naglalaman ng buod ng mga aktibidad ng Target, mga key o material E&S factors, at ang provisional at confirmed E&S risk category, ay kailangang kumpletuhin at itago kasama ng IC material.

Environmental at Social Value Creation Opportunities

Isasagawa rin ang isang high-level assessment ng mga E&S value creation opportunities. Ang mga oportunidad na ito ay tutukuyin upang magkaroon ng mas detalyadong pagsusuri sa panahon ng due diligence phase. Ang mga E&S value creation opportunities ay ilalagay sa “NDF E&S Screening and Categorization Form” at itatago kasama ng IC material.

7.3. Mga Acquisition ng Portfolio Company

Ang anumang acquisition o follow-on investment na iminungkahi ng isang Portfolio Company ay sasailalim sa screening at pagkakategorya ayon sa procedure na nakasaad sa **Section 7.1** at **7.2**.

8. Training at Communication

Upang matugunan ang mga layunin ng procedure na ito, magsasagawa ang Navis ng mga sumusunod:

- Magbigay ng training sa lahat ng investment professionals upang ipaliwanag ang mga prinsipyo at requirements ng E&S Screening at Categorization procedure. Para sa mga bagong investment professionals sa Navis, ang training ay isasagawa sa panahon ng induction. Magkakaroon din ng refresher training kung kinakailangan, tulad ng kapag may pagbabago sa E&S Exclusion List o iba pang kaugnay na updates; at
- I-komunika ang E&S Exclusion List at ang mga Activities Defined as Category A sa Navis Drive, at tiyaking ito ay laging updated.

9. Monitoring Records

Ang mga sumusunod na monitoring records ay dapat itago at i-maintain:

- Mga training records; at
- Nakumpletong NDF E&S Screening and Categorization Form para sa bawat potensyal na Target investment, na dapat naka-file kasama ng IC material.

10. Review

Ang mga prinsipyo at procedure na ito, kabilang ang Navis E&S Exclusion List, ay rerepasuhin nang regular at sa anumang kaso ay hindi bababa sa isang beses kada taon. Anumang kinakailangang pagbabago ay ipatutupad at isasama sa proseso.

11. References

BII ESG Toolkit (<https://toolkit.bii.co.uk/>)

IFC (2012), Interpretation Note on Environmental and Social Categorization and associated documents

Navis Responsible Investment Policy

12. Document Change Control




Document ID:		ESGMS-NDF-PRO-002			
Revision Number	Author	Document Status/ Change	Reviewer	Approver	Effective Date
00	P Gonzales	New Procedure	B Szegedi	M Octoman	01 May 2025

Appendix G NDF Guidelines para sa Climate Finance and Social Impact and ESG KPI Qualification
(Mga Gabay para sa Kwalipikasyon ng Climate Finance)



NAVIS DECARBONIZATION FUND GUIDELINES FOR CLIMATE FINANCE QUALIFICATION

(Mga Gabay para sa Kwalipikasyon ng Climate
Finance)



1. Panimula

Ang Navis ay itinatag noong 1998 upang mag-invest sa Asia, lalo na sa mga pribadong kumpanya na may malakas na presensya sa Southeast Asia, Australia, at China/Hong Kong. Nakatuon ito sa private equity investments na nagtutulak ng strategic growth agenda sa mga portfolio companies.

Ang Navis Decarbonization Fund I (“NDF”) ay isang private-sector-led climate finance private equity fund na nakatuon sa mga small at medium-sized enterprises (SMEs) sa Southeast Asia upang pabilisin ang paglipat tungo sa low-carbon economy. Nag-iinvest ito sa mga SMEs, pangunahin sa Indonesia, Malaysia, Thailand, Philippines, Vietnam, Cambodia, at Singapore (ang “Target Countries”), na ang mga aktibidad at/o operasyon ay direkta o hindi direktang nakakatulong sa climate change mitigation at/o climate change adaptation, kabilang ang mga sumusunod na sektor: 1) Energy generation at access 2) Industry at Built Environment 3) Low Emission Transport; and 4) Sustainable na Agrikultura at Tubig.

Layunin ng NDF na tugunan ang mga sistemikong hadlang sa decarbonization sa pamamagitan ng pagbibigay ng growth capital, operational support, at scalable solutions sa mga high-impact sectors, habang nakaayon sa mga pambansang climate strategies at national adaptation plans. Layunin din nitong mag-mobilize ng private finance sa pamamagitan ng mga makabagong financial instruments gamit ang hybrid capital. Sa pamamagitan ng hybrid instruments, hindi lamang nakakapagbigay ang NDF ng flexible capital sa mga SMEs, kundi napapanatili rin nito ang kakayahang magtulak ng paglago sa pamamagitan ng governance rights at makalikha ng makabuluhang value para sa mga portfolio companies.

2. Layunin

Ang Guidelines for Climate Finance Qualification (“Guidelines”) ay naglalayong tiyakin ang malinaw at komprehensibong pag-unawa kung paano magiging kwalipikado ang mga potensyal na investment bilang climate finance.

Ang Guidelines na ito ay isinama sa aming Private Equity Responsible Investment Policy, ESMS, at Climate Risks and Opportunities Policies upang matiyak ang tuloy-tuloy at kumpletong integrasyon, at magsilbing gabay sa aming mga internal na proseso. Rerepasuhin ng Navis ang Guidelines nang regular, at hindi bababa sa isang beses kada taon, at ia-update kung kinakailangan.

3. Saklaw

Ang mga Guidelines na ito ay nalalapat sa lahat ng investment ng Navis Decarbonization Fund I.

4. Mga Tungkulin at Responsibilidad

Ang ESG at Climate Committee, na binubuo nina Rodney Muse, Nicholas Bloy, Michael Octoman, at Bence Szegedi, ang responsable sa pagtiyak ng epektibong pagpapatupad at operational arrangements ng Guidelines. Kabilang dito ang pagko-komunika ng Guidelines sa lahat ng mga empleyado ng Navis at sa NDF investment team, pati na rin ang pagre-review ng climate qualification evaluation information na inihahanda ng investment team.

Ang mga investment professionals ang responsable sa paghahanda ng mga kinakailangang impormasyon upang matukoy ang climate at social qualification, kabilang ang Project Screening Tool, sa tulong ng Climate at MRV specialist ng ESG team.

Ang Climate at MRV specialist ng ESG team ang responsable sa pagmamaneho at pagmo-monitor ng implementasyon ng Guidelines, pagpapanatili nito sa buong panahon ng investment, at pagbibigay ng gabay at suporta sa mga investment professionals at portfolio companies, katuwang ang Legal team.

5. Climate Finance Qualification

Upang maging kwalipikado ang isang transaksyon bilang climate finance, kinakailangan na ito ay:

- tumutupad sa Eligibility Criteria;

- maging kwalipikado bilang climate finance ayon sa Joint Report on Multilateral Development Banks (MDB) Climate Finance na inilathala noong Oktubre 2023, pati na rin sa Joint Methodology for Tracking Climate Change Adaptation Finance at sa Common Principles for Climate Mitigation Finance Tracking
- nakaayon sa Green Climate Fund's Integrated Results Management Framework ("IRMF"); at
- tumugon sa mga pamantayan ng Sustainable Finance Disclosure Regulation ("SFDR") Article 9.

5.1. Finance for the Mitigation of Climate Change

Sa ilalim ng MDB "Common Principles for Climate Mitigation Finance Tracking" methodology, maaaring ma-classify ang isang aktibidad bilang climate change mitigation ("Climate Change Mitigation") kung ito ay nakakaiwas o nakakapagpababa ng greenhouse gas (GHG) emissions, o nagpapataas ng kanilang sequestration, at sa gayon ay may malaking ambag sa pagpapatatag ng konsentrasyon ng GHG sa atmospera sa antas na nakakapigil sa mapanganib na anthropogenic interference sa climate system, alinsunod sa pangmatagalang temperature goal ng Paris Agreement.

Ang mitigation finance tracking ay maaaring project-based o component-based. Ang project-based ay ginagamit kapag ang buong proyekto ay itinuturing na mitigation activity. Halimbawa, isang renewable energy project o proyektong nakatuon sa pagpapabuti ng energy efficiency ng isang umiiral na pasilidad. Sa ganitong kaso, 100% ng investment sa proyekto ay maituturing na mitigation finance, kung natutugunan ang mga naaangkop na criteria. Ang competent-based naman ay ginagamit kapag bahagi lamang ng isang proyekto ang maituturing na mitigation activity. Halimbawa, ang pag-install ng energy-efficient equipment na bahagi lamang ng mas malaking capital expenditure project. Sa ganitong sitwasyon, ang katumbas na porsyento o bahagi ng proyekto lamang ang maituturing na mitigation finance.

5.2. Mga Pamantayan para sa Kwalipikasyon

NDF investments will adhere to the following investment criteria:

- Bansa: Dapat nasa Target Countries
- Exclusion List: Hindi dapat kabilang sa NDF Exclusion List ang investment (kabilang ngunit hindi limitado sa fossil fuels)
- E&S category: Hindi pinapayagan ang Category A projects
- Iba pang kondisyon:
 - Ang investment ay dapat magpakita ng additionality
 - Dapat maipakita na ito ang pinakamainam na available na intervention o teknolohiya para sa partikular na use case, isinasalang-alang ang mga alternatibo
 - Dapat may nasusukat na mitigation impact sa tCO₂e at may malinaw na adaptation/resilience indicators
 - Ang sektor at oportunidad ay dapat nakaayon sa Nationally Determined Contributions (NDCs) at National Adaptation Plans (NAPs) ng target country

5.3. Finance para sa Adaptation sa Climate Change

Layunin ng climate change adaptation na mabawasan ang mga panganib o kahinaan (vulnerabilities) dulot ng climate change at mapataas ang climate resilience. Upang mabilang ang isang investment, buo man o bahagi lamang, bilang adaptation finance, kinakailangan na ito ay:

- Ilahad ang konteksto ng kahinaan ng proyekto kaugnay ng climate change
- Magbigay ng malinaw na pahayag ng layunin na tugunan ang kahinaang ito bilang bahagi ng proyekto; at
- Ipakita ang malinaw at direktang ugnayan sa pagitan ng kahinaan at ng mga partikular na aktibidad ng proyekto

Ang methodology sa pag-track ng climate change adaptation finance ay sumusunod sa isang context- at location-specific, konserbatibo, at detalyadong approach. Tinutukoy lamang nito ang financing para sa mga bahagi, sub-bahagi, elemento, o porsyento ng investment na direktang nakakatulong o nagsusulong ng adaptation.

5.4. GCF IRMF Framework

Itinatag ng Integrated Results Management Framework (IRMF) ang walong (8) core indicators, kung saan ang unang apat ay nagsisilbing pangunahing quantitative metrics upang maiba ang mitigation at adaptation impacts.

Core Indicator 1 (Mitigation): Nabawas, naiwasan, o naalis/nasequester na GHG emissions

- Unit: tonelada ng carbon dioxide equivalent (tCO₂e)
- Disaggregation: ayon sa results area
- Suggested application: Lahat ng mitigation results areas

Core Indicator 2 (Adaptation): Direktang at hindi direktang mga benepisyaryong naabot

- Unit: bilang ng mga indibidwal
- Disaggregation: ayon sa kasarian (babae/lalaki) at results area
- Suggested application: Lahat ng adaptation results areas

Core Indicator 3 (Cross-cutting): alaga ng mga pisikal na asset na naging mas matatag laban sa epekto ng climate change at/o mas may kakayahang magbawas ng GHG emissions

- Unit: halaga sa USD
- Application: Parehong mitigation at adaptation

Core Indicator 4 (Cross-cutting): Ektarya ng natural resource areas na napasailalim sa pinahusay na low-emission at/o climate-resilient management practices

- Unit: ektarya
- Application: piling mitigation at adaptation areas

5.4.1. Enabling Environment Indicators

May apat (4) pang karagdagang core indicators na sumusukat kung paano nakakatulong ang mga investment sa paglikha ng mga kundisyon para sa isang paradigm shift:

- Core Indicator 5: Pagpapalakas ng mga institutional at regulatory frameworks
- Core Indicator 6: Deployment, pagpapalaganap, pag-develop o paglipat ng teknolohiya
- Core Indicator 7: Pag-develop o pag-transform ng merkado
- Core Indicator 8: Epektibong paglikha at pagbabahagi ng kaalaman at pagkatuto

5.5. SFDR Article 9

Alinsunod sa SFDR Article 9, ang mga investment ng NDF ay kailangang:

- mag-ambag sa isang environmental goal (climate mitigation at/o resilience at adaptation);

- hindi magdulot ng makabuluhang pinsala;
- Sumunod sa mga prinsipyo ng maayos na pamamahala;
- nakaayon sa EU Taxonomy; at
- I-track ang Principal Adverse Impacts (PAIs).

6. Paraan ng Navis sa Pag-integrate ng Guidelines sa Investment Process

6.1. Pre-Investment

Matapos masuri ang target investment laban sa Navis Responsible Investment Exclusion List at maikategorya ayon sa Navis ESG Screening and Categorization Guidelines, kokolektahin ng investment team at ng Climate at MRV specialist ng ESG team ang mga kaugnay na impormasyon, kabilang ngunit hindi limitado sa: eksaktong lokasyon ng underlying assets, paggamit ng proceeds, at mga aktibidad ng proyekto o kumpanya. Batay sa methodology na nakasaad sa Guidelines na ito, tutukuyin kung ang target investment ay kwalipikado bilang climate finance. Ang resulta ng qualification ay ilalahad sa deal alert at sa mga susunod na IC materials, at ihaharap sa ESG at Climate Committee.

Sa panahon ng ESG at climate due diligence, rerepasuhin ng Navis ESG team o ng external ESG consultants ang paunang qualification batay sa karagdagang impormasyong makukuha, at ia-update ito kung kinakailangan.

6.2. Investment Period

Sa panahon ng investment, imo-monitor at iuulat ng investment team ang paggamit ng proceeds. Batay rito, ang ESG team ay magbibigay ng update sa IC at sa ESG at Climate Committee nang regular, at hindi bababa sa isang beses kada taon, upang tiyakin kung patuloy na natutugunan ng investment ang qualification criteria.

Ang mga annual reporting requirements at proseso ay nakasaad sa NDF's ESMS Policy.

7. Training

Magbibigay ang Navis ng impormasyon at magsasagawa ng training kung kinakailangan upang matiyak na nauunawaan ng mga empleyado ang Guidelines. Ang Navis ESG team ay sasailalim din sa kaugnay na training o professional development upang mapanatili o mapahusay ang kanilang kakayahan at kompetensya.

8. Guidelines Review

Ang Guidelines na ito ay rerepasuhin nang regular at hindi bababa sa isang beses kada taon. Anumang pagbabago ay ipapaalam nang maayos.

9. References

Joint Report on Multilateral Development Banks Climate Finance

<https://publications.iadb.org/en/2022-joint-report-multilateral-development-banks-climate-finance>

Joint Methodology for Tracking Climate Change Adaptation Finance

<https://thedocs.worldbank.org/en/doc/20cd787e947dbf44598741469538a4ab-0020012022/original/20220242-mdbs-joint-methodology-climate-change-adaptation-finance-en.pdf>

Common Principles for Climate Mitigation Finance Tracking

<https://www.worldbank.org/content/dam/Worldbank/document/Climate/common-principles-for-climate-mitigation-finance-tracking.pdf>

ICMA Social Bond Principles

<https://www.icmagroup.org/sustainable-finance/the-principles-guidelines-and-handbooks/social-bond-principles-sbp/>

SASB Standards

<https://sasb.org/standards/>

GCF IRMF Framework

<https://www.greenclimate.fund/sites/default/files/decision/b29/decision-b29-01-b01-a01.pdf>

10. Document Change Control

Document ID:		ESGMS-NDF-PC-POL-006			
Revision Number	Author	Document Status/ Change	Reviewer	Approver	Effective Date
00	B. Szegedi	New Procedure	M Octoman	M Octoman	01 Oct 2025
01	B. Szegedi	Included GCF comments	M Octoman	M Octoman	08 Jan 2026

Appendix H Limited ESIA Template

Executive Summary

Isang maikli ngunit malinaw na buod ng portfolio company at/o ng project, kasama ang layunin nito, kasalukuyang operasyon at kabuuang konteksto, mga mahahalagang environmental at social impacts, mga inirerekomendang mitigation at enhancement measures, mga panukalang monitoring, at ang antas ng commitment ng portfolio company sa pagpapatupad ng mga rekomendasyon at panukalang ito.

Project Description

Paglalarawan ng portfolio company at/o project sa loob ng kanyang heograpikal, environmental, at socio-economic na konteksto. Dapat kasama rito ang impormasyon kung ang portfolio company at/o project ay bahagi ng mas malawak na development plan at kung paano ito konektado rito. Dapat ding maglaman ng sistematikong paghahambing ng mga posibleng alternatibo sa proyekto gaya ng lokasyon, teknolohiya, o disenyo batay sa kanilang potensyal na environmental at social impacts.

Legal at Other Requirements

Paglalahad ng policy, legal, at administrative context ng ESIA, kasama ang buod ng mga environmental at social requirements ng mga investors at ng mga naaangkop na regional at global conventions o agreements. Kung naaangkop, dapat ding ilahad ang timeframe para sa public consultation, project appraisal, at implementation. Kasama sa seksyong ito ang regulatory framework ng host country, pati na ang mga regional at international standards, guidelines, at mga treaties o kasunduang naaangkop sa proyekto.

Baseline Environmental at Social Conditions

Paglalarawan ng mga kaugnay na aspeto ng pisikal at natural na kapaligiran, pati na ng socio-economic na kalagayan sa mga lugar na apektado ng kasalukuyang operasyon. Maaaring kabilang dito ang:

- Air emissions at ingay
- Mga biological at ecological resources (hayop, halaman, biodiversity, protected species, critical habitats, ecosystems)
- Mga salik na may kinalaman sa klima at climate change (halimbawa, greenhouse gas emissions, kabilang ang mula sa land use, land use change & forestry, at mga sektor ng populasyon na pinaka-apektado ng climate change)
- Cultural heritage
- Geomorphology and geology
- Lupa (nakaraan at kasalukuyang gamit)
- Mga pattern ng land use
- Landscape and visual aspects
- Material assets
- Mitigation potential at mga impact na may kaugnayan sa adaptation
- Iba pang social issues (komunidad, settlement patterns at residential properties, vulnerable groups)
- Pampubliko at/o site-specific na transportation system
- Socio-economic status ng populasyon (nakahiwalay o disaggregated ayon sa kasarian, edad, etnisidad, at iba pang social characteristics)
- Kalagayan ng lupa (organic matter, erosion, compaction)
- Stakeholder engagement practices
- Tubig (accessibility, dami at kalidad, surface at groundwater) at wastewater management
- Trapiko
- Kalusugan at kaligtasan ng mga manggagawa at ng publiko

Identification of Potential Impacts (Pagkilala sa mga Posibleng Epekto)

Pagkilala sa mga posibleng environmental at social impacts na maaaring maiugnay sa kasalukuyang operasyon, kabilang ang mga indirect at cumulative impacts. Ang mga impact na malabong mangyari o itinuturing na hindi gaanong mahalaga ay dapat ding itala, kasama ang paliwanag kung bakit ito itinuturing na unlikely o insignificant.

Pagkilala at paglarawan (characterization) ng mga positibo at negatibong environmental at social impacts batay sa laki o tindi (magnitude), kahalagahan (significance), kung mababalik pa (reversibility), lawak (extent), at tagal (duration). Dapat ding tukuyin sa bahaging ito ang mga oportunidad para sa environmental at social enhancement, pati na ang mga pangunahing uncertainties at data gaps. Kung naaangkop, isasama rin sa evaluation ang kasalukuyang operasyon at ang iba pang posibleng future phases tulad ng construction phase, operation and maintenance phase, at closure at decommissioning phase.

Management of Impact and Mitigation Measures (Pamamahala ng mga Epekto at Mitigation Measures)

Paglalahad ng mga praktikal at cost-effective na hakbang para maiwasan, mabawasan, ma-mitigate, o makompensahan ang mga environmental at social impacts hanggang sa katanggap-tanggap na antas, at para matugunan ang iba pang environmental at social issues. Kasama rin dito ang paglalatag ng mga hakbang na makapagpapabuti o makapagpapalakas sa environmental at social aspects sa lugar na appektado ng portfolio company at/o proyekto, pati na ng kasalukuyang operasyon.

Implementation Arrangements (Mga Arrangement para sa Pagpapatupad)

Paglalarawan kung paano ipatutupad ang mga natukoy na mitigation measures, kabilang ang malinaw na pagtatalaga ng mga tungkulin at responsibilidad, mga timeline o target na petsa, at impormasyon tungkol sa budget (kung available).

Stakeholder Engagement

Paglalahad ng mga natukoy na stakeholders at ng plano kung paano makikipag-ugnayan sa iba't ibang stakeholders, kabilang ang mga komunidad, sa buong lifecycle ng portfolio company at/o project. Dapat ding ilarawan dito ang mga estratehiya at mekanismo para sa external communication, pagbibigay o paglalabas ng impormasyon (information disclosure), at pag-uulat sa mga komunidad.

Grievance Redress Mechanism

Paglalarawan ng grievance redress mechanism, kabilang ang proseso ng pagtanggap, pag-iimbestiga, at pagresolba ng mga reklamo o hinaing. Dapat ding ipaliwanag kung paano ibinabalik o ipinapaalam sa mga komunidad at stakeholders ang status at resolusyon ng mga reklamo.

Monitoring Plan

Paglalarawan kung paano sa aktwal na operasyon imo-monitor at ima-manage ang environmental at social impacts at mga kaugnay na isyu. Kung maaari, dapat magbigay ng estimate para sa capital expenditure at operation and maintenance costs. Dapat isaalang-alang ang kasalukuyang operasyon at ang iba pang posibleng future phases tulad ng construction phase, operation and maintenance phase, at closure at decommissioning phase.

Appendix I Environmental at Social Due Diligence Template

Executive Summary

Isang maikli ngunit malinaw na buod ng portfolio company at/o ng project, kasama ang layunin nito, kasalukuyang operasyon at kabuuang konteksto, mga mahahalagang environmental at social impacts, mga inirerekomendang mitigation at enhancement measures, mga panukalang monitoring, at ang antas ng commitment ng portfolio company sa pagpapatupad ng mga rekomendasyon at panukalang ito.

Saklaw ng Assessment

Paglalarawan kung ano ang magiging pokus ng assessment, kabilang ang pisikal na saklaw nito, ang mga proseso at operasyong susuriin, at ang panahong sakop ng pagsusuri.

Applicable Framework at Standards

Paglalarawan ng mga naaangkop na environmental at social frameworks at standards na pagbabatayan sa pag-review ng portfolio company at/o project. Dapat ding isama sa seksyong ito ang regulatory framework ng host country, pati na ang mga regional at international standards, guidelines, at mga treaties o kasunduang naaangkop.

Methodology

Pangkalahatang paglalarawan ng approach na ginamit sa pagsasagawa ng assessment, kabilang ang mga dokumentong nireview, site reconnaissance, paraan ng pag-interview, sampling plan, at field investigation, kung naaangkop.

Project Description

Paglalarawan ng portfolio company at/o project sa loob ng kanyang heograpikal, environmental, at socio-economic na konteksto. Dapat magbigay ang seksyong ito ng detalyadong impormasyon tungkol sa mga pisikal na assets, workforce, at iba pang mahahalagang detalye na magbibigay-linaw sa kasalukuyang kalagayan ng portfolio company at/o project.

Project Categorization

Paglalarawan ng project categorization ng portfolio company at/o project batay sa E&S risk categorization ng Navis at GCF, kasama ang paliwanag o batayan kung bakit ito napabilang sa naturang kategorya.

Environmental at Social Compliance Review

Inilalahad sa seksyong ito ang compliance status ng portfolio company at/o project kaugnay ng mga naaangkop na E&S framework at standards. Kasama rito ang paglalarawan ng kasalukuyang practices ng portfolio company at ang anumang gaps na natukoy. Dapat ding magbigay ang assessment na ito ng risk rating (low, medium, o high) upang matulungan ang portfolio company na ma-prioritize kung aling mga gaps ang dapat unahin.

Environmental and Social Action Plan (ESAP)

Isang detalyadong action plan na kailangang ipatupad ng portfolio company at/o project upang ma-address ang mga natukoy na gaps at/o ma-mitigate ang mga environmental at social risks. Dapat malinaw na ilahad sa ESAP ang isyu, ang mga kailangang aksyon ng portfolio company, ang priority level, at ang target timeline para sa pagkumpleto.

Annexes

Kasama sa seksyong ito ang mga reference, kopya ng interview forms, karagdagang impormasyon tungkol sa methodology, at iba pang data na nakuha mula sa assessment ngunit hindi isinama sa pangunahing bahagi ng report.

Appendix K NDF Indigenous Peoples Policy Framework (*Balangkas ng Polisiya para sa mga Katutubo*)



**NAVIS DECARBONIZATION FUND
INDIGENOUS PEOPLES POLICY FRAMEWORK
(Balangkas ng Polisiya para sa mga Katutubo)
Enero 2026**





TABLE OF CONTENTS

1.	Panimula	3
2.	Saklaw	3
3.	Pagdadaglat at mga Kahulugan	3
4.	Mga Tungkulin at Responsibilidad	4
5.	Mga Kinakailangan sa Polisiya	4
5.1.	Screening para sa mga Katutubo o IP	4
5.2.	Social Assessment	4
5.3.	Free, prior and informed consultation	5
5.4.	Indigenous Peoples Plan	6
6.	Disclosure	6
7.	Monitoring and Reporting	6
8.	Mga Reklamo at Hinaing	7
9.	Review	7
10.	References	7

Document ID:		ESGMS-NDF-POL-007 Navis Decarbonization Fund Indigenous Peoples Policy Framework			
Revision Number	Author	Document Status/ Change	Reviewer	Approver	Effective Date
00	P Gonzales	New Procedure	B Szegedi	M Octoman	03 Jun 2025
01	P Gonzales	Included GCF comments	B Szegedi	M Octoman	Jan 2026

1. Panimula

Nangangako ang Navis sa practice ng responsible investing at naniwalang malaking factor ito para mapaganda ang performance ng isang kumpanya sa pamamagitan ng sustainable growth, mas maayos na operations, at mas maayos na risk management.

Sa pagpapatakbo nito gamit ang Responsible Investment Policy at Environmental and Social Management System (ESMS), ginagabayan ang mga aktibidad ng negosyo ng Navis ng mga polisiyang ito upang matiyak ang tuloy-tuloy at komprehensibong pagsasama ng Environmental at Social (E&S) considerations sa buong investment process.

Isinasagawa ng Navis ang masusing due diligence at patuloy na portfolio monitoring upang maunawaan ang operational at E&S risks ng mga investment nito. Kinikilala rin ng Navis na may ilang industriya at sektor kung saan ito nag-ooperate na maaaring magkaroon ng epekto sa mga Indigenous Peoples (IP) at mga katutubong grupo. Ang NDF ESMS ay tumutukoy sa NDF Indigenous Peoples Policy Framework na ito kung may matukoy na presensya ng Indigenous Peoples sa anumang pre-investment assessment, lalo na sa panahon ng Environmental and Social Due Diligence.

Layunin ng policy na ito na ilahad ang proseso ng Navis sa pamamahala ng mga potensyal na panganib at epekto sa Indigenous Peoples kung ang isang proyekto o investment ay mag-trigger ng ganitong risk.

2. Saklaw

Ang policy na ito ay nalalapat sa mga investment sa Navis' Decarbonization Fund (NDF), kabilang ang mga acquisition na iminungkahi ng alinman sa mga portfolio companies.

Dinisenyo ang policy na ito upang matiyak na ang mga Katutubo o Indigenous Peoples (IP) na naroroon sa lugar ng proyekto, maging ito man ay nasa loob ng ancestral domain o hindi, ay maayos na naipapaalam at nakokonsulta nang makabuluhan. Layunin ng framework na ito na matiyak ang mas malinaw at tiyak na pagbabahagi ng mga benepisyo ng investment, at talakayin ang mga mitigation measures kung sakaling may mga negatibong epekto na hindi kayang ganap na maiwasan.

3. Pagdadaglat at mga Kahulugan

ESIA – Environmental and Social Impact Assessment

Free, Prior and Informed Consent (or Consultation) (FPIC) – Walang iisang depinisyon na kinikilala sa buong mundo para sa FPIC. Ang FPIC ay nakabatay at nagpapalawak sa proseso ng informed consultation at participation, at dapat itong maitatag sa pamamagitan ng negosasyong isinagawa nang may mabuting loob (good faith negotiation) sa pagitan ng portfolio company at ng mga apektadong komunidad ng IP. Dapat idokumento ng portfolio company ang: (i) ng prosesong kapwa tinanggap ng portfolio company at ng mga apektadong komunidad ng IP, at (ii) ang ebidensya ng kasunduan ng mga partido bilang resulta ng negosasyon. Hindi kinakailangan ng FPIC ang ganap na pagkakaisa (unanimity) at maaari itong makamit kahit may ilang indibidwal o grupo sa loob ng komunidad na hayagang hindi sumasang-ayon.

Grievance Mechanism – isang mekanismo upang tumanggap at tumulong sa pagresolba ng mga alalahanin at reklamo ng mga Katutubo o IP.

Indigenous Peoples (IP) – walang iisang depinisyon na kinikilala sa buong mundo para sa mga Katutubo o Indigenous Peoples, at ito ay isang nagbabagong termino. Maaaring gamitin ang iba't ibang tawag tulad ng indigenous ethnic minorities, minority nationalities, first nations, o tribal groups upang tukuyin ang Indigenous Peoples. Sumangguni sa GCF Indigenous Peoples Policy para sa karagdagang gabay.

Navis Decarbonization Fund Indigenous Peoples Policy Framework	Document ID:	ESGMS-NDF-POL-007
	Revision:	01
	Effective Date:	Jan 2026
	Page number:	3

Indigenous Peoples Plan (IPP) – isang dokumento na naglalaman ng mga hakbang upang mabawasan at/o makompensahan ang mga negatibong epekto at/o mapahusay ang mga benepisyo para sa mga IP sa paraang naaayon sa kanilang kultura. Ang isang standard outline para sa IPP ay makikita sa **Attachment A**.

NGO– Nongovernmental Organizations

4. Mga Tungkulin at Responsibilidad

Ang mga tungkulin at responsibilidad ay ang mga sumusunod:

Role	Responsibility
Navis	<ul style="list-style-type: none"> I-komunika ang Indigenous Peoples Policy Framework (IPPF) at ang mga requirements nito sa mga portfolio companies Magtago ng mga kopya ng kaugnay at kinakailangang dokumento sa Navis Drive para sa reference at data control Tumugon sa mga kaugnay na impormasyon at mga katanungan mula sa IP groups at sa portfolio company I-screen ang mga proyekto ng portfolio company alinsunod sa Navis Decarbonization Fund E&S Screening and Categorization Policy and Procedure
Portfolio Company	<ul style="list-style-type: none"> Unawain at sumunod sa policy na ito Mag-engage ng mga third-party experts upang magsagawa ng Social Assessment o Environmental and Social Impact Assessment, kabilang ang FPIC Bumuo at magpatupad ng Indigenous Peoples Plan (IPP) sa pakikipagtulungan sa Navis at sa mga third-party experts I-monitor at iulat sa Navis ang implementasyon ng IPP
Indigenous Peoples Community o mga kinatawan	<ul style="list-style-type: none"> Lumahok sa mga consultation sessions Magbigay ng komento sa IPP
GCF at iba pang stakeholders	<ul style="list-style-type: none"> Magbigay ng komento sa IPP I-review ang implementasyon ng IPPF

5. Mga Kinakailangan sa Polisiya

Ang antas ng detalye na kailangan upang matugunan ang mga requirements na ito ay dapat naaayon sa pagiging kumplikado ng iminungkahing proyekto ng portfolio company at proporsyonal sa kalikasan at lawak ng mga posibleng epekto nito sa Indigenous Peoples (IP), maging ito man ay negatibo o positibo. Dapat itong matukoy batay sa assessment ng mga aktibidad ng proyekto, kalagayan ng mga lokal na komunidad, at mga epekto ng proyekto.

5.1. Screening para sa mga Katutubo o IP

Isinasagawa ng Navis ang ESG screening at pagkakategorya sa pre-investment stage. Ang paunang screening ay isang desk-based na proseso para sa lahat ng potensyal na investment, na kinabibilangan ng pagsusuri laban sa Navis Exclusion List at pag-review ng anumang publicly available na impormasyon, at pagtukoy ng ESG risk category ng potensyal na investment.

Bahagi ng screening process ang maagang pagtukoy kung may posibleng presensya ng mga Katutubo o IP. Kung may pag-aalinlangan kung ang mga lokal na komunidad ay maituturing na IP, kokonsulta ang Navis sa mga komunidad, lokal na NGOs, mga eksperto na may sapat na kaalaman, at mga kinatawan ng pamahalaan, kung naaangkop.

5.2. Social Assessment

Kapag natukoy na may presensya ng IP sa lugar ng proyekto ng portfolio company, susuriin ng Navis ang partikular na kalagayan ng mga apektadong komunidad at ang mga positibo at negatibong epekto ng proyekto sa kanila. Ang

Navis Decarbonization Fund Indigenous Peoples Policy Framework	Document ID:	ESGMS-NDF-POL-007
	Revision:	01
	Effective Date:	Jan 2026
	Page number:	4

antas ng detalye ng assessment ay nakadepende sa mga aktibidad ng proyekto at sa epekto nito sa mga lokal na komunidad. Karaniwan, ito ay bahagi ng mas malawak na assessment tulad ng Environmental and Social Impact Assessment (ESIA). Mag-eengage ang Navis ng isang third-party advisor upang magsagawa ng ESIA alinsunod sa IFC Performance Standards framework, o ibang assessment na nakaayon sa parehong framework at tumutukoy sa mga environmental at/o social risks, mga oportunidad, at mga iminungkahing mitigation measures. Kung mayroon nang ESIA o katulad na ulat na inihanda ng target portfolio company o proyekto, maaaring magsagawa ng gap analysis.

Ang pangunahing layunin ng social assessment ay suriin ang mga posibleng positibo at negatibong epekto ng proyekto sa apektadong IP. Ginagamit din ito upang gabayan ang paghahanda ng proyekto, upang matiyak na ang mga aktibidad ay naaayon sa kultura ng komunidad, mapapalakas ang mga benepisyo para sa target groups, at may mataas na posibilidad na maging matagumpay sa umiiral na socioeconomic at kultural na konteksto.

Dapat ding isama sa assessment ang mga detalye ng anumang partikular na legal requirements batay sa hurisdiksyon ng proyekto ng portfolio company. Maaaring may mga batas na nangangailangan ng karagdagang dokumentasyon, permit, o konsultasyon kapag ang IP communities ay apektado ng proyekto. May ilang hurisdiksyon din na may partikular na government agencies o task forces na nangangasiwa sa pakikipag-ugnayan sa IP communities.

5.3. Free, prior and informed consultation

Isasagawa ng portfolio company o proyekto ang proseso ng free, prior and informed consultation (FPIC) kasama ang mga apektadong komunidad ng IP sa yugto ng paghahanda ng proyekto. Layunin nitong ipaalam ang proyekto, lubos na maunawaan ang kanilang mga pananaw, makakuha ng malawak na suporta mula sa komunidad, at makabuo ng disenyo ng proyekto at mga safeguard instruments. Sa karamihan ng mga kaso, ang prosesong ito ay pinakamainam na isinasama bilang bahagi ng social assessment o ESIA, bagama't maaaring magpatuloy ang konsultasyon kahit matapos ang assessment.

Ang lawak ng konsultasyon ay nakadepende sa mga aktibidad ng proyekto, sa epekto nito sa mga lokal na komunidad, at sa kalagayan ng mga apektadong IP. Sa minimum, dapat maipalam sa mga lokal na komunidad ang tungkol sa proyekto, hingin ang kanilang mga pananaw, at ipaliwanag kung paano sila maaapektuhan, positibo man o negatibo, sa panahon ng implementasyon.

Maaaring kabilang sa konsultasyon ang mga sumusunod, kung naaangkop:

- Ipaalam sa mga apektadong indigenous communities ang mga layunin at aktibidad ng proyekto
- Talakayin at suriin ang mga posibleng negatibong epekto at mga paraan upang maiwasan o mabawasan ang mga ito
- Talakayin at suriin ang mga potensyal na benepisyo ng proyekto at kung paano ito mapapalakas
- Talakayin at suriin ang paggamit ng lupa at likas na yaman at kung paano mapapabuti ang pamamahala nito
- Tukuyin ang mga customary rights sa lupa at likas na yaman at mga posibleng paraan upang mapalakas ang mga ito
- Tukuyin at talakayin ang mga posibleng alitan sa ibang komunidad at kung paano ito maiiwasan
- Kunin at isama ang indigenous knowledge sa disenyo ng proyekto
- Tiyakin at patunayan ang malawak na suporta ng komunidad sa proyekto
- Bumuo ng estratehiya para sa partisipasyon at konsultasyon ng IP sa panahon ng implementasyon ng proyekto, kabilang ang monitoring at evaluation.

Ang lahat ng impormasyong ibibigay sa IP ay dapat nasa paraang naaayon sa kanilang lokal na pangangailangan. Dapat tiyakin ang inklusibong partisipasyon ng lahat ng miyembro ng komunidad, kabilang ang mga kababaihan at iba't ibang henerasyon at social groups. Dapat gamitin ang lokal na wika upang mapalawak ang partisipasyon at pag-unawa.

Navis Decarbonization Fund Indigenous Peoples Policy Framework	Document ID:	ESGMS-NDF-POL-007
	Revision:	01
	Effective Date:	Jan 2026
	Page number:	5

Kung ang mga indigenous communities ay organisado sa mga community associations o umbrella organizations, dapat silang konsultahin. Sa ilang pagkakataon, maaaring kailanganing isama o gamitin ang mga independent entities na pinagkakatiwalaan ng komunidad, tulad ng mga lokal na NGO at/o IP experts.

Lahat ng FPIC processes at ang mga resulta ng mga talakayan ay dapat maayos na idokumento.

5.4. Indigenous Peoples Plan

Batay sa isinagawang konsultasyon at social assessment, maghahanda ng project-specific Indigenous Peoples Plan (IPP) para sa mga proyektong may epekto sa mga komunidad ng IP.

Ang nilalaman ng IPP ay nakadepende sa uri ng mga aktibidad ng proyekto at sa lawak ng epekto nito sa mga IP. May nakalaang standard outline para sa IPP sa **Attachment A**. Gayunpaman, sa minimum, dapat kabilang sa IPP ang mga sumusunod:

- Paglalarawan ng mga Indigenous Peoples na maaapektuhan ng proyekto
- Buod ng iminungkahing proyekto ng portfolio company
- Detalyadong paglalarawan ng isinagawang proseso ng partisipasyon at konsultasyon
- Paglalarawan kung paano titiyakin ng proyekto ang pagbibigay ng mga benepisyong angkop sa kultura at kung paano maiiwasan o mababawasan ang mga negatibong epekto
- Paglalarawan ng badyet
- Mga mekanismo para sa pagtanggap at pagresolba ng mga reklamo at alitan
- Sistema ng monitoring at evaluation na kinabibilangan ng pagsubaybay sa mga partikular na isyu at hakbang na may kinalaman sa mga indigenous communities.

Ang IPP ay bubuuin ng portfolio company sa pakikipagtulungan at suporta ng Navis at/o mga third-party advisors o eksperto.

6. Disclosure

Bago pinal na aprubahan ang Indigenous Peoples Plan (IPP), ang draft nito ay dapat ihayag kasama ang mga pangunahing natuklasan mula sa social assessment sa paraang angkop sa kultura ng apektadong komunidad ng IP. Ang IPP ay dapat ipalaganap sa lokal na wika o sa iba pang anyo na madaling maunawaan ng mga apektadong komunidad. Karaniwang kabilang sa dissemination ang paggamit ng oral communication methods (halimbawa, community meetings o assemblies) upang maipaliwanag nang malinaw ang mga iminungkahing plano at hakbang.

Pagkatapos makumpleto, ibabahagi ng Navis ang pinal na IPP sa GCF.

7. Monitoring and Reporting

Ang portfolio company at Navis ay magsasagawa ng regular na monitoring sa pagpapatupad ng Indigenous Peoples Plan (IPP), na may partikular na pagtutok sa mga sumusunod:

- Pagpapatunay ng pagsunod sa mga kinakailangan ng Indigenous Peoples Policy Framework (IPPF)
- Pagtukoy kung ang IPP ay naipatutupad ayon sa plano at naaayon sa mga napagkasunduang hakbang
- Pagdodokumento ng lahat ng pulong, assemblya, at iba pang pagtitipon na isinagawa sa panahon ng monitoring, kung saan ang mga kopya ay ibibigay sa apektadong IP community at sa mga kaugnay na ahensiya ng pamahalaan na may hurisdiksyon sa lugar
- Pagsusuri kung naipatupad ang mga rekomendadong aksyon mula sa mga nakaraang monitoring reports.

Ang dalas ng monitoring at/o site visits sa IP community ay ibabatay sa antas ng panganib at epekto sa mga apektadong IP na natukoy sa naunang assessment

babahagi ng Navis ang mga monitoring reports sa GCF.

Navis Decarbonization Fund Indigenous Peoples Policy Framework	Document ID:	ESGMS-NDF-POL-007
	Revision:	01
	Effective Date:	Jan 2026
	Page number:	6

8. Mga Reklamo at Hinaing

Sa panahon ng pagpapatupad ng proyekto, maaaring magkaroon ng mga reklamo o hinaing mula sa mga stakeholder. Ang portfolio company o proyekto ay magtatatag ng isang grievance mechanism upang tumanggap at magbigay ng resolusyon sa mga alalahanin at reklamo ng mga apektadong IP kaugnay ng environmental at social performance ng proyekto. Ang grievance mechanism ay dapat naayon sa antas ng panganib at posibleng masasamang epekto ng proyekto at idisenyo na ang pangunahing gumagamit ay ang mga apektadong IP. Ito ay dapat magsumikap na maresolba ang mga isyu agad-agad, gumagamit ng malinaw, nauunawaan at transparent na proseso ng konsultasyon na naangkopt at madaling ma-access, at nang walang bayad at walang anumang uri ng paghihiganti sa nagrereklamo.

Ipapaalam ng portfolio company ang grievance mechanism sa mga apektadong IP sa panahon ng konsultasyon. Ang lahat ng apektadong IP households ay bibigyan ng impormasyon tungkol sa mekanismo sa pamamagitan ng mga community assemblies at/o sa tulong ng mga lider ng komunidad ng IP. Hihingin ang suporta ng mga IP community leaders upang matiyak na ang mekanismo ay madaling ma-access ng lahat ng miyembro ng komunidad.

Lahat ng kaso ng reklamo ay dapat maitala nang maayos, kabilang ang uri ng reklamo, mga sangkot na Partido, mga detalye ng mga talakayan o deliberasyon, at mga napagkasunduang resolusyon o nagging desisyon.

Ang Independent Redress Mechanism (IRM) ng Green Climate Fund (GCF) ay tumatanggap din ng mga reklamo mula sa mga taong naapektuhan ng mga proyektong pinondohan ng GCF, kabilang ang Navis Decarbonisation Fund (NDF). Maaaring magsumite ng reklamo sa: <https://irm.greenclimate.fund/case-register/file-complaint>. Ang link na ito ay bukas sa sinumang nais magsampa ng reklamo laban sa anumang portfolio company o proyekto sa ilalim ng NDF. Mayroon ding GCF Indigenous Peoples (IP) Specialist na maaaring tumulong sa pagresolba ng mga isyung may kinalaman sa IP.

9. Review

Regular na nire-review ang polisiyang ito na hindi bababa sa isang beses kada taon. Anumang mga pagbabago ay gagawin at ipapatupad.

10. References

GCF Revised Environmental and Social Policy

[GCF Indigenous Peoples Policy](#)

[GCF Operational Guidelines: Indigenous Peoples Policy](#)

[IFC Performance Standards \(2012\)](#)

Navis Responsible Investment Policy

Navis Environmental and Social Management System

Navis Decarbonization Fund Indigenous Peoples Policy Framework	Document ID:	ESGMS-NDF-POL-007
	Revision:	01
	Effective Date:	Jan 2026
	Page number:	7




Figure 1. Proseso ng Indigenous People Policy Framework

Navis Decarbonization Fund Indigenous Peoples Policy Framework	Document ID:	ESGMS-NDF-POL-007
	Revision:	01
	Effective Date:	Jan 2026
	Page number:	8




Figure 1. Proseso ng Indigenous People Policy Framework (pinagpatuloy)

Attachment A: Standard Outline para sa Indigenous Peoples Plan

Ang Indigenous Peoples Plan (IPP) ay ginagawa sa isang flexible at praktikal na paraan. Ibig sabihin, ina-adjust ang level ng detalye depende sa klase ng investment at sa uri ng mga risk at epekto na kailangang tugunan.

Ang IPP ay may mga sumusunod na bahagi:

1. **Executive summary:** Maikling buod ng pinakamahalagang impormasyon, pangunahing findings, at mga rekomendadong aksyon.
2. **Description of project:** Pangkalahatang paliwanag tungkol sa proyekto, kasama ang mga bahagi at aktibidad nito na maaaring makaapekto sa mga katutubong komunidad.
3. **Baseline information:** Buod ng mahalagang impormasyon tungkol sa kasalukuyang kalagayan ng mga katutubo, kasama ang profile ng komunidad (pati na ang mga kababaihang katutubo), kanilang sitwasyon at kabuhayan, at paglalarawan ng mga likas na yaman na kanilang pinagkukunan ng ikinabubuhay..
4. **Mahahalagang findings at pagsusuri ng epekto risk at oportunidad:** Buod ng mga natuklasan, pagsusuri ng mga posibleng epekto (positibo at negatibo), mga risk at oportunidad, at mga rekomendadong hakbang para maiwasan o mabawasan ang masamang epekto, mapalakas ang magagandang epekto, at mapangalagaan ang kanilang likas na yaman..
5. **Mga hakbang para mabawasan ang masamang epekto at mapalakas ang positibong epekto:** Malinaw na paliwanag ng mga napagkasunduang hakbang matapos ang information sharing, konsultasyon, at pakikilahok ng komunidad para maiwasan o mabawasan ang negatibong epekto at mapahusay ang positibong resulta.
6. **Community-based natural resource management:** Paliwanag kung paano masisiguro na magpapatuloy ang mga pangunahing kabuhayan ng komunidad at mapapangalagaan ang kanilang tradisyonal at kultural na paraan ng pamumuhay.
7. **Resulta ng mga konsultasyon:** Paglalarawan ng proseso ng pagbibigay ng impormasyon, konsultasyon, at pakikilahok ng komunidad, kasama na kung naaangkop ang proseso ng FPIC.
8. **Benefit sharing plans:** Mga hakbang para masiguro na makikinabang ang mga katutubo sa mga oportunidad na dala ng proyekto sa paraang naaayon sa kanilang kultura.
9. **Tenure agreements:** This section describes who has rights over the targeted project land and how the legal status of the land will change under the project and what effect this has on rights-holder Paliwanag kung sino ang may karapatan sa lupang sakop ng proyekto, paano maaaring magbago ang legal na status ng lupa dahil sa proyekto, at ano ang magiging epekto nito sa mga may karapatans.
10. **Grievance redress mechanism:** Mga malinaw at madaling ma-access na proseso para maresolba ang mga reklamo o hinaing ng mga apektadong katutubong komunidad kaugnay ng pagpapatupad ng proyekto.
11. **Gastos, badyet, timeline, at tungkulin ng organisasyon:** Detalye ng mga gastusin, pondo, iskedyul ng pagpapatupad, at kung sino-sino ang may pananagutan sa bawat bahagi ng plano.
12. **Monitoring, evaluation and reporting:** Paglalarawan kung paano imo-monitor, susuriin at iuulat ang progreso ng IPP, kasama ang mga responsibilidad, gaano kadalas ito gagawin, paano kukunin ang feedback, at paano gagawin ang mga kinakailangang corrective actions.

Appendix L NDF Land Acquisition and Resettlement Framework (*Balangkas para sa Pagkuha ng Lupa at Resettlement*)



NAVIS DECARBONIZATION FUND
LAND ACQUISITION AND RESETTLEMENT FRAMEWORK
(Balangkas para sa Pagkuha ng Lupa at Resettlement)
June 2025





TABLE OF CONTENTS

1.	Panimula	3
2.	Saklaw	3
4.	Mga Tungkulin at Responsibilidad	4
5.	Mga Prinsipyo	4
6.	Legal na Balangkas	5
8.	Stakeholder Engagement at Consultation	9
9.	Mga Reklamo at Hinaing	9
10.	Monitoring	9
11.	Review	9
12.	References	9

Document ID:		ESGMS-NDF-POL-009 Navis Decarbonization Fund Land Acquisition and Resettlement Framework			
Revision Number	Author	Document Status/ Change	Reviewer	Approver	Effective Date
00	P Gonzales	New Procedure	B Szegedi	M Octoman	12 Jun 2025

1. Panimula

Nangangako ang Navis sa practice ng responsible investing at naniwalang malaking factor ito para mapaganda ang performance ng isang kumpanya sa pmamagitan ng sustainable growth, mas maayos na operations, at mas maayos na risk management.

Sa pagpapatakbo nito gamit ang Responsible Investment Policy at Environmental and Social Management System (ESMS), ginagabayan ang mga aktibidad ng negosyo ng Navis ng mga polisiyang ito upang matiyak ang tuloy-tuloy at komprehensibong pagsasama ng Environmental at Social (E&S) considerations sa buong investment process.

Malugod na tinatanggap ng Navis ang feedback mula sa aming mga stakeholder dahil nakakatulong ito para maresolba ang mga hindi pagkakaunawaan, mapalakas ang tiwala at kumpiyansa nila sa amin, at matukoy kung ano pa ang dapat ayusin o pagbutihin sa kasalukuyan at mga susunod pang operasyon.

Ang Land Acquisition and Resettlement Framework (LARF) na ito ay naglalatag ng mga pangkalahatang prinsipyo, kabuuang estratehiya, at proseso na susundin kung sakaling may proyekto o aktibidad ng alinmang portfolio company sa ilalim ng NDF na magdulot ng pisikal na paglipat o ekonomikong displacement. Magsisilbi itong gabay sa paggawa ng mas detalyadong Land Acquisition and Resettlement Plans kapag malinaw na kung ano ang eksaktong lawak at uri ng pagkuha ng lupa, limitasyon sa paggamit ng lupa, o pangangailangang mag-relocate dahil sa proyekto. Ang mga LARP ay maglalaman ng detalyadong impormasyon tungkol sa Project Affected People, mga pamantayan kung sino ang kwalipikado sa kompensasyon, at mga prosesong susundin sa implementasyon.

May sample outline ng LARP na makikita sa **Appendix A** bilang gabay.

2. Saklaw

Ang patakarang ito ay sumasaklaw sa lahat ng investments sa ilalim ng Navis Decarbonization Fund (NDF), kasama na ang mga pagbili ng negosyo na iminumungkahi ng alinmang portfolio company.

3. Pagdadaglat at mga Kahulugan

Affected Persons (Mga Apektadong Tao) – Mga tao, pamilya, o legal na entidad na naapektuhan ng mga pagbabago o aktibidad ng proyekto ng mga portfolio company—lalo na kung may kinalaman ito sa paggamit ng lupa, tubig, likas na yaman, o pagkawala ng pinagkakakitaan.

Compensation (Kompensasyon) – Bayad na maaaring pera o kapalit na bagay na dapat matanggap ng mga Apektadong Tao bilang kapalit ng lupa o iba pang ari-arian na kinuha para sa proyekto.

Cut-off date – ang itinakdang petsa kung kailan magsasara ang listahan ng mga taong kwalipikado para sa kompensasyon. Pagkatapos ng petsang ito, hindi na isasama sa listahan ng mga apektadong tao ang sinumang hindi nakalista sa opisyal na census.

Entitlement – tumutukoy ito sa kabuuang mga benepisyo at tulong na dapat ibigay sa mga apektadong tao, depende sa uri at lawak ng kanilang pagkawala. Maaaring kasama dito ang bayad na cash o kapalit na ari-arian, gastos sa paglipat, tulong para maibalik ang kabuhayan, allowance sa paglipat, pansamantalang suporta sa kita, at tulong para maibalik ang Negosyo, lahat para matulungan silang makabangon at maibalik ang kanilang kabuhayan at pamumuhay.

Livelihood restoration – ibig sabihin nito ay ang pagpapanumbalik ng kabuhayan at kakayahang kumita ng mga apektadong tao.

Involuntary resettlement – ito ay anumang paglipat na hindi kusang-loob, ngunit napipilitang lumikas sa batas o utos ng gobyerno.

Navis Decarbonization Fund Land Acquisition and Resettlement Framework	Document ID:	ESGMS-NDF-POL-009
	Revision:	00
	Effective Date:	12 June 2025
	Page number:	3

Land acquisition (Pagkuha ng Lupa) – ito ang proseso kung saan ang isang tao ay napipilitang ibigay o isuko ang buong lupa o bahagi ng lupa na pagmamay-ari o ginagamit niya sa isang ahensya ng gobyerno para sa pampublikong layunin, kapalit ng makatarungang bayad o kompensasyon.

Land Owner (May-ari ng Lupa) – isang tao o legal na entidad na gumagamit ng lupa batay sa karapatan ng pribadong pagmamay-ari, ibig sabihin, nabili niya ang karapatan sa lupa mula sa estado o gobyerno.

Rehabilitation (Rehabilitasyon) – tulong na ibinibigay sa mga apektadong tao para madagdagan o maibalik ang nawalang kita nila, nang sa gayon ay maibalik o mas mapabuti pa ang kanilang pamumuhay at kalidad ng buhay kumpara bago ang proyekto.

Vulnerable groups o people – tumutukoy sa mga taong maaaring mas maapektuhan ng proyekto dahil sa kanilang gender identity, sexual orientation, relihiyon, etnisidad, pagiging katutubo, edad, kapansanan, kahirapan, o katayuan sa lipunan. Madalas, mas limitado rin ang kakayahan nilang ipaglaban ang kanilang karapatan o makinabang sa mga benepisyo ng proyekto.

4. Mga Tungkulin at Responsibilidad

Ang mga tungkulin at responsibilidad ay ang mga sumusunod:

Role	Responsibility
Navis	<ul style="list-style-type: none"> I-komunika ang LARF at ang mga requirements nito sa mga portfolio companies Magtago ng mga kopya ng kaugnay at kinakailangang dokumento sa Navis Drive para sa reference at data control Tumugon sa mga kaugnay na impormasyon at mga katanungan mula sa portfolio company Subaybayan at iulat sa GCF ang mga trend o pattern ng mga natatanggap na reklamo
Portfolio Company	<ul style="list-style-type: none"> Unawain at sundin ang patakaranang ito Tanggapin at resolbahin ang mga reklamo nang kumpidensyal at sa tamang oras Magsagawa ng patas na imbestigasyon para matukoy ang ugat ng problema Magdaos ng pormal na meeting kasama ang mga sangkot na partido Subaybayan at i-report sa Navis ang mga trend o pattern ng mga natatanggap na reklamo
Apektadong stakeholder / Nagreklamo	<ul style="list-style-type: none"> I-raise ang mga reklamo gamit ang tamang at available na channels Makilahok sa mga naka-schedule na discussion o meeting para maayos ang reklamo (maliban kung anonymous ang complainant)
Third-party platform providers	<ul style="list-style-type: none"> Panatilihin at i-manage ang online platform at/o hotline para sa pagtanggap ng mga reklamo Siguraduhin ang pagiging kumpidensyal at pagiging anonymous ng complainant, kung ito ang hiling nila
GCF at iba pang stakeholders	<ul style="list-style-type: none"> I-review ang pagpapatupad ng LARF

5. Mga Prinsipyo

Ang mga sumusunod na prinsipyo sa pagkuha ng lupa at resettlement ay dapat sundin habang ipinapatupad ang proyekto:

1. Hangga't maaari, iiwasan ang sapilitang paglipat (involuntary resettlement) at pagkawala ng kabuhayan. Kung hindi talaga maiiwasan, maghahanap muna ng ibang design o paraan para mabawasan ang epekto nito.

Navis Decarbonization Fund Land Acquisition and Resettlement Framework	Document ID:	ESGMS-NDF-POL-009
	Revision:	00
	Effective Date:	12 June 2025
	Page number:	4

2. Kung hindi maiiwasan ang sapilitang paglipat, dapat kilalanin ang lahat ng apektadong tao at bigyan ng kompensasyon para sa mga nawala. Lahat ng kategorya ng apektado, may legal na titulo man o wala, ay may karapatang mabigyan ng kompensasyon.
3. Kapag may napilitang lumipat, dapat maibalik o mas mapabuti pa ang kanilang kabuhayan at pamumuhay. Puwedeng sa pamamagitan ng lupa, trabaho, o suporta sa negosyo para tuloy-tuloy ang kanilang kita at maayos ang kanilang kalagayang pangkabuhayan.
4. Ang pagkuha ng lupa ay dapat sumusunod sa batas ng bansa, sa GCF E&S Principles, IFC Performance Standard 5, sa dokumentong ito (LARF), at sa good international practice.
5. Maghahanda ng detalyadong Land Acquisition and Resettlement Plan (LARP) para sa bawat sub-project na mangangailangan ng pagkuha ng lupa, paglipat ng mga tao, o pagkawala ng kita dahil sa pagbabago ng paggamit ng lupa o access sa resources. Bawat LARP ay dadaan sa public consultation. Nakabatay ito sa updated at maaasahang impormasyon at kasama dito ang detalye ng proyekto, epekto nito, listahan ng mga apektadong tao at ari-arian, kanilang mga benepisyo at karapatan, pati mga legal na isyu o pagkakaiba ng lokal na batas kumpara sa IFC PS5 at LARF. Ang bawat LARF ay magkakaroon din ng detalyadong badyet at timeline.
6. Lahat ng apektadong tao ay dapat ma-inform at makonsulta sa paggawa, pagpapatupad, at pag-monitor ng LARP.
7. Magkakaroon ng baseline socio-economic survey at census para matukoy ang lahat ng gumagamit ng lupa, pormal man o impormal, kasama ang mga vulnerable tulad ng single mothers, biyuda/biyudo, may kapansanan, minority groups, at mga lubhang mahihirap.
8. Magtatakda ng cut-off date (para sa mga pormal at hindi pormal na mga may-ari ng lupa). Ang mga lumipat sa lugar matapos ang cut-off date ay hindi na makakatanggap ng kompensasyon. Ipapahayag ito sa publiko, halimbawa sa diyaryo, bulletin boards, at community meetings.
9. Lahat ng may-ari, nakatira, o gumagamit ng lupa sa oras ng cut-off date, may legal na titulo man o wala, ay may karapatan sa kompensasyon o tulong.
10. Kung pansamantalang gagamitin ang lupa para sa construction, babayaran ito at ibabalik sa maayos na kondisyon pagkatapos.
11. Dapat maibalik, at kung maaari ay mapabuti pa, ang antas ng pamumuhay at kabuhayan ng mga apektado sa pinakamaikling panahon.
12. Ang kompensasyon ay dapat ibigay bago pa man ang paglipat o paghihigpit sa access. Ang mga isyu ukol sa paraan ng pagbayad ay pag-uusapan at pagkakasunduan kasama ang mga may-ari ng lupa at mga apektadong pamilya. Ang cash na kompensasyon ay babayaran ng buo o hulugan, ayon sa napagkasunduang kontrata kasama ang mga apektadong miyembro ng pamilya. Ito ay idedeposito sa bank account na ituturo ng may-ari, na may pahintulot ng lahat ng apektadong miyembro ng pamilya. Kung may co-owners (halimbawa, mag-asawa), hahatiin ang bayad ayon sa napagkasunduan.
13. Bibigyan ng sapat na impormasyon at kokonsultahin ang mga Apektadong Tao ng Proyekto at komunidad para makalahok sila nang maaga at may sapat na kaalaman sa mga desisyon tungkol sa resettlement. Magkakaroon ng espesyal na suporta para sa vulnerable na tao o pamilya, depende sa kanilang sitwasyon.
14. Magkakaroon ng maayos at epektibong grievance mechanism para sa mabilis na pagtanggap at pagresolba ng mga reklamo tungkol sa kompensasyon at relokasyon.
15. Ang pagpapatupad ng land acquisition at livelihood restoration ay imo-monitor ayon sa institutional arrangements na nakasaad sa bawat LARP.

6. Legal na Balangkas

Ang portfolio company at mga proyekto nito ay susunod sa mga requirement ng pambansang batas ng bansang kanilang pinapatakbuhan, pati sa mga polisiya ng NDF, GCF, at IFC Performance Standards pagdating sa pagkuha ng lupa, sapilitang paglipat (involuntary resettlement), at pagkawala ng kabuhayan (economic displacement).

Navis Decarbonization Fund Land Acquisition and Resettlement Framework	Document ID:	ESGMS-NDF-POL-009
	Revision:	00
	Effective Date:	12 June 2025
	Page number:	5

Kung may hindi pagkakatugma o pagkakaiba sa pagitan ng lokal na batas at ng mga requirement sa framework na ito, susundin ng proyekto ang mas mahigpit o mas mataas na standard na nakasaad sa framework na ito. Ang mga posibleng isyu sa pagitan ng pambansang batas at ng framework na ito ay makikita sa Table 1 sa ibaba. Sa paghahanda ng bawat partikular na LARP, magsasagawa ng legal review at gap analysis, at ia-update ito kung kinakailangan para masigurong lahat ng natukoy na epekto at apektadong tao ay naisama sa pagsusuri at lahat ng posibleng kakulangan o pagkakaiba sa mga requirement ay maayos na natugunan.

Posibleng Isyu	Pangangailangan ng NDF Land Acquisition and Resettlement Framework	Posibleng Gaps at Mga Hakbang para Matugunan ang mga Ito
Sapilitang paglipat, pisikal o ekonomikong kawalan ng kabuhayan	<p>Saklaw ng involuntary resettlement ang parehong pisikal na paglipat at pagkawala ng kabuhayan.</p> <p>Kasama sa pagkuha ng lupa ang (a) pagbili ng mismong lupa, at (b) pagbili ng karapatan sa lupa (halimbawa, easement o right of way).</p> <p>Kasama rin ang pagpapataw ng mga restriksyon na nagreresulta sa pagkawala ng access ng mga tao sa pisikal na ari-arian o likas na yaman.</p>	<p>Maaaring hindi malinaw na kasama sa mga layunin ang pagpapanumbalik ng kabuhayan at antas ng pamumuhay ng mga apektadong tao.</p> <p>Bumuo at magpatupad ng Livelihood Restoration Plans o Frameworks sa lahat ng yugto ng proyekto.</p>
Proseso ng pagpapalano	<p>Kung may economic displacement, maaaring buo o bahagya, permanente o pansamantala, mag-aalok ng kompensasyon sa mga apektadong tao at komunidad. Ito ay dapat maisama sa Livelihood Restoration Plan o Framework, kung saan malinaw na nakasaad ang mga entitlement ng mga apektadong tao o komunidad. Dapat ding masiguro ng planong ito na naiintindihan ng mga apektadong tao ang proseso ng kompensasyon at alam nila kung ano ang aasahan sa bawat yugto ng proyekto.</p>	<p>Magsasagawa ng census at socio-economic survey sa mga apektadong kabahayan para matukoy ang mga vulnerable na grupo at mabigyan sila ng tamang tulong.</p> <p>Ang datos na ito ang gagamitin bilang gabay sa pagbuo at pagpapatupad ng mga subproject-specific Livelihood Restoration Plans o Frameworks.</p>
Socioeconomic survey at census	<p>Ang socio-economic survey ay dapat: (a) tukuyin ang mga taong maaapektuhan o malilipat dahil sa proyekto; (b) alamin kung sino ang kwalipikado para sa kompensasyon at tulong; at (c) gumawa ng imbentaryo ng mga apektadong lupa at ari-arian. Dapat ding isaalang-alang sa census ang mga seasonal users ng likas na yaman na maaaring wala sa project area noong isinagawa ang census. Ang census ay dapat gawin nang maaga para maiwasan ang pagdagsa ng mga taong hindi kwalipikado sa kompensasyon. Pagkatapos makumpleto ang census, dapat magtakda ng cut-off date.</p>	<p>Magsasagawa ng socio-economic survey at census para matugunan ang anumang kakulangan o posibleng gaps.</p> <p>Depende sa pinal na lokasyon ng mga proyekto, maaaring kailanganin ang karagdagang census.</p>
Mga vulnerable na mga grupo o tao	<p>Dapat bigyan ng espesyal na atensyon ang mga vulnerable na grupo na nakatira sa project area. Maaaring kabilang dito ang mga pamilyang pinamumunuan ng babae o menor de edad, mga taong may kapansanan, mga lubhang mahihirap, matatanda, at mga grupong nakakaranas ng</p>	<p>Dapat malinaw na matukoy ang mga vulnerable na grupo at bigyan sila ng angkop na kompensasyon at karagdagang tulong kung kinakailangan, upang maibalik o mapabuti ang kanilang kalagayan at antas ng pamumuhay.</p>

Navis Decarbonization Fund Land Acquisition and Resettlement Framework	Document ID:	ESGMS-NDF-POL-009
	Revision:	00
	Effective Date:	12 June 2025
	Page number:	6

Posibleng Isyu	Pangangailangan ng NDF Land Acquisition and Resettlement Framework	Posibleng Gaps at Mga Hakbang para Matugunan ang mga Ito
	diskriminasyong panlipunan at pang-ekonomiya, tulad ng mga katutubo at minority groups.	
Kompensasyon at timing	<p>Dapat maibalik ang kabuhayan at antas ng pamumuhay ng mga apektadong tao, kahit ano pa ang kanilang tenure o legal status sa lupa. Kung mas pipiliin ng displaced na tao ang cash compensation imbes na in-kind, dapat ibigay ang bayad batay sa full replacement cost. Hindi dapat isama ang depreciation o pagbaba ng halaga ng mga istruktura at ari-arian sa pag-compute ng kompensasyon.</p> <p>Kahit ang mga apektadong tao na walang legal na titulo o pormal na karapatan sa lupa ay may karapatan pa rin sa kompensasyon para sa pagkawala ng ani, mga puno, at iba pang istruktura (mga non-land assets).</p>	<p>Maaaring ang kompensasyon ay nakabatay lamang sa umiiral na valuation system o market value, at hindi sa replacement cost. Sa ilang lugar, maaaring wala ring maayos na land market kaya mahirap makuha ang tamang halaga. Upang matugunan ito, dapat kumuha ng independent o third-party valuator para tukuyin ang tamang kompensasyon batay sa replacement cost. Maari ring pag-usapan at pagkasunduan ang alternatibong paraan ng kompensasyon, tulad ng in-kind, depende sa sitwasyon at kagustuhan ng mga apektadong tao.</p>
Grievance mechanism	<p>Dapat magtatag ng grievance mechanism sa pinaka-maagang yugto pa lang ng proseso, para agad matanggap at matugunan ang mga partikular na reklamo o concern tungkol sa kompensasyon at reloksyon ng mga displaced na tao.</p> <p>Ang proseso ng grievance mechanism ay dapat mabilis at epektibong tumugon sa mga concern; gumamit ng malinaw, madaling maintindihan, at transparent na proseso na naangkop sa kultura ng komunidad at madaling ma-access ng lahat ng apektadong grupo. Wala rin itong bayad at walang anumang paghihiganti laban sa nagreklamo.</p>	<p>Maaaring may kakulangan sa pagkakaroon ng non-judicial grievance at redress mechanism.</p> <p>Upang matugunan ito, ang grievance at redress mechanism ay ipatutupad sa lahat ng yugto ng proyekto, mula umpisa hanggang matapos ang implementasyon.</p>
Pagbibigay ng impormasyon at konsultasyon	<p>Para makuha ang kooperasyon, partisipasyon, at feedback ng mga apektadong tao, dapat silang malinaw at sistematikong mabigyan ng impormasyon at makonsulta habang ginagawa ang livelihood restoration plan tungkol sa kanilang mga opsyon at karapatan.</p> <p>Dapat ding magkaroon ng regular na meeting sa pagitan ng mga project officials at komunidad para maiparating ng mga apektadong tao at iba pang stakeholder ang kanilang mga concern tungkol sa restoration program, mula sa yugto ng pagpapalano hanggang sa implementasyon.</p>	<p>Dapat maglagay ng malinaw at partikular na probisyon para sa stakeholder engagement sa pagbuo ng LARP, upang masiguro ang maayos at tuloy-tuloy na konsultasyon at pakikipag-ugnayan sa mga apektadong partido.</p>

7. Mga Kinakailangan sa Polisiya

Kung sakaling ang isang proyekto ng portfolio company ay mangailangan ng pagkuha ng lupa at magdulot ng involuntary resettlement, ang proseso ng land acquisition, relokasyon, at pagpapanumbalik ng kabuhayan ay isasagawa alinsunod sa pambansang batas at sa mga requirement ng policy na ito. Kapag natukoy na ang mga epekto ng proyekto at final na ang detalyadong design, gagawin ang detalyadong LARP base sa mga sumusunod na hakbang:

- Pagtukoy ng mga epekto ng proyekto at mga apektadong tao, kabilang ang:
 - Pagmamapa ng project area at mga apektadong bahay/lupa, kasama ang uri ng lupa, mga may-ari, pattern ng paggamit ng lupa, pribado at communal na lupa, mga negosyo at iba pang assets.
 - Census ng mga apektadong lupa, ari-arian, at tao para makagawa ng listahan ng may formal at informal na karapatan sa lupa at kabuhayan, at matukoy kung sino ang kwalipikado sa kompensasyon at/o tulong.
 - Socio-economic survey para madagdagan ang datos mula sa census at makakuha ng detalyadong impormasyon tungkol sa kalagayang pangkabuhayan ng mga apektadong tao. Makakatulong ito sa pag-compute ng patas na kompensasyon at tamang livelihood restoration measures. Dito rin matutukoy ang mga vulnerable na indibidwal o grupo na maaaring mangailangan ng dagdag na suporta.
 - Inventory ng mga apektadong assets, ari-arian, at istruktura base sa mapping at census, na gagamitin sa pag-monitor ng implementasyon ng LARP.
 - Public consultation meetings para ipaliwanag ang proyekto, timeline, land acquisition, proseso ng LARP, mga karapatan ng tao, at kung paano itinatakda ang kompensasyon at livelihood restoration. Bibigyan ang mga apektadong tao ng pagkakataon na magtanong at magbigay ng opinyon.
- Entitlements matrix at compensation framework base sa mga nakalap na impormasyon ukol sa mga hakbang na nabanggit sa taas. Isang entitlements matrix ang itatakda at na naayon sa pambansang batas at pangangailangan ng polisiyang ito.
 - Ang entitlements matrix ay maglilista ng iba't ibang kategorya ng apektadong tao at ang tulong, kompensasyon, at livelihood restoration na dapat nilang matanggap. Isasaalang-alang ang resulta ng public consultations sa pagbuo ng mga kategorya at entitlement measures.
 - Magtatakda ng cut-off date para sa pagiging kwalipikado, alinsunod sa policy na ito at sa pambansang batas. Ang impormasyon tungkol sa cut-off date ay ipapakalat nang maayos sa buong project area.
- Isasagawa ang pagpapahalaga (valuation) ng lupa, mga istruktura, gusali, pananim, naapektuhang negosyo, at pagkawala ng access sa likas na yaman.

Ang proseso ng valuation ay isasagawa alinsunod sa pambansang batas. Gayunpaman, ayon sa polisiya na ito, sa pag-compute ng halaga ng mga ari-arian ay hindi isasaalang-alang ang depreciation o pagbaba ng halaga dahil sa paglipat ng panahon. Layunin ng approach na ito na masiguro ang patas at sapat na kompensasyon. Kung sakaling hindi tanggapin ng mga apektadong tao ang alok na bayad, maaari silang magsampa ng apela o dumaan sa legal na proseso alinsunod sa pambansang batas.

- Ang kompensasyon ay dapat maibigay bago pa man ang land acquisition at relokasyon.
- Kung may pisikal na paglipat, Bibigyan ang mga displaced na tao ng pagpipilian sa mga posibleng relocation options, tulad ng kapalit na tirahan o cash na kompensasyon; at Magbibigay ng relocation assistance na akma sa pangangailangan ng bawat grupo, lalo na ang mahihirap at vulnerable.
- Magbibigay ng tulong para sa pagpapanumbalik ng kabuhayan ayon sa nakasaad sa LARP

Bukod dito, ang buong proseso ng LARP ay may kasamang:

Navis Decarbonization Fund Land Acquisition and Resettlement Framework	Document ID:	ESGMS-NDF-POL-009
	Revision:	00
	Effective Date:	12 June 2025
	Page number:	8

- Patuloy na public consultation at information disclosure;
- Pagbuo ng grievance mechanism;
- Monitoring at evaluation ng implementasyon ng LARP.

8. Stakeholder Engagement at Consultation

Lahat ng LARP ay dapat may malinaw na plano para sa konsultasyon at pakikipag-ugnayan sa mga taong apektado ng proyekto at iba pang mahalagang stakeholder. Dapat isama ang mga apektadong tao mula pa lang sa pinakaunang yugto at sa buong proseso ng reloksyon. Makakatulong ito para masiguro na maaga pa lang ay may sapat na impormasyon ang mga apektadong tao at aktibo silang nakikilahok sa mga desisyon na may kinalaman sa kanilang paglipat o kabuhayan. Kung kinakailangan, dapat gumawa ng mga espesyal na hakbang para masigurong hindi napag-iwanan ang mga vulnerable na grupo. Dapat malinaw sa kanila ang kanilang mga karapatan, at masiguro na pantay din ang kanilang pakinabang sa mga oportunidad na dala ng resettlement.

9. Mga Reklamo at Hinaing

Magkakaroon ng grievance mechanism sa maagang bahagi pa lang ng proseso para agad matanggap at matugunan ang mga komento, tanong, at reklamo ng mga stakeholder. Layunin din nito na magbigay ng malinaw na impormasyon tungkol sa kompensasyon at mga hakbang para sa pagpapanumbalik ng kabuhayan ng mga taong naapektuhan ng pisikal o ekonomikong kawalan ng kabuhayan. Ang mga reklamo ay aasikasuhin sa tamang oras at itatala sa isang grievance log. Nakalagay dito ang detalye ng isyu, kumpirmasyon na natanggap ang reklamo, mga ginawang aksyon, at ang petsa kung kailan ito naresolba. Para sa mas detalyadong proseso, tingnan ang *ESGMS-NDF-POL-008 Navis Decarbonization Fund Grievance Mechanism Policy*.

10. Monitoring

Ang pagmo-monitor ng proseso ng pagkuha ng lupa, reloksyon, at pagpapanumbalik ng kabuhayan ay isasagawa at dapat may partisipasyon ng mga pangunahing stakeholder, lalo na ang mga apektadong komunidad. Depende sa laki at komplikasyon ng land acquisition at resettlement, maaaring kumuha ng independent o external auditor para magsagawa ng resettlement completion audit. Layunin nito na masigurong natupad ang lahat ng nakasaad sa LARP. Kung kinakailangan, maaari ring magrekomenda ang audit ng karagdagang corrective actions para maayos ang anumang natitirang isyu.

11. Review

Regular na nire-review ang polisiyang ito na hindi bababa sa isang beses kada taon. Anumang mga pagbabago ay gagawin at ipapatupad.

12. References

[GCF Indigenous Peoples Policy](#)

[GCF Operational Guidelines: Indigenous Peoples Policy](#)

[IFC Performance Standards \(2012\)](#)

NDF Responsible Investment Policy

NDF Environmental and Social Management System

NDF Grievance Mechanism Policy

Navis Decarbonization Fund Land Acquisition and Resettlement Framework	Document ID:	ESGMS-NDF-POL-009
	Revision:	00
	Effective Date:	12 June 2025
	Page number:	9

Appendix A: Halimbawa ng Balangkas ng Land Acquisition and Resettlement Plan (LARP)

1. Saklaw ng Land Acquisition and Resettlement Plan
2. Paglalarawan ng Proyekto at mga Posibleng Epekto nito
3. Legal Framework
4. Mga Prinsipyo, Layunin at Proseso
 - a. Mga Prinsipyo at Layunin
 - b. Pangkalahatang Daloy ng Proseso
5. Mga Apektadong Ari-arian, Apektadong Tao at mga Entitlement
 - a. Census ng mga Apektadong Ari-arian at Kabahayan at Expropriation Study
 - b. Socio-Economic Baseline Survey
 - c. Mga Apektadong Lupa
 - d. Mga Apektadong Istruktura
 - e. Mga Negosyo
 - f. Mga Tao
 - g. Mga Entitlement
 - i. Kwalipikasyon para sa Kompensasyon
 - ii. Entitlement Matrix
6. Relokasyon at Kompensasyon
 - a. Paraan ng Pagpapahalaga (Valuation) ng mga Apektadong Ari-arian
 - b. Pisikal na Relokasyon
 - c. Pagpapanumbalik ng Kabuhayan
 - d. Cash na Kompensasyon
 - i. Mga Rate
 - ii. Paraan ng Pagbabayad
 - e. In-Kind Compensation
 - f. Karagdagang Tulong
7. Konsultasyon at Pagbibigay ng Impormasyon
 - a. Mga Pangunahing Resulta ng mga Konsultasyong Isinagawa para sa Paghahanda ng Resettlement Action Plan
 - b. Paglalathala at Pagbabahagi ng Impormasyon
8. Pamamahala ng mga Reklamo
9. Mga Vulnerable na Tao
 - a. Pagkilala sa mga Vulnerable na Tao
 - b. Mga Posibleng Tulong o Aktibidad para sa kanila
10. Monitoring at Evaluation
11. Mga Responsibilidad sa Implementasyon at Pondo
 - a. Mga Responsibilidad sa Implementasyon
 - b. Badyet
 - c. Mga Kaayusan para sa Pagpopondo

Appendix M Chance Find Procedure Template

1. General

Layunin: Protektahan ang cultural heritage laban sa mga negatibong epekto ng mga aktibidad ng [Pangalan ng Kumpanya o Proyekto] at suportahan ang pangangalaga at pagpapanatili nito.

Saklaw: Ang mga requirements ng procedure na ito ay naaangkop sa lahat ng cultural heritage, maging ito man ay legal na protektado o hindi, at kahit ito ay dati nang naapektuhan o nabulabog.

2. Procedure / Requirement

Mga Pangunahing Depinisyon:

Chance Find – mga pisikal o nahahawakang cultural heritage na hindi inaasahang matatagpuan habang isinasagawa ang mga aktibidad ng proyekto.

Cultural Heritage – tumutukoy sa (i) mga pisikal o nahahawakang anyo ng cultural heritage, tulad ng mga movable o immovable na bagay, ari-arian, lugar, estruktura, o grupo ng mga estruktura na may halagang arkeolohikal (prehistoric), paleontological, historikal, kultural, artistiko, o relihiyoso; (ii) mga natatanging natural na katangian o pisikal na bagay na nagtataglay ng kultural na halaga, tulad ng mga sagradong kagubatan, bato, lawa, at talon; at (iii) ilang pagkakataon ng hindi nahahawakang anyo ng kultura na planong gamitin para sa komersyal na layunin, tulad ng kultural na kaalaman, mga inobasyon, at mga gawi ng mga komunidad na may tradisyunal na pamumuhay.

Procedure:

Ang procedure na ito ay binuo bilang bahagi ng Environmental and Social Management System (ESMS) upang protektahan ang cultural heritage laban sa mga negatibong epekto ng mga aktibidad ng [Pangalan ng Kumpanya o Proyekto] at suportahan ang pangangalaga nito. Inilalahad dito ang mga hakbang na dapat gawin kung sakaling may matagpuang cultural heritage na dati ay hindi alam o hindi natukoy.

Ang mga halimbawa ng cultural heritage ay maaaring kabilang, ngunit hindi limitado sa:

- Mga archaeological artefacts
- Mga labi ng tao (human skeletal remains)
- Mga sagradong lugar o bagay na ginagamit ng mga katutubo; at
- Mga libingang walang marka (unmarked graves)

Ang anumang chance find ay hindi dapat galawin o istorbohin hanggang sa maisagawa ang assessment ng mga kwalipikadong propesyonal at matukoy ang mga hakbang na naaayon sa mga requirements ng Navis Decarbonisation Fund, Green Climate Fund, at ng IFC Performance Standards.

Mga Hakbang / Requirements	Responsableng Tao	Talaan / Dokumentasyon
<p>Pagtukoy sa Cultural Heritage</p> <p>Bilang bahagi ng proseso ng pagtukoy ng environmental at social risks at impacts, alamin kung ang iminungkahing lokasyon ng aktibidad ay nasa lugar kung saan maaaring may matagpuang cultural heritage, kung sa panahon man ng land development, pagtatanim, o operasyon, at tukuyin kung naaangkop ang procedure na ito.</p>	Environmental at Social Manager	Environmental and Social Impact Assessment (ESIA) or Risk Assessment
<p>Induction and Training</p> <p>Bilang bahagi ng induction process, ang mga empleyado, kabilang ang contractors at sub-contractors, ay dapat mabigyan ng training, kahit sa minimum na antas, tungkol sa kung ano ang cultural heritage, pangunahing kaalaman kung paano matukoy ang posibleng cultural heritage, kung sino ang dapat kontakin sakaling may matuklasang posibleng chance find, at ang mga requirements ng procedure na ito bago simulan ang mga aktibidad ng proyekto.</p>	Environmental at Social Manager	Training material at training records
<p>Chance Find Protocols</p> <ul style="list-style-type: none"> • Kapag may natuklasang posibleng chance find, itigil agad ang trabaho, kabilang ang mga gawain sa agarang paligid ng natagpuan. • Agad ipaalam ito sa supervisor ng aktibidad, na siya namang magbibigay-alam sa Environmental at Social Manager at maghihintay ng karagdagang instruksyon. • Siguruhing ma-secure ang lugar para maiwasan ang anumang pinsala o pagkawala ng mga removable objects. Kung may mga movable antiquities o sensitibong labi, maglagay ng sapat na seguridad. • Dapat manatili ang natagpuan sa kundisyong “as found.” Ang anumang pag-alis o paglipat nito ay nasa kapangyarihan lamang ng mga kaukulang awtoridad at/o iba pang may tamang mandato. • Itatala ng supervisor ng aktibidad ang lahat ng detalye tungkol sa natagpuan. • Ipaalam ng Environmental at Social Manager ang insidente sa mga kaukulang awtoridad at/o iba pang may responsableng partido. • Makikipagtulungan ang Environmental at Social Manager sa mga kaukulang awtoridad at/o iba pang may responsableng partido upang matukoy ang angkop na eksperto para magsagawa ng assessment (halimbawa, isang archaeologist). • Batay sa resulta ng assessment, magde-develop ng management plan kasama ang mga kaukulang awtoridad at/o iba pang may responsableng partido. Maaaring kabilang sa mga opsyon ang pag-iwas sa lugar ng natagpuan sa pamamagitan ng pagbabago ng disenyo ng aktibidad o paglilipat ng lokasyon. Ito ang mas pinipiling opsyon kung posible. • Ipatupad ang management plan, at maaari lamang ipagpatuloy ang mga aktibidad kapag may pahintulot 	Environmental at Social Manager	Chance find assessment repots, management plan at implementation records.

Mga Hakbang / Requirements	Responsableng Tao	Talaan / Dokumentasyon
na mula sa mga kaukulang awtoridad at/o iba pang may responsableng partido.		
<p>Dokumentasyon</p> <p>Ang Environmental at Social Manager ang responsable sa pagtiyak na ang chance find ay ganap at maayos na naitala. Dapat panatilihin sa site ang photo log, mga kopya ng komunikasyon sa mga kaukulang awtoridad at/o iba pang may responsableng partido (kabilang ang stop work at resume work orders), at ang mga implementation reports.</p>	Environmental at Social Manager	Chance find log ksasama ang mga larawan at iba pang kaukulang dokumentasyon

Appendix N NDF Serious ESG Incident Reporting Procedure (*Pag-uulat ng Malulubhang Insidente ng ESG*)



**Navis Decarbonization Fund
Serious ESG Incident Reporting
(Pag-uulat ng Malulubhang Insidente ng ESG)
Mayo 2025**





TABLE OF CONTENTS

1. Panimula	3
2. Layunin	3
3. Saklaw	3
4. Mga Depinisyon	3
6. Procedure	5
6.1. Pag-uulat ng Serious ESG Incident sa Navis	5
6.2. Imbestigasyon ng Insidente	5
6.3. Corrective at Preventive Action	6
7. Training at Kommunikasyon	6
8. Monitoring Records	6
9. Review	6
10. References	6
11. Document Change Control	6
Appendix A – Definition of Serious ESG Incidents	

1. Panimula

Nangangako ang Navis sa practice ng responsible investing at naniwalang malaking factor ito para mapaganda ang performance ng isang kumpanya sa pmamagitan ng sustainable growth, mas maayos na operations, at mas maayos na risk management.

Sa pagpapatakbo nito gamit ang Responsible Investment Policy at Environmental and Social Management System (ESMS), ginagabayan ang mga aktibidad ng negosyo ng Navis ng mga polisiyang ito upang matiyak ang tuloy-tuloy at komprehensibong pagsasama ng Environmental at Social (E&S) considerations sa buong investment process. Kailangan maging transparent ang Navis pagdating sa mga insidenteng maaaring magkaroon ng malaking epekto sa reputasyon at/o pananalapi ng Navis at ng mga portfolio company nito. Sa pag-report ng mga ESG incident sa Navis, masisiguro na maibibigay ang tamang suporta, maipatupad ang angkop na corrective actions, at maibahagi ang mga aral na natutunan sa buong Fund at sa iba pang portfolio companies.

Tandaan na ang procedure na ito ay tumutukoy sa obligasyon ng portfolio company na mag-report sa Navis. Iba ito sa obligasyon ng portfolio company na mag-report sa mga ahensya ng gobyerno o sa sarili nitong Executive Committee.

2. Layunin

Ang mga layunin ng Serious ESG Incident Reporting ay ang mga sumusunod:

- Magkaroon ng pare-parehong proseso sa pag-notify, pag-report, at pag-follow up ng mga seryosong ESG incident.
- Mabilis na makuha ang kinakailangang impormasyon para makapagbigay ng tamang gabay sa corrective actions at maiwasan ang pag-ulit ng insidente.
- Matukoy kung ang insidente ay kailangan ding i-report sa iba pang stakeholder (halimbawa, limited partners, investors, atbp.).

3. Saklaw

Ang procedure na ito ay naaangkop sa lahat ng private equity deals, kabilang ang mga acquisition na iminungkahi ng alinman sa mga portfolio company.

4. Mga Depinisyon

Incident (Insidente) – isang hindi kanais-nais, hindi inaasahan, o hindi planadong pangyayari o sunod-sunod na pangyayari na nagdulot o maaaring magdulot ng pinsala, sakit, pagkamatay, at/o pagkasira ng ari-arian, kapaligiran o reputasyon; paglabag sa product safety; o makaapekto sa relasyon sa mga empleyado.

Lost Time Injury – anumang injury na may kaugnayan sa trabaho na nagiging dahilan para pansamantalang hindi makapagtrabaho ang isang empleyado sa kanyang regular na tungkulin o kahit restricted work sa anumang araw pagkatapos mangyari ang injury. Kasama sa “anumang araw” ang rest day, weekend, naka-schedule na holiday, public holiday, o kahit araw matapos tumigil sa trabaho

Serious ESG Incident – Tumutukoy sa anumang seryosong insidente, aksidente, o sitwasyon na may kinalaman sa social, labor, health and safety, security, o environment na may, o maaaring magkaroon, ng malaking negatibong epekto sa pagpapatupad o operasyon ng portfolio company. Kasama rito, halimbawa ngunit hindi limitado sa: mga pagsabog; spill o tapon na nagdulot ng malubhang polusyon; mga aksidente sa workplace na nagresulta sa pagkamatay o pagkawala ng trabaho ng higit sa isang linggo; o work stoppage dahil sa labor unrest, community unrest, malakas na pagtutol sa proyekto, o security incidents. Ang isang ESG incident ay itinuturing na “Serious” o “Malubha” kung ito ay tumutugma sa mga depinisyon na nakasaad sa **Appendix A**.

5. Mga Tungkulin at Responsibilidad

Ang mga tungkulin at responsibilidad ay ang mga sumusunod:

Navis Decarbonization Fund Serious ESG Incident Reporting	Document ID:	ESGMS-NDF-PRO-001
	Revision:	00
	Effective Date:	01/05/2025
	Page number:	3 of 25


Role	Responsibility
Investment Team	<ul style="list-style-type: none"> • I-komunika ang mga requirements ng dokumentong ito sa mga portfolio companies • Magtago ng mga kopya ng kaugnay at kinakailangang dokumento sa Navis Drive • Lumahok sa imbestigasyon, kung kinakailangan • Tumugon sa mga kaugnay na impormasyon at mga katanungan mula sa Navis ESG Team tungkol sa Portfolio Company na maaring importante sa imbestigasyon
Portfolio Company	<ul style="list-style-type: none"> • Sumunod sa Navis Serious ESG Incident Reporting procedure • I-report agad ang mga seryosong ESG incident alinsunod sa procedure na ito. • I-report din sa tamang ahensya ng gobyerno ang mga insidente kung kinakailangan • Magsagawa ng angkop na imbestigasyon sa insidente alinsunod sa lokal na requirements, kung mayroon man • I-update ang Executive Committee (ExCo) at ang Navis tungkol sa status ng imbestigasyon • Subaybayan ang pagpapatupad ng mga corrective actions para maiwasan ang pag-ulit ng insidente
ESG Team	<ul style="list-style-type: none"> • Humingi ng karagdagang impormasyon mula sa Deal Team para mas maintindihan ang detalye at background ng insidente • Suriin ang mga seryosong ESG incident na ini-report ng Portfolio Company • Ipaalam sa Navis Legal Team at Senior Management ang mga seryosong ESG incident na kailangang i-escalate • Makilahok sa imbestigasyon ng insidente kung kinakailangan • Ibahagi sa iba pang Portfolio Companies ang mga aral na natutunan mula sa insidente
HR	<ul style="list-style-type: none"> • Suportahan ang ESG Team sa pag-iimbestiga ng mga employee-related na malulubhang ESG incident.
Legal	<ul style="list-style-type: none"> • Magbigay ng payo kung alin sa mga malulubhang ESG incident ang kailangang i-report sa ibang stakeholder (halimbawa, government authorities, investors, atbp.)

Navis Decarbonization Fund Serious ESG Incident Reporting	Document ID:	ESGMS-NDF-PRO-001
	Revision:	00
	Effective Date:	01/05/2025
	Page number:	4 of 25

6. Procedure

Ang kabuuang proseso ng pagre-report ng mga seryosong ESG incident ay naka-summarize sa figure sa ibaba.

Figure 1. Overview ng Serious ESG Incidents Reporting



6.1. Pag-uulat ng Serious ESG Incident sa Navis

Ang mga portfolio company ay kailangang mag-notify sa Navis tungkol sa anumang seryosong ESG incident sa loob ng 24 oras mula nang malaman nila ito, gamit ang Notification of Serious ESG Incidents link:

https://navismanagerinvestmentholdcoltd.results-ap.highbond.com/survey_responses/Szyq72x5DYPoYzwXFQJP/edit

Kahit hindi sigurado kung kailangan bang i-report ang insidente, mas mainam pa rin na i-report ito sa Navis para matulungan sa pag-assess kung gaano ito kaseryoso. Gumagamit ang Navis ng Diligent platform para i-log at i-record ang mga seryosong ESG incidents.

Pagkatapos ma-report, rerepasuhin ito ng Navis ESG Team at ng Investment Team. Kung makitang material o may malaking epekto ang insidente, iaakyat ito sa Investment Committee (IC). Ang IC naman ay magbibigay ng abiso sa mga kaukulang Limited Partners (LPs) sa loob ng tatlong (3) araw mula nang mangyari ang material incident lalo na kung may posibilidad itong magdulot ng malaking negatibong epekto sa operasyon o reputasyon.

Kung sa unang review pa lang ay makita na hindi naman seryoso ang insidente, maaaring ituloy ng portfolio company ang normal nitong proseso sa pag-handle ng insidente. Sa ganitong sitwasyon, hindi na kailangan ng karagdagang pag-report sa Navis.

6.2. Imbestigasyon ng Insidente

Kapag nakumpirma na seryoso ang isang ESG incident, kailangang magsagawa ang portfolio company ng imbestigasyon ayon sa kanilang internal investigation procedure at alinsunod sa anumang umiiral na lokal na batas o regulasyon. Maaaring magrekomenda ang Navis ng mga subject matter experts o external third-party experts para tumulong o magbigay ng input sa imbestigasyon. Maaari ring magbigay ng komento o feedback ang mga Limited Partners (LPs) habang isinasagawa ang imbestigasyon.

Pagkatapos makumpleto ang imbestigasyon, at hindi lalampas sa limang (5) araw mula nang mangyari ang insidente, kailangang magpasa ang portfolio company sa Navis ng mas detalyadong summary report gamit ang automatically generated link mula sa Diligent Platform para sa “Details of Serious ESG Incidents.” Para sa data privacy, hindi dapat isama sa report ang personal na detalye ng mga taong nasugatan o sangkot (halimbawa, pangalan, address, petsa ng kapanganakan, atbp.).

Navis Decarbonization Fund Serious ESG Incident Reporting	Document ID:	ESGMS-NDF-PRO-001
	Revision:	00
	Effective Date:	01/05/2025
	Page number:	5 of 25

Rerepasuhin ng Navis ESG Team at Investment Team ang report at magbibigay ng feedback kung kinakailangan. Aabisuhan din ang Investment Committee (IC) at ang mga kaukulang LPs kung may mahahalagang update mula sa unang notification.

6.3. Corrective at Preventive Action

Ang portfolio company ay kailangang ipatutupad agad at maayos ang mga napagkasunduang corrective at preventive actions para maiwasan na maulit ang insidente. Ang Navis ESG Team at Investment Team ang magmonitor kung naipapatupad nang tama ang mga aksyon at magbibigay ng status update sa ExCo at sa IC. Ang mga kaukulang LPs ay patuloy ding ia-update tungkol sa progreso ng pagpapatupad ng corrective at preventive actions, kung kinakailangan.

Kung naaangkop, maaaring maghanda ang portfolio company at ang Navis ng isang dokumento na naglalaman ng mga lessons learned mula sa insidente, para maibahagi ito sa mga kaukulang stakeholder at makatulong na maiwasan ang katulad na pangyayari sa hinaharap.

7. Training at Kommunikasyon

Para matiyak na natutupad ang mga layunin ng prosesong ito, gagawin ng Navis ang mga sumusunod:

- Magbibigay ng training sa lahat ng investment professionals para ipaliwanag ang mga prinsipyo at requirements ng Serious ESG Incident Reporting procedure. Para sa mga bagong empleyado, isasama ito sa kanilang induction. Magkakaroon din ng refresher training kung kinakailangan para sa mga kasalukuyang empleyado; at
- Isasama ang paliwanag ng prosesong ito sa ESG Induction ng bawat Portfolio Company. Magbibigay din ng refresher training kung kinakailangan, lalo na kung may pagbabago sa management o sa ESG contacts.

8. Monitoring Records

Ang mga sumusunod na records ay itatago at mama-maintain::

- Mga training records; at
- Mga kumpletong forms ng *Notification of Serious ESG Incidents* (online sa Diligent platform) and *Serious ESG Incidents Report* (online sa Diligent platform).

9. Review

Ang mga prinsipyo at proseso, kasama ang mga depinisyon ng mga serious ESG incidents, ay regular na rerepasuhin, at sa pinakaminimum ay isang beses kada taon.

Kung may kailangang baguhin o i-update, agad itong gagawin at ipapatupad.

10. References

BII ESG Toolkit (<https://toolkit.bii.co.uk/>)

IFC (2012), Interpretation Note on Environmental and Social Categorization and associated documents

Navis Responsible Investment Policy

Navis Environmental and Social Management System

11. Document Change Control

Document ID:		ESGMS-NDF-PRO-001			
Revision Number	Author	Document Status/ Change	Reviewer	Approver	Effective Date
00	P Gonzales	New Procedure	B Szegedi	M Octoman	01 May 2025

Navis Decarbonization Fund Serious ESG Incident Reporting	Document ID:	ESGMS-NDF-PRO-001
	Revision:	00
	Effective Date:	01/05/2025
	Page number:	6 of 25

Appendix A Kahulugan ng Serious ESG Incidents (Malubhang Insidente ng ESG)

Kategorya ng Insidente	Kahulugan
<p>Kalusugan at Kaligtasan</p> <ul style="list-style-type: none"> - Pagkamatay, pagkasugar, o pagkakasakit - Paglabag sa batas or regulasyon 	<p>Pagkamatay, Pagkasugat o Pagkakasakit</p> <p>Pagkamatay (Fatality) o maramihang pagkamatay dahil sa aksidente o sakit</p> <p>○</p> <p>Hindi na magagamot o permanenteng sakit na nakuha sa trabaho na maaaring makabawas sa kalidad ng buhay (halimbawa, hika, pagkawala ng pandinig, cancer, atbp.), at/o mga zoonotic disease na nakuha habang nagtatrabaho.</p> <p>Note: Ang zoonotic diseases ay mga sakit na naipapasa mula sa hayop papunta sa tao.</p> <p>○</p> <p>Lost-Time Injury/Illness (LTI) kung saan ang empleyado ay hindi makapasok o makapagtrabaho nang pitong (7) sunod-sunod na araw o higit pa dahil sa pinsala o sakit.</p> <p>Pagsunod sa Health and Safety Regulations</p> <p>Iniimbestigahan ng isang regulatory agency na may aktwal o posibleng kaso o pag-uusig</p> <p>○</p> <p>Paglabag sa batas, lisensya o permit, at/o seryosong insidente na maaaring magresulta sa aksyon laban sa kumpanya (halimbawa, pagkansela ng permit, sapilitang pagpapatigil ng operasyon), at/o multa.</p>
<p>Kaligtasan ng Produkto</p> <ul style="list-style-type: none"> - Consumers - Paglabag sa batas or regulasyon 	<p>Consumers</p> <p>Ang produkto ay nakapagdulot o posibleng nakapagdulot ng pagkamatay, malubhang pinsala, o malubhang sakit</p> <p>○</p> <p>May ibang tao o grupo na naniniwala o nagsasabi na ang produkto ay nakapagdulot o maaaring nakapagdulot ng pagkamatay, malubhang pinsala, o sakit</p> <p>○</p> <p>Boluntaryong product recall</p> <p>○</p> <p>Boycott laban sa produkto o sa kahalintulad nitong produkto</p> <p>Paglabag sa Batas</p> <p>Product recall na iniutos ng regulator o ibang awtoridad</p> <p>○</p> <p>Iniimbestigahan ng regulatory agency na may aktwal o posibleng kaso o pag-uusig</p> <p>○</p> <p>Paglabag sa batas, lisensya, o Design Standard na maaaring magresulta sa aksyon laban sa kumpanya at/o multa</p>
<p>Pang-kalikasan</p> <ul style="list-style-type: none"> - Paglabag sa batas or regulasyon - Hindi nakontrol na paglabas - Reklamong pang-kalikasan 	<p>Paglabag sa Batas na Pang-kalikasan</p> <p>Iniimbestigahan ng regulatory agency na may aktwal o posibleng kaso o pag-uusig</p> <p>○</p> <p>Paglabag sa batas, lisensya, o permit at/o pagkakaroon ng seryosong insidente na maaaring magresulta sa aksyon laban sa kumpanya (halimbawa, pagbawi ng permit, pagpapatigil ng operasyon) o multa</p> <p>Hindi Nakontrol na Paglabas (paglabas ng polusyon sa hangin, lupa o tubig)</p> <p>Malaki o tuloy-tuloy na paglabas ng pollutants na lumampas sa boundary ng site at/o kumalat sa malawak na lugar; hindi na maibabalik sa dating kondisyon (irreversible) o mangangailangan ng pangmatagalang rehabilitasyon; may matinding at pangmatagalang epekto sa kapaligiran</p>

	<p>Environmental Complaints Lehitimong reklamo mula sa publiko dahil sa ingay, alikabok, vibration, amoy, o iba pang istorbo na paulit-ulit at matagal, at/o nagdudulot ng pinsala sa ari-arian, kapaligiran, o kalusugan ng tao</p> <p>○ Mga reklamong nagresulta sa imbestigasyon, kaso, o multa mula sa mga regulator o awtoridad</p>
<p>Business Ethics</p>	<p>Mga insidente na may kinalaman sa panloloko, pagnanakaw, panlilinlang, korapsyon, panunuhol, facilitation payments, pangingikil, sabwatan, at money laundering. Kasama rin dito ang pagbibigay o pagtanggap ng regalo, pantang, bayad, pabuya, o anumang benepisyo kapalit ng paggawa ng isang bagay na hindi tapat, ilegal, o labag sa Code of Conduct.</p> <p>○ Mga insidenteng nabanggit sa itaas na may kinalaman sa paglabag sa Code of Conduct kasama ang mga third party</p> <p>○ Iba pang paglabag sa batas, lisensya, o permit na maaaring magresulta sa aktwal o posibleng aksyon laban sa kumpanya at/o multa</p>
<p>Ugnayan sa mga Empleyado</p> <ul style="list-style-type: none"> - Hindi Tamang Pag-uugali - Kondisyon at Terms ng Trabaho - Paglabag sa batas or regulasyon 	<p>Hindi Tamang Pag-uugali Mga insidenteng may kinalaman sa seryosong paglabag sa patakaran ng kumpanya, tulad ng harassment, diskriminasyon, pang-aabuso, pananakot, karahasan sa lugar ng trabaho, o iba pang asal na hindi propesyonal at labag sa Code of Conduct</p> <p>○ Sinumang empleyado na inakusahan o nakatanggap ng reklamo kaugnay ng pambully, diskriminasyon, o sexual harassment</p> <p>Kondisyon at Terms ng Trabaho Anumang seryosong pagkasira ng ugnayan sa mga empleyado o aksyon ng unyon (trade union) na nagresulta sa mahigit isang araw na paghinto ng operasyon o produksyon, tulad ng strike, pagtanggap pumasok, pagharang ng pasilidad, atbp.</p> <p>○ Malaking bilang ng Senior Managers at/o mga experienced, long-time employees na nag-resign mula sa kumpanya</p> <p>○ Anumang kaso o demanda na may kinalaman sa mga empleyado o sa pamamahala ng paggawa</p> <p>Paglabag sa batas or regulasyon Paulit-ulit at/o maraming paglabag sa mga regulasyon na nagresulta sa mas mahigpit na pagbabantay o mas mataas na antas ng oversight mula sa regulator o ibang awtoridad</p> <p>○ Paglabag sa regulasyon na nagresulta sa pagkakabawi o pagkansela ng lisensya at/o pagpapataw ng multa</p>
<p>Pinsala sa mga Ari-arian</p> <ul style="list-style-type: none"> - pisikal na pagkasira o pagkawala ng gamit ng mga ari-arian (tulad ng planta, makina, o pasilidad) dahil sa sinadyang paninira, kapabayaang (sunog o pagsabog), o mga sakunang dulot ng kalikasan (baha, lindol, bagyo, atbp.) 	<p>Mga insidente na nagdudulot ng pagkasira o pagkawala ng planta, kagamitan, o pasilidad na nagreresulta sa pagsasara ng operasyon (buo man o bahagi lang) nang higit sa dalawang linggo.</p>

<p>Seguridad</p> <ul style="list-style-type: none"> - Ari-arian - Tao - Impormasyon - Produkto 	<p><i>Ari-arian</i> Mga insidente na may kinalaman sa aktibismo, pagnanakaw ng ari-arian ng kumpanya (kabuuang halaga na lampas \$50,000), hindi awtorisadong pagpasok sa pasilidad (tulad ng burglary o robbery), at paninira o sabotaje.</p> <p><i>Tao</i> Mga insidenteng may kinalaman sa pagbabanta sa telepono o harapan, kidnapping, pananakot, blackmail o extortion, at mga isyu sa travel security (halimbawa, insidenteng may pagkamatay, hijacking, o pagdukot)</p> <p><i>Impormasyon</i> Mga insidenteng may kinalaman sa pag-hack ng website, hindi awtorisadong pagpasok sa network system, hindi awtorisadong pag-access o pagbabago ng impormasyon ng kumpanya (electronic man o hindi), pagnanakaw o pagkawala ng datos ng empleyado (aktwal o posibleng mangyari), ransomware at malware, pagnanakaw o pagkawala ng impormasyon ng kumpanya (kasama ang impormasyon ng customer o kliyente), at electronic sabotage.</p> <p><i>Produkto</i> Mga insidente na may kinalaman sa pekeng produkto (counterfeit), pagkawala ng packaging na may logo o brand ng kumpanya, ilegal na bentahan ng mga produkto ng kumpanya (hal. “black market”), o maling paggamit ng produkto</p>
---	---

Appendix O Gender-Based Violence and Sexual Exploitation, Abuse and Harassment Approach (Approach sa Gender-Based Violence at Sexual Exploitation, Abuse at Harassment)

Kinikilala ng NDF na ang Gender-Based Violence (GBV) at Sexual Exploitation, Abuse and Harassment (SEAH) ay nananatiling laganap na isyu sa mga bansang target nitong pag-investan. Ang Southeast Asia ay kinikilala bilang isa sa mga pangunahing hub ng human trafficking, kung saan ang mga kababaihan at kabataang babae ay madalas na biktima ng sexual exploitation at forced labor. Dahil dito, inilalahad ng dokumentong ito ang approach ng NDF sa pagtugon at pag-mitigate ng mga risk na may kaugnayan sa GBV at SEAH. Inaasahan na ang mga portfolio companies at/o proyekto ay susunod sa mga probisyong nakasaad sa dokumentong ito at sa NDF Environmental and Social Management System (ESMS).

Isasama ng NDF ang mga kinakailangang budget para sa pagpapatupad ng mga hakbang na nakasaad sa dokumentong ito at/o itatakda ang mga ito sa bawat investment batay sa case-by-case na pagsusuri.

Identification and Risk Assessment (Pagkilala at Risk Assessment)

Isasama ang GBV at SEAH risks sa Environmental and Social Due Diligence (ESDD). Sa due diligence, susuriin ang posibilidad ng mga risk na ito at rerepahun ang mga kasalukuyang policies at procedures ng potensyal na portfolio company at/o project na tumutugon sa mga isyung ito.

Bilang bahagi ng ESAP, kinakailangang mag-develop ang portfolio company at/o project ng mga policies at procedures para matugunan at ma-mitigate ang mga risk na may kaugnayan sa GBV at SEAH kung wala pa ang mga ito.

Dapat ding i-review ng portfolio company at/o project ang kanilang supply chain para sa mga posibleng human rights issues, kabilang ang GBV at SEAH (tingnan ang *ESGMS-NDF-POL-004 NDF Responsible Supply Chain Policy (Labor)*). Sa stakeholder engagement process, dapat ding makipagkonsulta sa mga kaugnay na stakeholders tulad ng mga lokal na NGO o survivor networks, lalo na kung may natukoy nang GBV at SEAH issues mula sa mga nakaraang aktibidad.

Isasama ng mga portfolio companies at/o project ang GBV at SEAH risks sa pagsasagawa ng E&S risk assessments. Dapat magmungkahi ng mga mitigation measures para sa mga natukoy na risk, lalo na sa mga may mataas na posibilidad na mangyari. Maaaring kabilang sa mga mitigating at preventive measures ang mga sumusunod (ngunit hindi limitado sa):

- Pagbuo ng mga policies at procedures kaugnay ng GBV at SEAH, kabilang ang saklaw nito sa supply chain
- Pagtatalaga ng high-level focal point o well-trained na committee
- Pagsasama ng mga workers' organizations, cooperatives, o trade unions sa pagbuo ng mga polisiya at procedures
- Regular na pag-uulat tungkol sa GBV at SEAH sa pamamagitan ng workplace meetings
- Pagbuo ng Code of Conduct at pagpapalakas ng Employee Handbook
- Malinaw na komunikasyon ng company codes of conduct, at mga policies at procedures
- Pagtiyak na ang mga manggagawa sa malalayong lokasyon ay may access sa Grievance Redress Mechanism
- Pagsasama ng GBV at SEAH training sa onboarding process ng mga bagong manggagawa
- Regular na pagsasagawa ng gender-sensitive safety audits para matukoy ang mga lugar kung saan maaaring makaramdam ng hindi ligtas ang mga manggagawa
- Pagbawas ng mga isolated o liblib na espasyo sa workplace
- Pagsusuri sa safety ng disenyo ng living accommodations at washroom facilities

Reporting and Response (Pag-report at Pagtugon)

Ang mga portfolio companies at/o project ay kinakailangang magtatag ng Grievance Redress Mechanism na sumasaklaw sa pagre-report ng mga insidente ng GBV at SEAH. Dapat payagan ng mekanismong ito ang anonymous reporting (o pag-rereport na hindi kinakailangang ipakilala ang sarili) at ang maingat na paghawak ng kumpidensyal at sensitibong impormasyon. Limitado lamang ang mga tatanggap o hahawak ng ganitong mga ulat, at mahigpit na pananatilihin ang confidentiality. Tingnan ang *ESGMS-NDF-POL-008 NDF Grievance Mechanism Policy*.

Isasaalang-alang ang survivor-centered approach sa paghawak ng mga imbestigasyon kaugnay ng mga naiulat na insidente. Maaaring bumuo ng hiwalay na investigation committee depende sa uri at bigat ng kaso. Palaging hihingi ng pahintulot (consent) ng survivor bago isulong ang anumang hakbang kaugnay ng resulta ng imbestigasyon.

Magbibigay ng mga support system para sa mga survivor. Maaaring kabilang dito ang access sa shelters, counseling services, o legal assistance. Depende sa lokasyon ng portfolio company at/o project, maaaring magrekomenda ang NDF ng angkop na support services. Bukod dito, sa pamamagitan ng stakeholder engagement process, dapat ay natukoy na ang mga naaangkop na NGO o community-based partners para sa mga ganitong kaso. Maaari ring gamitin ang mga contact sa loob ng kaparehong industry networks para makapagbigay ng karagdagang suporta.

Monitoring and Evaluation

Dapat regular na i-monitor ng portfolio company ang mga GBV at SEAH risks bilang bahagi ng kanilang risk assessment at i-update ang mga dokumentong ito nang regular o kung kinakailangan. Dapat din nilang i-monitor ang mga corrective at preventive measures na ipinatupad kaugnay ng mga nakaraang insidente upang maiwasan ang pag-uulit ng mga ganitong kaso.

Magsasagawa ang NDF ng periodic reviews sa mga portfolio companies at/o project upang matukoy ang mga high-risk na lugar at aktibidad. Imo-monitor ng NDF ang mga sumusunod:

- Mga insidente ng GBV at SEAH
- Mga training at capacity building activities na may kaugnayan sa GBV at SEAH
- Pagpapatupad ng mga mitigating at preventive measures na nakasaad sa ESAP o risk assessment
- Pagsasara o completion ng mga ESAP items na may kaugnayan sa GBV at SEAH

Magre-report ang NDF ng mga seryosong kaso ng GBV at SEAH, pati na ang iba pang serious ESG incidents, sa mga LP alinsunod sa *ESGMS-NDF-PRO-001 NDF Serious ESG Incident Reporting Procedure*.

Training

Magsasagawa ang NDF ng mga training na may kaugnayan sa GBV at SEAH para sa mga empleyado nito, kabilang ang mga miyembro ng investment team na naghahanap o nagsa-source ng investments sa mga tinukoy na geographies. Maaaring palawigin ang mga training sessions na ito sa mga portfolio companies upang maunawaan nila ang mga espesyal na requirements sa paghawak ng GBV at SEAH incidents, lalo na ang survivor-centered approach. Makikipag-ugnayan din ang NDF sa iba't ibang NGO, investors, at working groups upang matukoy at ma-access ang mga specialized trainings na may kinalaman sa paksang ito.

Appendix P Stakeholder Engagement Framework

1. Panimula sa Dokumento

Ang Stakeholder Engagement Plan at Summary of Consultations na ito ay binuo upang suportahan ang disenyo ng iminungkahing Green Climate Fund (GCF) project na “Navis Decarbonisation Fund I (NDF)” sa ilalim ng GCF Project Specific Assessment Approach (PSAA), na inihanda ng Navis Capital (GCF PSAA entity).

Mahalaga ang stakeholder engagement para sa matagumpay na pagpapatupad ng mga aktibidad ng NDF at sa pagkamit ng inaasahang paradigm shift na layunin ng NDF. Masisiguro ito sa pamamagitan ng malawak at inklusibong consultative process na kinabibilangan ng pakikipag-ugnayan sa lahat ng kaugnay na stakeholders at sektor. Pinapalakas ng approach na ito ang papel ng mga internal stakeholders ng NDF at nagpo-promote ng synergy sa kanilang gawain.

Layunin ng Stakeholder Engagement Plan na ito na tukuyin at i-map ang mga pangunahing internal at external stakeholders ng NDF, magbigay ng buod ng mga isinagawang konsultasyon sa panahon ng paghahanda ng NDF, bumuo ng Stakeholder Engagement Plan na naglalahad ng mga pangunahing aktibidad bago at pagkatapos ng GCF approval, at ilahad ang monitoring and evaluation (M&E) approach para sa stakeholder engagement.

2. Background: Navis Decarbonisation Fund I

Layunin ng Navis Decarbonisation Fund na pabilisin ang decarbonisation sa Cambodia, Indonesia, Malaysia, Thailand, Pilipinas, at Vietnam. Ito ang mga bansang may mataas na GHG emissions at matinding climate vulnerabilities. Magde-deploy ang Fund ng US\$ 300 milyon para sa climate adaptation at mitigation investments, sa pamamagitan ng hybrid capital instruments na ibibigay sa mga SME mula sa mga pondo na dati ay hindi madaling ma-access ng mga bansang ito. Ang investment strategy ng Fund ay naka-align sa mga Nationally Determined Contributions (NDCs) at National Adaptation Plans (NAPs) ng bawat target na bansa, at magbibigay sa mga lokal na awtoridad ng mga bagong tools at partners upang labanan ang epekto ng climate change at mapalakas ang kanilang decarbonisation efforts. Pinili ang mga target na bansa batay sa mga social at environmental challenges na kinahaharap ng kanilang mga populasyon dahil sa climate change, sa lumalaking pangangailangan para sa low-emission solutions, pati na rin sa business opportunities at sa lokal na presensya ng Navis sa mga bansang ito sa Southeast Asia. Tinatayang makapagbabawas ang Fund ng humigit-kumulang 7,328,866 tonelada ng CO₂ equivalent (tCO₂eq) na lifetime GHG emissions, at makikinabang dito ang tinatayang 1,307,995 direktang at hindi direktang benepisyaryo sa mga target na bansa.

Target ng Fund ang sumusunod na apat na investment categories:

- Energy access at power generation
- Infrastructure at built environment
- Low emission transportation
- Sustainable na agrikultura at tubig

Ang goal statement ng NDF programme ay:

KUNG ang NDF ay makaka-mobilize ng USD 300 milyon na pondo para ma-deploy sa mga decarbonisation technologies sa loob ng mga SME, at mapalakas ang lokal na kapasidad para pondohan ang high-impact climate investments,

KUNG GAYON mababawasan ang GHG emissions at mapapabuti ang climate resilience sa mga pangunahing NDC sectors na maaaring ma-replicate at ma-scale,

DAHIL maipapakita ang commercial viability ng private capital; maa-adopt ang mabilis at market-driven na decarbonisation at climate-resilient solutions; at mapapalakas ang kaalaman at kakayahan na sumuporta sa climate transition.

3. Approach sa stakeholder engagement

3.1 Background at rationale

Mahalaga ang stakeholder engagement para sa Navis Decarbonisation Fund I (NDF) upang matiyak ang pagkaka-align sa mga polisiya ng GCF, ang pagiging epektibo ng proyekto, at ang pagsunod sa mga prinsipyong tulad ng transparency, inclusion, at country ownership.

Sa Programme level, mahalagang idisenyo ang NDF na isinasaalang-alang ang climate needs ng host countries. Kasabay nito, ang mga investment areas na mabubuo ay dapat tumugma sa risk/reward profile ng Fund at naka-align sa interes ng mga potensyal na investors. Dahil dito, nakikipag-ugnayan ang NDF sa mga potensyal na investors tulad ng development financial institutions, commercial investors, philanthropies, at mismong GCF upang maayos na mabuo ang strategy ng Fund.

Sa Country level, kritikal ang engagement kaugnay ng country ownership. Sumusunod ang Fund sa No-Objection Procedure ng GCF, na nangangailangan ng pakikipag-ugnayan sa National Designated Authorities (NDAs) upang makuha ang pag-apruba ng host country para sa mga proyekto. Tinitiyak nito na naka-align ang mga proyekto sa national climate priorities at regulatory frameworks. Bukod sa NDAs, makikipag-ugnayan din ang Fund sa mga kaugnay na ministries, local associations, NGOs, at iba pang stakeholders upang matiyak na ang mga pangunahing stakeholder pagkatapos ng investment ay kasama sa proseso.

Sa investment-by-investment level, tinutukoy ng NDF ang mga partikular na stakeholders ng proyekto, tulad ng mga may-ari at empleyado ng portfolio company, local government units, community leaders, at mga civil society organizations. Mahalaga ring tukuyin ang mga marginalized groups. Alinsunod sa mga polisiya ng Fund at ng GCF, kabilang ang Indigenous Peoples Policy at Environmental and Social Policy, obligado ang pagsasagawa ng stakeholder consultations upang matugunan ang mga isyung tulad ng land rights at community impacts. Mayroon ding grievance mechanism ang Fund na nagbibigay-daan sa mga stakeholder na mag-report ng mga isyu, na tumutulong sa mas adaptive at responsibong project design. Naka-align ito sa pagbibigay-diin ng GCF sa pagsasama ng mga pananaw ng komunidad upang mapalakas ang resilience at relevance ng mga proyekto. Bukod dito, ginagamit ng Navis ang regional presence nito sa Southeast Asia upang makipagtulungan sa mga lokal na stakeholder at matiyak na ang mga proyekto

ay tumutugon sa mga partikular na hamon sa decarbonisation tulad ng energy access at sustainable na agrikultura.

3.2 Stakeholder mapping at pag-prioritize

Gumagamit ang NDF ng isang structured na proseso para sa stakeholder identification at prioritization, na naka-align sa mga polisiya ng GCF at sa mga international standards tulad ng IFC Performance Standards. Binibigyang-diin sa prosesong ito ang relevance, influence, at vulnerability bilang mga pangunahing batayan sa pagtukoy at pag-prioritize ng stakeholders. Ang mga pangunahing stakeholder ay tinukoy sa Section 4 – Stakeholder Mapping, at hinati sa mga sumusunod na kategorya: Programme / Regional level stakeholders (NDF internal stakeholders, investors, non-investor DFIs, at regional initiatives), National level stakeholders (NDAs, mga ministry, ahensya, at associations) Investment-specific stakeholders (portfolio companies, marginalized groups, local governments, at NGOs). Sa pamamagitan ng approach na ito, nagiging mas direkta, sistematiko, at nasusukat ang pakikipag-ugnayan sa mga stakeholder.

Makikita ang karagdagang impormasyon tungkol sa stakeholder mapping sa Section 4.

3.3 Approach sa engagement sa iba't ibang antas

Sa Programme level, aktibong isinasagawa ang pakikipag-ugnayan sa mga internal stakeholders ng Navis at sa mga potensyal na investors mula pa noong 2024. Nakatuon ang mga engagement na ito sa pagdisenyo ng strategy, pag-unawa sa investor appetite, at pagtukoy sa pangangailangan ng bawat bansa. Malaki ang naitulong ng prosesong ito sa paghubog ng istruktura at strategy ng Fund. Dahil dito, naka-track ang Fund para sa unang close sa H1 2026.

Sa National level, nagsimula ang pakikipag-ugnayan sa mga NDAs noong Q4 2024, na pangunahing nakatuon sa pag-unawa sa PSAA approval process at mga requirements nito, pati na sa lokal na NDCs at NAPs, at kung paano makakatulong ang NDF sa pagkamit ng mga target na ito. Mas umigting ang engagement sa mga NDAs noong 2025 sa pamamagitan ng ilang in-person at virtual meetings. Gayunpaman, maaaring mag-iba-iba ang timeline para sa pinal na pag-apruba ng No-Objection Letter (NOL).

Sa Investment-level, ang stakeholder engagement hanggang sa kasalukuyan ay nakatuon sa mga potensyal na investment opportunities na bumubuo sa pipeline. Nakapokus ang engagement sa pagtukoy at pag-usad ng mga posibleng transaksyon bago ang unang close ng NDF. Habang umuusad ang mga transaksyon, palalawakin ang engagement upang isama ang mga investment-specific stakeholders, kabilang ang mga marginalized groups kung naaangkop.

Makikita ang karagdagang impormasyon tungkol sa kasalukuyang status ng stakeholder engagement sa Section 5.

3.4 Gaps at limitations

Tukuyin ang anumang hamon o limitasyon na naranasan sa panahon ng PPF consultations (halimbawa, hindi pa tiyak ang project pipeline, mabagal na pagtugon ng stakeholders), at ipaliwanag kung paano ito tutugunan sa panahon ng implementasyon ng proyekto.

Sa Programme level, maayos ang naging progreso ng stakeholder engagement. Ang disenyo ng NDF at ang pagkaka-align nito sa mga NDCs at NAPs ay positibong tinanggap ng mga potensyal na investors.

Sa Country level, mas mabagal kaysa inaasahan ang engagement sa mga NDAs. Pangunahing dahilan nito ang mga sumusunod:

- **Komplikasyon sa approval process:** Ang NDF ay isang multi-country programme na may iba't ibang investment themes. Dahil dito, maraming line ministries ang kailangang makibahagi sa approval process, na nagpapahaba sa timeline ng pag-apruba.
- **Pagbabago sa NDAs:** Sa ilang host countries, nagkaroon ng pagbabago sa GCF NDA teams, kaya mas tumagal ang proseso ng review.
- **Mabagal na pagtugon:** Sa ilang host countries, mabagal ang response mula sa NDAs, na maaaring dulot ng kakulangan ng pamilyaridad sa PSAA process at/o hindi malinaw na pagtatalaga ng GCF NDA responsibilities sa loob ng bansa.

Nakikipagtulungan ang NDF sa GCF upang matugunan ang mga gaps at limitasyong ito at matiyak na may sapat na impormasyon at suporta ang mga NDAs para ma-review at mapabilis ang paglabas ng pinal na No-Objection Letters (NOLs).

4. Stakeholder mapping

4.1 Programme / regional stakeholders

Ang stakeholder engagement sa antas ng Fund ay nakatuon sa mga strategic stakeholders ng NDF, tulad ng general partner na nagsisilbing Executing Entity, ang GCF bilang anchor investor, at iba pang development financial institutions at philanthropies na inaasahang magiging pangunahing investors sa first close. Nakapokus ang engagement sa pag-unawa sa kanilang mga investment objectives at mandates, at sa pagtiyak na ang mga layuning ito ay maaaring epektibong makamit sa pamamagitan ng NDF. Kasama rin sa engagement ang pag-unawa sa kanilang reporting requirements at pagtiyak na may sapat na resources na nakatalaga para matugunan ang mga ito.

Para naman sa mga regional non-investor stakeholders, tulad ng mga multilateral organizations, ASEAN initiatives, o iba pang katulad na private equity funds, ang engagement ay nakatuon sa pag-unawa sa kanilang pangmatagalang regional objectives sa konteksto ng climate mitigation at adaptation. Layunin din nitong tukuyin kung maaaring maisama ang NDF bilang bahagi ng mas malawak na inisyatiba upang magkaroon ng mas malaking impact.

Ang mga Fund-level at regional stakeholders ay maaaring kabilang, ngunit hindi limitado sa, mga nakasaad sa talahanayan sa ibaba:

Grupo ng Stakeholder	Mga Interes at Impluwensyang May Kaugnayan sa NDF	Inaasahang Papel sa Programa
Navis bilang fund manager	- Direktang impluwensya sa investment strategy, execution, at post-investment management	- Ipatupad ang investment strategy, pangunahan ang value creation, at pamahalaan ang exits

	- Kakayahang magpatupad at magpalakas ng impact reporting at value creation	- Pamahalaan ang mga stakeholder at tiyakin ang maayos na paglipat ng kaalaman (know-how transfer)
NDF DFI investors	- Kakayahang makaapekto sa investment strategy at sa mga ESG requirements	- Magbigay ng gabay sa mga best practice pagdating sa reporting
	- Kakayahang magpalaganap at magpabilis ng knowledge transfer	- Mag-facilitate ng knowledge sharing, benchmarking, at pagpapalaganap ng mga resulta
Mga Philanthropic Investors ng NDF	- Kakayahang palakasin ang impact reporting at knowledge transfer	- Magbigay ng technical assistance grants sa mga investee companies
	- May impluwensya sa pamamagitan ng advocacy, monitoring, at lokal na kaalaman	- Magbigay ng feedback at mga rekomendasyon para sa pagpapabuti ng programa
Mga Multilateral Organizations (Hindi Investors)	- Direktang impluwensya sa mga ESG-related na polisiya at posibleng epekto sa mga lokal na regulasyon	- Magbigay ng gabay sa mga best practice pagdating sa reporting
	- May kaalaman sa mga lokal na vulnerabilities at mga prayoridad	- Tumulong sa pag-angkop (adaptation) ng mga intervention ayon sa lokal na konteksto
ASEAN Initiatives (FAST-P, SSFA, ASEAN-CRN)	- May impluwensya sa paghubog ng regional climate strategies at sa pagpapatupad ng NDC/NAP	- Posibleng karagdagang private capital na maaaring ma-mobilize sa pamamagitan ng mga partnership at pag-access sa mga bagong investment opportunities
		- Posibilidad na makatulong sa pagtulak ng mga kinakailangang regulatory changes para sa pagpapatupad ng NDF
Regional associations (SVCA, GPCA, AVPN)	- Kakayahang magsilbing katalista para sa knowledge sharing	- Posibleng makapag-ambag sa pagbabago sa pamamagitan ng pagpapalaganap ng mga case studies at independent reports
Ibang funds	- Mga posibleng co-investors	- Posibleng karagdagang private capital na maaaring ma-mobilize sa pamamagitan ng co-investments

	- Mga posibleng buyer sa panahon ng exit	- Mga posibleng buyer ng mga kumpanyang ininvestan ng NDF na maaaring magpasok ng dagdag na growth capital at makatulong sa pag-mobilize ng karagdagang pondo
--	--	---

4.2 National level stakeholders

Mahalaga ang pakikipag-ugnayan sa mga national-level stakeholders upang matiyak na may matibay na network ng mga partner ang NDF sa bawat bansa. Nakakatulong ito para mas maunawaan ang lokal na NDCs at NAPs, matukoy at kung kinakailangan ay ma-adjust ang investment strategy ng NDF, at makabuo ng pipeline ng mga investment opportunities na tumutugon sa adaptation at mitigation criteria ng Fund. Bukod dito, mahalaga ang engagement sa mga pamahalaan upang mapanatili silang may sapat na impormasyon tungkol sa progreso ng deployment ng Fund at kung paano nakakatulong ang mga impact nito sa pagkamit ng NDCs at NAPs. Dagdag pa rito, kinakailangan ang pakikipag-ugnayan sa mga national-level stakeholders upang makatulong sa pagpapalakas ng institutional capacity, pagtaas ng awareness, at pagsuporta sa pangmatagalang sustainability, replicability, at posibleng scale-up ng NDF.

Ang mga national-level stakeholders ay maaaring kabilang, ngunit hindi limitado sa, mga nakasaad sa talahanayan sa ibaba:

Grupo ng Stakeholder	Mga Interes at Impluwensyang May Kaugnayan sa NDF	Inaasahang Papel sa Programa
NDA	- May oversight sa climate finance, policy alignment, at regulatory approval	- Magbigay ng pormal na No Objection Letters (NOLs) at patuloy na policy guidance
	- May impluwensya sa national climate strategies at sa pagpapatupad ng NDC/NAP	- Mag-facilitate ng regulatory approvals at tiyakin ang pagkaka-align sa mga pambansang prayoridad
	- Nagsisilbing gatekeepers para sa GCF funding at project endorsement	- Lumahok sa mga periodic consultations at monitoring activities
Government Ministries at Agencies (halimbawa enerhiya, pananalapi, kapaligiran, agrikultura)	- May oversight sa mga partikular na climate finance strategy at mga polisiya	- Makipagkonsulta sa NDF para matiyak ang alignment sa NDCs/NAP o kung may mga posibleng pagbabago sa mga target o prayoridad

	- ay impluwensya sa mga commitment sa ilalim ng NDC/NAP at sa mga strategic focus areas	- Lumahok sa mga periodic consultations at monitoring activities
Sectoral at Industry Associations (i.e. Chamber of Commerce)	- May impluwensya sa mga polisiya para sa mga partikular na sektor	- Lumahok sa mga targeted consultations tungkol sa pagiging angkop ng mga intervention ng NDF
Pambansa at rehiyonal na mga bangko	- Mga posibleng third-party financiers para sa mga investee companies	- Magbigay ng third-party capital sa mga investee companies
Civil Society at Technical Partners	- Kakayahang tumulong sa mga investment (halimbawa, bilang due diligence providers)	- Magbigay ng due diligence services
	- Kakayahang makaapekto sa mga partikular na investment-related na aspeto sa lokal na antas	- Magbigay ng inputs para sa mga lokal na impact-related consultations (halimbawa, ESIA's)
Regulators (i.e. Monetary Authority of Singapore, Malaysia Securities Commission)	- Direktang impluwensya sa financial, ESG, at climate policies, at posibleng epekto sa mga lokal na regulasyon	- Magbigay ng legal at governance framework
Mga Pambansang NGOs	- May interes sa pagtiyak ng transparency, inclusion, at environmental integrity	- Magbigay ng inputs para sa mga lokal na impact-related consultations (halimbawa, ESIA's)
Akademya	- Kakayahang tumulong sa industry-specific na impact assessment	- Magbigay ng independent assessment ng mga intervention ng NDF mula sa impact perspective

4.3 Investment level stakeholders

Ang mga project-level stakeholders ay tinutukoy para sa bawat partikular na investment sa panahon ng pre-due diligence process. Depende sa uri ng investment, maaaring magsagawa ng mga partikular na stakeholder assessments (hal. para sa mga katutubo kung naaangkop), kung saan ang resulta ng assessment ay magiging bahagi ng post-investment Environmental and Social Action Plan (ESAP). Sa assessment at sa engagement pagkatapos nito, isinasalang-alang hindi lamang ang mga risk (hal. gender-based violence), kundi pati na rin ang mga oportunidad para sa value creation (hal. equal employment opportunity na may living wages at walang wage discrimination batay sa kasarian).

Batay sa interes at impluwensya ng bawat natukoy na stakeholder group, kung naaangkop at nararapat, isasama ang stakeholder sa sariling Stakeholder Engagement Plan ng proyekto, na magiging bahagi rin ng ESAP.

Ang mga investment-level stakeholders ay maaaring kabilang, ngunit hindi limitado sa, mga nakasaad sa talahanayan sa ibaba:

Grupo ng Stakeholder	Mga Interes at Impluwensyang May Kaugnayan sa NDF	Inaasahang Papel sa Programa
Mga Shareholder at Empleyado ng Target na Investee Company	- Direktang impluwensya sa growth strategy at sa pang-araw-araw na pamamahala	- May pang-araw-araw at strategic na ugnayan sa Fund
	- May kaalaman (know-how) sa mismong climate solution na ipinapatupad	- May interes na maging naka-align sa pamamagitan ng investment structure
Mga Marginalized Groups (halimbawa, kababaihan, mga katutubo, smallholder farmers, mga manggagawa sa informal sector, mga komunidad sa baybayin, depende sa partikular na investment)	- Lubhang vulnerable sa climate impacts at kadalasang kulang ang access sa financing	- Lumahok sa mga targeted consultations, pati sa gender at social inclusion assessments
	- Direktang maaapektuhan ng mga aktibidad at resulta ng proyekto	- Makatanggap ng prayoridad na suporta at capacity-building
	- May limitadong impluwensya ngunit mataas ang kahalagahan para sa patas na pagbabahagi ng benepisyo	- Magbigay ng feedback sa pamamagitan ng grievance at monitoring channels
Mga Local Government Units (LGUs) at mga Lider ng Komunidad	- Direktang may kaugnayan sa pagpapatupad ng proyekto sa sub-national o lokal na antas	- Tumulong sa lokal na stakeholder mapping at community engagement
	- May impluwensya sa lokal na pagtanggap ng proyekto, land use, at community engagement	- Tumulong sa site access, pagkuha ng mga lokal na permit, at pagpapatupad ng grievance mechanisms

	- May kaalaman sa mga lokal na vulnerabilities at mga prayoridad	- Magbigay-daan sa pag-angkop ng mga intervention ayon sa lokal na konteksto
International Supply Chain Actors	- May impluwensya sa mga decarbonisation standards at sa market access	- Magsilbing offtakers, technology partners, o co-investors
	- May interes sa green procurement, traceability, at pagbabawas ng emissions	- Makipagtulungan sa pagpapalawak (scaling) ng mga low-carbon solutions
	- May potensyal na palawakin ang impact sa pamamagitan ng value chains	- Magtakda ng mga pamantayan at magbigay ng market signals para sa mga portfolio companies
Civil Society Organizations at mga NGOs	- May interes sa pagtiyak ng transparency, inclusion, at environmental integrity	- Maging implementation partners para sa community engagement at capacity-building
	- May impluwensya sa pamamagitan ng advocacy, monitoring, at lokal na kaalaman	- Mag-monitor ng mga epekto ng proyekto at sumuporta sa grievance redress
	- May kakayahang maabot at makipag-ugnayan sa mga marginalized groups	- Magbigay ng feedback at mga rekomendasyon para sa pagpapabuti ng programa

5. Summary ng mga consultations (naganap habang nasa project preparation stage)

5.1 Programme level consultations

Nakikipag-ugnayan ang NDF sa mga Programme-level stakeholders mula pa noong 2024. Ang maagang engagement na ito ay naging mahalaga upang mas maunawaan ang climate context, ang aktwal na pangangailangan ng mga Host Countries, at ang investor appetite. Hanggang Mayo 2025, nagsagawa ang NDF ng mga talakayan sa mahigit 100 potensyal na investors, kabilang ang development financial institutions, philanthropies, commercial investors, at family offices. Sa pamamagitan ng engagement na ito, napaghahandaan ng NDF ang matagumpay na first close at mga susunod pang closes, na may target na US\$ 300 milyon na laki ng pondo. Sa loob ng organisasyon, regular na nakikipag-ugnayan ang NDF team sa Navis partnership, kung saan iniulat ang progreso ng fundraising at pipeline nang 2–3 beses kada taon. Dahil sa engagement na ito, inaprubahan ng partnership ang paggamit ng mga kinakailangang resources at naglaan ng budget upang makamit ang first close.

Para naman sa non-investor engagement, aktibong nakikilahok ang NDF sa mga piling organisasyon at inisyatiba, tulad ng Singapore Venture and Private Capital Association (SVCA) ESG and Sustainability Committee (kung saan miyembro ang co-lead ng NDF), at sa Global Private Capital Association (GPCA),

na miyembro na ang Navis nang mahigit sa 10 taon. Saklaw ng mga engagement na ito ang mga talakayan tungkol sa merkado at investment opportunities, ESG at impact measurement, case studies, at portfolio company value creation strategies bilang paghahanda sa paglulunsad ng NDF. Regular ding nakikipag-ugnayan ang pamunuan ng NDF sa mga fund na may katulad na strategy upang tuklasin ang mga posibleng co-investment at partnership opportunities.

Magbigay ng impormasyon tungkol sa anumang stakeholder engagement events, meetings, o exchanges, kabilang ang petsa at oras, mga kalahok (participants), agenda at layunin ng pagpupulong, kasama ang buod ng meeting minutes o mga pangunahing punto ng talakayan at napagkasunduan. Kung mahaba ang listahan ng mga kalahok o ang detalyadong meeting minutes / key discussion points, maaari itong ilagay sa Appendix bilang hiwalay na attachment.

5.2 National level consultations

Nagsimula ang national-level consultations noong Hunyo 2024, nang unang makikipag-ugnayan ang NDF sa GCF bilang potensyal na investor sa Fund. Mula noon, nagsagawa ng ilang country-level meetings kasama ang mga NDAs, parehong virtual at in-person, na pangunahing nakatuon sa pag-unawa sa review at approval process para sa pag-isyu ng No-Objection Letters (NOLs), pati na rin sa mga prayoridad ng NDAs kaugnay ng alignment sa mga NDCs, NAPs, at sa pangkalahatang komunikasyon.

Bukod dito, nagsagawa rin ng iba pang national-level consultations kasama ang mga commercial banks at advisors, na nakatuon sa pag-unawa sa pangangailangan para sa financing sa loob ng mga target investment themes ng Fund.

5.3 Project level consultations (in case relevant)

Isinagawa ang project-level consultations kasama ang mga target companies na nakalista sa pipeline. Nakatuon ang mga engagement na ito sa pagtalakay ng mga investment opportunities, kung paano umaangkop ang mga ito sa strategy ng NDF, at kung ano ang kanilang funding requirements at inaasahang impact results.

6. Stakeholder Engagement Plan (SEP)

6.1 Programme level SEP

Ang stakeholder engagement sa panahon ng fundraising ng NDF kasama ang mga potensyal na investors ay madalas at regular. Karaniwang nakatuon ito sa investment strategy ng NDF at sa pagkaka-align nito sa investment strategy at mga layunin ng mga potensyal na investors. Mahalaga rin ang internal stakeholder engagement para sa NDF. Regular na nagbibigay ng general updates sa Navis partnership, at mas detalyadong impormasyon naman ang inihahain tuwing annual meetings.

Para sa mga non-investor stakeholders, layunin ng NDF na tukuyin at makibahagi sa mga kaugnay na asosasyon o inisyatiba na makatutulong sa knowledge sharing at pakikipag-ugnayan sa iba't ibang industriya.

Stakeholder	Diskarte sa pakikipag-ugnayan	Dalas	Mga paraan ng pakikipag-ugnayan
Navis bilang fund manager	- Regular na pag-uulat ng mga investment activities at status ng mga portfolio companies sa Investment Committee	- Investment Committee (IC) meeting kada dalawang linggo para sa mga transaksyon, at hindi bababa sa quarterly na update tungkol sa performance ng mga portfolio companies	- In person at virtual meetings
	- Regular na pag-uulat ng kabuuang performance ng Fund sa Navis Partners	- Hindi bababa sa dalawang beses kada taon	- In person meetings tuwing Partners' Meetings
NDF DFI investors	- Pre-NDF investment fundraising engagements na nakatuon sa due diligence at strategic alignment	- Kung kinakailangan	- Mga due diligence meetings, paggamit ng virtual data room, on-site meetings, at mga pagbisita sa portfolio companies
	- Regular na pag-uulat ng kabuuang performance ng Fund at ng mga portfolio companies	- Quarterly at annual reporting	- Quarterly financial performance update mula sa Navis Portfolio Management Team
		- Annual General Meeting (AGM) isang beses kada taon	- Navis Annual General Meeting at LPAC meetings, na maaaring in-person o virtual
Mga Philanthropic Investors ng NDF	- Pre-NDF investment fundraising engagements na nakatuon sa due diligence at strategic alignment	- Kung kinakailangan	- Mga due diligence meetings, paggamit ng virtual data room, on-site meetings, at mga pagbisita sa portfolio companies
	- Regular na pag-uulat ng kabuuang performance ng Fund at ng mga portfolio companies	- Quarterly at annual reporting	- Quarterly financial performance update mula sa Navis Portfolio Management Team

		- Annual General Meeting (AGM) isang beses kada taon	- Navis Annual General Meeting at LPAC meetings, na maaaring in-person o virtual
Mga Multilateral Organizations (Hindi Investors)	- Regular na in-person na talakayan tungkol sa mga market trends	- 1–2 beses kada taon para sa bawat multilateral organization	- Magbigay ng gabay sa mga best practice pagdating sa reporting
	- Knowledge sharing sa pamamagitan ng mga case studies at paglahok sa mga event (halimbawa, Ecosperity)	- 1–2 beses kada taon	- Tumulong sa pag-angkop ng mga intervention ayon sa lokal na konteksto
ASEAN Initiatives (FAST-P, SSFA, ASEAN-CRN)	- Regular na in-person na talakayan tungkol sa mga market trends	- 1–2 beses kada taon	- In person at virtual meetings
	- Posibleng aktibong membership sa mga piling organisasyon	- 1–2 beses kada taon, depende sa organisasyong sinalihan	- In person at virtual meetings
Regional associations (SVCA, GPCA, AVPN)	- Posibleng aktibong membership sa mga piling organisasyon	- 1–2 beses kada taon, depende sa organisasyong sinalihan	- In person at virtual meetings
Ibang funds	- Regular na in-person na talakayan tungkol sa mga market trends	- 1–2 beses kada taon kada fund	- In person at virtual meetings

6.2 National level SEP

Ang National-level Stakeholder Engagement Plan (SEP) ay nakatuon sa pag-unawa at pagsasama ng mga Host Country NDCs at NAPs sa investment strategy ng NDF, pati na rin sa pagkuha ng mga No-Objection Letters (NOLs) alinsunod sa mga requirement ng GCF. Pagkatapos ng GCF investment approval, mananatiling mahalaga ang pakikipag-ugnayan sa mga NDAs at kaugnay na ministries upang maibahagi ang impormasyon tungkol sa progreso ng deployment ng Fund at kung paano nakakatulong ang mga portfolio companies sa pagkamit ng target na GHG emissions reductions at bilang ng mga benepisyaryo. Magpapatuloy rin ang Fund sa pakikipag-ugnayan sa mga lokal na stakeholder tulad ng mga advisors at bangko kaugnay ng mga transaksyon o pangangailangan sa karagdagang pondo. Bukod

dito, makikipagtulungan nang masinsinan ang Fund sa mga NGO at akademya sa mga partikular na paksa o isyung may kaugnayan sa pagpapatupad ng programa.

Stakeholder	Diskarte sa pakikipag-ugnayan	Dalas	Mga paraan ng pakikipag-ugnayan
NDAs	- Pre-NDF investment: regular na in-person at virtual meetings, pati na rin email updates, upang mapadali ang pag-apruba ng NOL at matiyak ang alignment sa NDC/NAP	- Kung kinakailangan	- Regular na in-person at virtual meetings kung kinakailangan
	- Post-NDF investment: regular na in-person at virtual meetings, pati na rin mga NDA-specific events na inoorganisa ng NDF	- Hindi bababa sa dalawang beses kada taon para sa bawat NDA	- In-person at virtual meetings, pati na rin mga NDA-specific events na inoorganisa ng NDF
	- Regular na pag-uulat tungkol sa deployment ng Fund at sa mga pangunahing indicator ng performance ng mga underlying portfolio companies	- Hindi bababa sa isang beses kada taon	- Annual Sustainability / Impact Report at pakikilahok sa case book kung available
Government Ministries and Agencies (e.g. energy, finance, environment, agriculture)	- Pre-NDF investment: regular na in-person at virtual meetings, pati na rin email updates, upang mapadali ang pag-apruba ng NOL at matiyak ang alignment sa NDC/NAP	- Kung kinakailangan	- In person at virtual meetings
	- Post-NDF investment: regular na in-person at virtual meetings, pati na rin mga NDA-specific events na inoorganisa ng NDF	- Hindi bababa sa dalawang beses kada taon para sa bawat Ministry / Agency	- In-person at virtual meetings, pati na rin mga NDA-specific events na inoorganisa ng NDF
Sectoral at Industry Associations (i.e. Chamber of Commerce)	- Regular na in-person na talakayan tungkol sa mga market trends	- Hindi bababa sa isang beses kada taon	- In-person at virtual meetings, pati na rin paglahok sa mga event

Pambansa at rehiyonal na mga bangko	- Regular na in-person na talakayan tungkol sa project-specific funding	- Kung kinakailangan	- In person at virtual meetings
Civil Society at Technical Partners	- Regular na in-person na talakayan tungkol sa project-specific due diligence o advisory engagements	- Hindi bababa sa isang beses kada taon	- In person at virtual meetings
Regulators (i.e. Monetary Authority of Singapore, Malaysia Securities Commission)	- Taunang engagement kaugnay ng mga trend at pagsunod sa mga regulasyon / annual audit	- Hindi bababa sa isang beses kada taon	- In person at virtual meetings
Mga Pambansang NGOs	- Regular na in-person na talakayan tungkol sa mga market trends	- Kung kinakailangan	- In person and virtual meetings
Akademya	- Regular na in-person na talakayan tungkol sa project-specific due diligence o advisory engagements	- Kung kinakailangan	- In person and virtual meetings

6.3 Investment-level SEP

Ang Investment-level Stakeholder Engagement Plan (SEP) ay nakatuon sa pre-investment engagement sa mga grupo at komunidad na direktang maaapektuhan ng investment, tulad ng mga Marginalized Groups o mga lokal na awtoridad. Pagkatapos ng investment, isasama rin ang pang-araw-araw o regular na pakikipag-ugnayan sa mismong portfolio company, karaniwan sa pamamagitan ng mga executive committee discussions at mga daily work meetings.

Stakeholder	Diskarte sa pakikipag-ugnayan	Dalas	Mga paraan ng pakikipag-ugnayan
Mga Shareholder at Empleyado ng Target na Investee Company	- Regular na in-person o virtual na pakikipag-ugnayan sa mga pangunahing decision makers sa pamamagitan ng executive committee	- Lingguhan / buwanan kung kinakailangan	- In person o virtual meeting
	- Taunang internal audits	- Taunan	- In person o on-site meeting

Mga Marginalized Groups (halimbawa, kababaihan, mga katutubo, smallholder farmers, mga manggagawa sa informal sector, mga komunidad sa baybayin, depende sa partikular na investment)	- Pre-investment: regular na pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng investment team at/o mga advisor	- Regular kung kinakailangan	- In person o on site meeting
	- Post-investment: regular na pakikipag-ugnayan alinsunod sa partikular na Stakeholder Engagement Plan (SEP)	- Regular kung kinakailangan, ngunit hindi bababa sa isang beses kada taon	- In person o virtual meeting
Mga Local Government Units (LGUs) at mga Lider ng Komunidad	- Regular na in-person o virtual na meetings tungkol sa mga partikular na paksa	- Regular kung kinakailangan	- In person o virtual meeting
International Supply Chain Actors	- Regular na in-person o virtual na meetings tungkol sa mga partikular na paksa	- Regular kung kinakailangan	- In person o virtual meeting
Civil Society Organizations at mga NGOs	- Regular na in-person o virtual na meetings tungkol sa mga partikular na paksa	- Regular kung kinakailangan	- In person o virtual meeting

7. Monitoring and evaluation of SEP

Ang monitoring at evaluation (M&E) approach para sa stakeholder engagement ng Navis Decarbonisation Fund I (NDF) ay nakabalangkas upang matiyak ang transparency, pagkaka-align sa mga polisiya ng GCF, at adaptive management. Nasa ibaba ang detalyadong framework.

Ang mga pangunahing indicator ilalim ng mga SEP sa Programme, National and Investment-specific levels ay nasa Section 6.

Ang mga paraan ng verification ay maaaring kabilang, ngunit hindi limitado sa, mga sumusunod:

- Documentation: Meeting minutes, attendance logs, at mga consultation reports
- Surveys: Post-engagement stakeholder satisfaction surveys
- Audits: Independent reviews ng grievance redress mechanisms at feedback implementation
- Reports: Annual Performance Reports (APRs) at mga update sa Environmental and Social Action Plan (ESAP)

Mga Nakatalagang Responsibilidad

- NDF Team: Nag-o-oversee ng pagpapatupad ng M&E, nakikipag-ugnayan sa mga NDA, at nagko-compile ng mga ulat.
- NDAs/Focal Points: Nagva-validate ng alignment sa mga pambansang prayoridad at nagbibigay ng no-objection certifications.
- External Consultants: Nagsasagawa ng independent evaluations at gap analyses.

Mga Kinakailangang Resources

- Budget: Nakalaang pondo para sa stakeholder workshops, third-party audits, at mga training programs
- Tools: Digital platforms para sa grievance reporting at pag-track ng stakeholder feedback
- Staff: Mga nakatalagang miyembro ng ESG team at regional liaisons, na gumagamit ng suporta mula sa Navis Operations Team

Monitoring at Evaluation Plan

Phases at Focus Areas

Phase	Focus Areas	Mga Pangunahing Questions
Preparatory	Baseline stakeholder mapping, capacity assessments, at pag-finalize ng SE	- Natukoy at na-prioritize ba ang lahat ng pangunahing stakeholders? - Ganap bang naisama ang mga Host Country NDCs?
Mid-Term	Epektibidad ng engagement, pagresolba ng mga grievance, at pagsunod sa mga policies ng GCF	- Gaano kaepektibong natutugunan ang mga alalahanin ng mga stakeholders? - Natutupad ba ng SEP ang mga layunin nito?
Terminal	Epekto sa pagbawas ng GHG emissions, mga kinalabasan para sa mga benepisyaryo, at mga aral na natutunan	- Nakatulong ba ang input ng mga stakeholder sa pagpapabuti ng mga kinalabasan ng proyekto? - Anu-ano ang mga posibleng oportunidad para sa replication o scaling?

Integration sa Mas Malawak na Framework

Ang M&E process ay naka-align sa Integrated Results Management Framework at sa mga requirement ng Environmental and Social Policy ng NDF. Ang regular na pag-uulat sa ESG Committee ay nagsisiguro ng pagsunod sa Navis ESMS Manual, na nag-uutos ng taunang pagsusuri sa pagiging epektibo ng ESMS.

Sa pamamagitan ng approach na ito, natitiyak na ang stakeholder engagement ay direktang nakatutulong sa pagkamit ng paradigm-shift goals ng NDF, habang pinananatili ang accountability at pagsunod sa mga pamantayan ng GCF.

Appendix Q NDF Grievance Mechanism Policy (*Mekanismo para sa mga Reklamo at Hinaing*)



**NAVIS DECARBONIZATION FUND
GRIEVANCE MECHANISM
(Mekanismo para sa mga Reklamo at Hinaing)
Hunyo 2025**






TABLE OF CONTENTS

1.	Panimula	3
2.	Saklaw	3
4.	Mga Tungkulin at Responsibilidad	3
5.	Mga Kinakailangan ng Polisiya	4
5.1.	Pamamahala ng mga Reklamo	4
5.2.	Monitoring at Pag-report	6
5.3.	Mga Paraan sa Pagpasa ng Reklamo	6
6.	Pagpapakalat ng Impormasyon Para sa Community Grievances	6
7.	Review	6
8.	References	6

Document ID:		ESGMS-NDF-POL-008 Navis Decarbonization Fund Grievance Mechanism			
Revision Number	Author	Document Status/ Change	Reviewer	Approver	Effective Date
00	P Gonzales	New Procedure	B Szegedi	M Octoman	12 Jun 2025
01	P Gonzales	Included GCF comments	B Szegedi	M Octoman	Jan 2026

1. Panimula

Nangangako ang Navis sa practice ng responsible investing at naniwalang malaking factor ito para mapaganda ang performance ng isang kumpanya sa pmamagitan ng sustainable growth, mas maayos na operations, at mas maayos na risk management.

Sa pagpapatakbo nito gamit ang Responsible Investment Policy at Environmental and Social Management System (ESMS), ginagabayan ang mga aktibidad ng negosyo ng Navis ng mga polisiyang ito upang matiyak ang tuloy-tuloy at komprehensibong pagsasama ng Environmental at Social (E&S) considerations sa buong investment process.

Navis ay bukas sa feedback mula sa mga stakeholders dahil nakakatulong ito para maresolba ang mga hindi pagkakaunawaan, mapalakas ang tiwala at kumpiyansa sa amin, at matukoy kung anong mga bagay ang kailangan pang i-improve sa kasalukuyan at sa mga susunod pang operasyon.

Ang policy na ito ay ginawa para masigurado na ang mga taong naapektuhan nang negatibo ng mga proyekto o programa na pinondohan ng Green Climate Fund (GCF), gaya ng Navis Decarbonization Fund (NDF), ay may ligtas na paraan para magsampa ng reklamo nang walang takot na gantihan o pag-initan. Tinitiyak din nito na ang mga reklamo ay inaakusahan agad at hindi pinatatagal. Saklaw nito ang mga internal na reklamo mula sa mga empleyado, pati na rin ang mga reklamo mula sa external stakeholders tulad ng mga miyembro ng komunidad at/o mga Katutubo o Indigenous Peoples (IP).

pinapaliwanag ng policy na ito ang mga requirements ng Fund sa mga portfolio companies pagdating sa pag-set up ng sarili nilang grievance mechanism. Ang grievance mechanism mismo ng Fund, kasama ang link papunta sa Independent Redress Mechanism (IRM) ng GCF, ay nakasaad sa NDF Environmental and Social Management System (ESMS) Manual.

2. Saklaw

Ang policy na ito ay sakop ang lahat ng investments sa Navis Decarbonization Fund (NDF), kasama na ang mga acquisition o pagbili ng negosyo na iminungkahi ng alinman sa mga portfolio companies.

3. Pagdadaglat at mga Kahulugan

Grievance Mechanism – isang mekanismo upang tumanggap at tumulong sa pagresolba ng mga alalahanin at reklamo ng mga Katutubo o IP.

Indigenous Peoples (IP) – walang iisang depinisyon na kinikilala sa buong mundo para sa mga Katutubo o Indigenous Peoples, at ito ay isang nagbabagong termino. Maaaring gamitin ang iba't ibang tawag tulad ng indigenous ethnic minorities, minority nationalities, first nations, o tribal groups upang tukuyin ang Indigenous Peoples.

4. Mga Tungkulin at Responsibilidad

Ang mga tungkulin at responsibilidad ay ang mga sumusunod:

Role	Responsibility
Navis	<ul style="list-style-type: none">I-komunika ang Grievance Mechanism Policy at ang mga requirements nito sa mga portfolio companiesMagtago ng mga kopya ng kaugnay at kinakailangang dokumento sa Navis Drive para sa reference at data controlTumugon sa mga kaugnay na impormasyon at mga katanungan mula sa portfolio companyI-monitor at i-ulat ang grievance trends sa GCF
Portfolio Company	<ul style="list-style-type: none">Unawain at sumunod sa policy na itoTanggapin at resolbahin ang mga reklamo nang kumpidensyal at sa tamang oras.

Navis Decarbonization Fund Grievance Mechanism Policy	Document ID:	ESGMS-NDF-POL-008
	Revision:	01
	Effective Date:	January 2026
	Page number:	3

Role	Responsibility
	<ul style="list-style-type: none"> Magsagawa ng patas na imbestigasyon para matukoy ang tunay na ugat ng problema. Mag-organisa ng pormal na pagpupulong kasama ang mga taong sangkot o apektado. Mag-monitor at mag-report ng mga trend o pattern ng reklamo sa Navis.
Apektadong stakeholder / Nagreklamo	<ul style="list-style-type: none"> Maghain ng reklamo gamit ang tama at available na channels Makilahok sa mga nakaayos na pag-uusap para maresolba ang reklamo (maliban kung anonymous ang nagreklamo)
Third-party platform providers	<ul style="list-style-type: none"> Panatiliing maayos at gumagana ang online platform at/o hotline para sa pagtanggap ng mga reklamo. Siguraduhin ang pagiging kumpidensyal at pagiging anonymous ng nagreklamo, kung ito ang hiling niya.
GCF at iba pang stakeholders	<ul style="list-style-type: none"> Suriin at bantayan ang pagpapatupad ng Grievance Mechanism Policy.

5. Mga Kinakailangan ng Polisiya

Lahat ng portfolio companies at projects sa ilalim ng NDF ay kailangang mag-set up ng pormal na proseso para sa paghawak ng mga reklamo mula sa internal stakeholders (halimbawa, mga empleyado) at external stakeholders (halimbawa, komunidad, mga katutubo, atbp.).

Ang grievance mechanism ay dapat naka-base sa mga sumusunod na prinsipyo:

- Poprotektahan ang pagiging kumpidensyal ng nagreklamo;
- Magsisikap ang portfolio company na maresolba ang reklamo sa paraang katanggap-tanggap sa apektadong stakeholder;
- Titiyakin ng portfolio company na patas at maayos ang paghawak at pagresolba ng reklamo;
- Papayagan ang pagkakaroon ng kinatawan kung ang reklamo ay galing sa grupo ng mga empleyado o isang komunidad;
- Magbibigay ng malinaw na feedback sa mga taong sangkot sa reklamo.;
- Ipagbabawal ang anumang uri ng paghihiganti o retaliation laban sa sinumang maghain ng reklamo; at
- Sisiguraduhin na ang proseso ay nakaayon sa mga lokal na batas sa paggawa o regulasyon para sa mga katutubo, kung naaangkop.

Ang grievance mechanism na ito ay dapat mayroong, kahit man lang, ang mga sumusunod:

- Magtalaga ng responsable na tao, team, o function na mangangasiwa sa pagtanggap at pagresolba ng mga reklamo,
- May malinaw na nakatakdang timeframe kung kailan ia-acknowledge ang pagtanggap ng reklamo at kung kailan ito dapat maresolba,
- May praktikal na sistema para mapanatili ang confidentiality, ma-review nang maayos ang reklamo, at maresolba ito kasama ang sapat na resources at malinaw na organizational setup,
- ay malinaw at madaling ma-access na impormasyon tungkol sa grievance mechanism.

5.1. Pamamahala ng mga Reklamo

Lahat ng reklamo ay dapat mairehistro at maitala, kahit paano pa ito natanggap (halimbawa, pasalita o nakasulat). Dapat makatanggap ang nagreklamo ng kumpirmasyon na natanggap ang kanyang reklamo sa loob ng itinakdang at makatuwirang panahon, maliban na lang kung ito ay isinampa nang anonymous o hindi binibigay ang kanyang pagkakakilanlan. Walang anumang gastos ang dapat sagutin ng nagreklamo sa pagsasampa ng reklamo. Dapat maging flexible ang portfolio company at siguraduhin na ang mga reklamo ay hindi basta-basta tinatanggi dahil lamang sa teknikalidad o pormalidad ng proseso. Kailangang isama sa grievance mechanism ang mga kaso ng Gender-Based Violence (GBV) at Sexual Exploitation, Abuse and Harassment (SEAH). Ang mga sensitibong kasong

Navis Decarbonization Fund Grievance Mechanism Policy	Document ID:	ESGMS-NDF-POL-008
	Revision:	01
	Effective Date:	January 2026
	Page number:	4

ito ay dapat tratuhin nang may mahigpit na pagiging kumpidensyal at imbestigahan ng isang komite na may sapat na training at kaalaman sa paghawak ng ganitong uri ng kaso.

Dapat magbigay ng panukalang solusyon (resolution proposal) sa nagreklamo sa loob ng makatuwirang panahon.

Maaaring gumamit ng simpleng database para ma-manage at ma-monitor ang mga reklamo. Ang mga sumusunod na impormasyon ay dapat itala, maliban na lang kung pinili ng nagreklamo na manatiling anonymous:

- Pangalan at contact details ng nagreklamo (optional kung anonymous)
- Petsa at uri ng reklamo
- Mga ginawang follow-up na aksyon
- Iminungkahing solusyon sa reklamo
- Paano at kailan ipinaalam sa nagreklamo ang desisyon

Maaaring gamitin ang sumusunod na timeline bilang gabay:

- Nakasulat na kumpirmasyon na natanggap ang reklamo: sa loob ng 7 araw mula nang matanggap ang reklamo
- Iminungkahing solusyon: sa loob ng 30 araw mula nang matanggap ang reklamo

Ang mga reklamo ay dapat suriin agad pagkatanggap at unahin ang mga nangangailangan ng agarang aksyon.

Ipinapakita sa **Figure 1** ang karaniwang daloy o proseso ng pamamahala ng mga reklamo.




Figure 1. Karaniwang daloy o proseso ng pamamahala ng mga reklamo

Navis Decarbonization Fund Grievance Mechanism Policy	Document ID:	ESGMS-NDF-POL-008
	Revision:	01
	Effective Date:	January 2026
	Page number:	5

5.2. Monitoring at Pag-report

Dapat isama ng mga portfolio company ang mga sumusunod na indicators tungkol sa mga internal at external na reklamo na natanggap:

- Bilang ng mga reklamo
 - nabuksan sa loob ng period
 - na-resolve sa loob ng period
- Mga trend kumpara sa mga nakaraang reporting period
- Kategoriya ng mga reklamo (halimbawa, ingay, kompensasyon, safety, atbp.)

Dapat i-track ng portfolio company ang profile ng mga nagrereklamo (kung kilala) para malaman kung may partikular na grupo na mas naapektuhan ng posibleng negative impacts. Pero kung gusto ng nagrereklamo na manatiling anonymous, dapat igalang ito ng portfolio company at kunin lang ang mga impormasyong talagang kailangan.

5.3. Mga Paraan sa Pagpasa ng Reklamo

Dapat gawing madali at accessible ang pagrereport. Maaaring kabilang sa mga paraan ang:

- Website ng kumpanya
- Diretso sa opisina ng portfolio company at/o direkta sa HR o supervisors (para sa internal na reklamo)
- Telephone hotline

Ang **Appendix B** ay may generic na template ng grievance form at ang **Appendix C** ay may generic na template ng grievance register. Puwedeng gamitin ng portfolio company ang dalawang template na ito sa pag-set up ng sarili nilang system.

Nakipag-trabaho ang Navis sa iba't ibang third-party platform providers na tumutulong mag-set up ng confidential grievance portals. Puwedeng online portals ito o dedicated hotline numbers na kayang mag-support ng iba't ibang local na wika. May access ang mga Navis portfolio companies sa mga opsyong ito.

6. Pagpapakalat ng Impormasyon Para sa Community Grievances

Dapat magbigay ang portfolio company ng mga leaflet, maglagay ng specific na impormasyon sa website, mag-post ng posters sa mga administrative office, strategic locations, at iba pa, para maipalam na may grievance mechanism na available. Para sa internal na reklamo, dapat ipalam ito sa mga empleyado habang onboarding, sa mga town hall sessions, at sa iba pang paraan ng company communications. Para naman sa external na reklamo, ang paraan ng pagpa-publicize ng grievance mechanism ay dapat culturally appropriate at naaayon sa stakeholder engagement plan o iba pang paraan ng konsultasyon. Maaaring magkaiba ang paraan ng pag-access ng impormasyon ng mga babae at lalaki, kaya dapat itong isaalang-alang para masigurong pareho silang may pantay na access sa impormasyon sa tamang format. Dapat ding isaalang-alang ang pangkalahatang literacy ng mga apektadong komunidad sa pag-design at pag-implement ng system.

7. Review

Regular na rerepasuhin ang policy na ito, at hindi bababa sa isang beses kada taon. Anumang kinakailangang pagbabago ay gagawin at ipapatupad.

8. References

[GCF Indigenous Peoples Policy](#)

[GCF Operational Guidelines: Indigenous Peoples Policy](#)

[IFC Performance Standards \(2012\)](#)

NDF Responsible Investment Policy

NDF Environmental and Social Management System

Navis Decarbonization Fund Grievance Mechanism Policy	Document ID:	ESGMS-NDF-POL-008
	Revision:	01
	Effective Date:	January 2026
	Page number:	6

Appendix A: Template ng Grievance Form

Impormasyon ng Nagrereklamo	
Petsa at Oras ng Pagpasa ng Reklamo	
Paraan ng Pagpasa (halimbawa, paano natanggap ang reklamo)	
Pangalan ng Nagrereklamo	
Contact Number ng Nagrereklamo	
Address ng Nagrereklamo	
Anonymous ba?	<i>Oo / Hindi</i>
Kategorya ng Stakeholder	Internal / External
Grupo ng Stakeholder	Empleyado / Site Manager / Customer / Lokal na Komunidad / Pamahalaan / Regulator / NGO / Civil Society Groups / Iba pa
Pangalan ng Stakeholder	

Pahayag ng Reklamo	
Petsa, Oras at Lugar ng Pangyayari/Issue	
Deskripsyon ng Nagrereklamo	

Resolusyon / Mga Inirerekomendang Aksyon	
---	--

Tinanggap ni	
Pangalan	
Posisyon/ Kagawaran	
Petsa	

Impormasyong Administratibo	
Reference Number	
Uri ng Reklamo	<p><i>Environmental (haimbawa, polusyon, concern sa biodiversity) / Social (haimbawa, ingay o ibang abala, sira sa ari-arian, hinihinging kompensasyon, traffic congestion) / Health and Safety (halimbawa, hindi ligtas na work practices, EMF) / Labour at Working Conditions</i></p> <p><i>Environmental (e.g., pollution, biodiversity concern) / Social (e.g. noise or other disturbance, damage to property, compensation requested, traffic congestion) / Health and safety (e.g. unsafe work practices, EMF) / Labour and working conditions</i></p>
Kanino Inireport ang Reklamo	<i>Pangalan at Posisyon / Department</i>
Kanino In-assign ang Reklamo	<i>Pangalan at Posisyon / Department</i>
May Feedback ba sa Nagrereklamo?	<i>Deskripsyon ng feedback kasama ang petsa kung kailan ito ibinigay</i>

Appendix R NDF Climate Risk and Opportunities Policy (*NDF Polisiya sa Climate Risks at mga Oportunidad*)



NAVIS DECARBONIZATION FUND
CLIMATE RISKS AND OPPORTUNITIES POLICY
(Polisiya sa Climate Risks at mga Oportunidad)

Mayo 2025



1. Panimula

Nauunawaan ng Navis na ang mga climate-related risks at opportunities ay mahalagang salik para mapabuti ang financial at operational performance ng isang kumpanya, dahil mas makakapaghanda ito sa mga kasalukuyan at inaasahang material na risks habang nasusulit ang mga oportunidad na may kinalaman sa klima.

Dahil dito, bumuo kami ng Climate Risks and Opportunities Policy (“Policy”) para sa Navis Decarbonization Fund (“NDF”) upang masiguro ang komprehensibong pag-unawa sa mga relevant na physical at transition risks at opportunities ng mga potensyal na investment, simula pa lang sa pre-investment phase. Layunin ng framework na ito na mapahusay ang sistematikong assessment ng climate risk at magamit nang maayos ang mga oportunidad ng kasalukuyan at mga susunod pang investments.

Ang Policy na ito ay naka-integrate sa Environmental and Social Management System (ESMS) ng NDF para matiyak ang consistent at komprehensibong integration, at para magsilbing gabay sa mga internal na proseso. Regular na rerepahun ng Navis ang Policy na ito, at hindi bababa sa isang beses kada taon, at ia-update kung kinakailangan.

2. Saklaw

Ang Policy na ito ay mag-a-apply sa lahat ng private equity investments na isinasalang sa Investment Committee (IC).

3. Mga Tungkulin at Responsibilidad

Ang IC ang responsable sa pagtiyak na maayos na naipapatupad at na-ooperate ang Policy, kabilang ang pagko-communicate nito sa lahat ng empleyado ng Navis. Ang IC din ang mag-o-oversee ng pamamahala ng climate risks at opportunities sa isang structured na paraan. Ang mga investment professionals ang responsable sa pag-adopt ng mga rekomendasyon ng ESG team bago at pagkatapos ng investment. Ang in-house ESG team naman ang responsable sa pag-drive at pag-monitor ng implementation ng Policy, sa pagpapanatili nito sa buong investment period, at sa pagbibigay ng gabay at suporta sa mga investment professionals at portfolio companies, katuwang ang Legal team.

Makakatulong ang impormasyong ito sa ESG team para matukoy ang mga pangunahing climate-related risks at opportunities na posibleng harapin sa simula.

4. Approach ng Navis sa Integration ng Policy sa Investment Process

4.1. Pre-Investment

Pagkatapos ma-check ang isang potential Target laban sa Navis Responsible Investment’s Exclusion List at ma-categorize gamit ang Navis ESG Screening and Categorization Policy, kokolektahin ng ESG team ang mga relevant na impormasyon kabilang pero hindi limitado sa eksaktong lokasyon ng mga underlying assets at impormasyon tungkol sa exposure at sensitivity nito sa climate effects gamit ang “Climate Screening Form”. Gamit ang Climate Screening Form at iba pang nakalap na impormasyon, gagamitin ng ESG team ang SASB Climate Risk Framework para matukoy ang mga material na Climate Risk Categories. Ipe-present ang impormasyong ito sa isang climate heat map (“Navis Climate Heat Map”) (tingnan ang **Appendix A** bilang reference). Magkukumpleto rin ang ESG team ng initial qualitative scoring ng exposure o risk gamit ang Impact Matrix (tingnan ang **Appendix B** bilang reference). Gagamitin din ng ESG team ang SASB tool para matukoy ang industry-specific metrics na nirerekomendang i-disclose ng potential Target. Bukod dito, base sa Navis’ Guidelines for Climate Finance, Social Impact at ESG KPIs (“Guidelines”), tutukuyin ng ESG Team kung ang planong financing ay papasok bilang climate finance, social impact, o kombinasyon ng dalawa, pati na rin kung anu-anong karagdagang ESG KPIs ang maaaring kailanganin para makakuha ng mas mababang cost of financing.

Ang pre-due diligence information ay isasama sa IC materials bilang bahagi ng summary ng ESG risks at opportunities sa Deal Alert stage.

Sa panahon ng ESG due diligence, ang Navis ESG team o external ESG consultants (kung naaangkop) ay magbibigay ng summary ng risks at opportunities ng Target, kasama ang paglalarawan ng bawat time horizon (short, medium, at long term), pagtukoy sa mga bahagi ng value chain na apektado, at ang laki at posibilidad ng mga potensyal na epekto nito, lalo na ang mga pangunahing risks na na-flag.

Ang mga time horizon ay itatakda batay sa industriya kung saan kabilang ang Target at sa kaugnay nitong business at investment cycles. Ang mga apektadong bahagi ng value chain ay tutukuyin gamit ang SASB Climate Tool, kasama ang sariling evaluation ng Navis kung gaano ka-material ang mga natukoy na risks para sa potensyal na investment.

Kung ang mga natukoy na climate-related risks at opportunities ay itinuturing na significant (tingnan ang Appendix B bilang reference) ng ESG team, magsasagawa ng karagdagang quantitative assessment sa pamamagitan ng scenario modelling ng isang external advisor. Isasagawa ang scenario analysis gamit ang makatwirang iba't ibang posibleng future outcomes, parehong paborable at hindi paborable. Alinsunod sa Paris Agreement noong 2015 at sa mga rekomendasyon ng TCFD, magkakaroon ng hindi bababa sa 2°C o mas mababang scenario at isang scenario na may kaugnayan sa Nationally Determined Contributions (NDCs)¹. Maaari ring magdagdag ng iba pang scenarios depende sa sitwasyon o ayon sa napagkasunduan kasama ang external advisor. Layunin ng scenario modelling na maunawaan ang kabuuang value at risk (tingnan ang **Appendix C** bilang reference) at ang mga posibleng gastos para ma-mitigate ang mga ito. Ang mga climate-related findings ay ihaharap sa IC bilang bahagi ng ESG due diligence report.

Outcome/Impact: Makukumpleto ang climate screening form na may kasamang climate risk heatmap at detalyadong assessment ng climate risks at opportunities. Kung naaangkop, magsasagawa rin ng value at risk determination gamit ang scenario modelling. Ang mga natukoy na climate risk mitigation strategies at opportunities ay isasama sa Environmental and Social Action Plan ("ESAP"), kung saan bawat action plan ay bibigyan ng partikular na priority.

4.2. Investment

Para ma-manage ang climate risks at mga oportunidad para sa value creation ng ating mga portfolio companies pagkatapos ng investment, sisikapin ng Navis na gawin ang mga sumusunod:

Mag-monitor, Makipag-engage, at Magbigay ng Suporta:

- Ipatupad ang ESAP
- Isama sa enterprise risk management framework ang mga climate risks na natukoy noong due diligence
- Magsagawa ng annual review ng lahat ng portfolio companies at buuin ang Navis Climate Heat Map. I-update ang Navis Climate Heat Map kada taon
- Tukuyin ang mga portfolio companies na may mataas na climate risk at/o mataas na climate opportunities batay sa Navis Climate Heat Map
- Para sa mga portfolio companies na naka-rate bilang high risk (tingnan ang **Appendix B** bilang reference), magsasagawa ang Navis ESG team ng detalyadong qualitative analysis na isinasaalang-alang ang mga rekomendasyon ng TCFD o ISSB para sa time horizon at risk metrics
- Kung matukoy na material at malamang ang epekto ng climate-related risk ng isang portfolio company, magsasagawa ng scenario modelling para ma-assess ang value at risk batay sa 2°C o mas mababang scenario at isang scenario na may kaugnayan sa NDCs. Maaari ring magdagdag ng iba pang scenarios depende sa sitwasyon o ayon sa napagkasunduan kasama ang external advisor
- Magsasagawa ng stress test sa materiality ng mga climate-related risks na kinakaharap ng investment, ayon sa pagpapasya ng Navis ESG team

¹ NDCs are climate contributions that each country voluntarily pledges. The countries will then pursue domestic mitigation measures with the aim of achieving their NDCs. The NDCs are to be submitted to the UNFCCC every 5 years. These NDCs will determine whether the world achieves the long-term goals of the Paris Agreement.

- Katuwang ang mga portfolio companies, kung material ang climate opportunities, bumuo at mag-monitor ng mga value creation initiatives batay sa mga climate opportunities para sa bawat portfolio company
- I-review ang climate-related performance at mga relevant na updates (hal. pagbabago sa regulatory environment) sa mga Executive Committee meetings, kabilang ang pagpapatupad ng mga climate action plans
- Imo-monitor ng Navis ESG team ang mga climate action plans at regular na magre-report ng status sa IC, ngunit hindi bababa sa isang beses kada taon

Makipag-communicate:

- Malinaw na ipaabot sa mga relevant stakeholders ang climate-related risks at opportunities.
- Isasama ang mga portfolio companies sa Navis Climate Heat Map at risk register, at magiging available ang Navis Climate Heat Map sa website ng Navis.

Output/Impact: Pagsunod sa Navis Climate Risk Policies and Standards at maayos na oversight sa climate risks at opportunities ng portfolio companies. Ipapakita ng Navis Climate Heat Map ang mga material na climate risk ng bawat portfolio company para sa mga users at magsisilbing patunay ng mga pagsisikap at progreso ng Navis sa ESG journey nito. Kasama rin dito ang pagpapatupad ng ESAP.

5. SASB Tool Walk Through

Gagamitin ang SASB Materiality Map para matukoy ang mga isyung malamang na makaapekto sa financial condition o operating performance ng Target. Tutukuyin naman ng SASB Climate Risk Framework ang mga relevant na disclosure topics at iha-highlight ang mga climate risks na naaangkop sa mga disclosure topics na iyon. Pagkatapos nito, tutukuyin ng ESG team kung alin sa mga risks ang applicable at malamang mangyari.

6. Scenario Analysis Walk Through (Kung naaangkop)

6.1. Overview ng Scenario Analysis

Ang scenario analysis ay isang proseso para tukuyin at i-assess ang mga posibleng implikasyon ng iba't ibang makatotohanang sitwasyon sa ilalim ng hindi tiyak na mga kondisyon. Sa pamamagitan ng mga scenario, mas nae-explore at mas nauunawaan ng isang organisasyon kung paano maaaring makaapekto sa negosyo, mga strategy, at financial performance nito sa paglipas ng panahon ang iba't ibang kombinasyon ng climate-related risks.

6.2. Mga hakbang sa pagbuo ng scenario analysis

Ang mga external ESG advisors ang magsasagawa ng scenario analysis, na may oversight mula sa Navis ESG team. Kasama sa mga hakbang sa pagbuo ng scenario analysis ang mga sumusunod:

1. Tukuyin kung sinu-sinong internal at external stakeholders ang dapat isama at kung paano sila isasali.
2. assess ang materiality ng kasalukuyan at inaasahang exposure ng organisasyon sa climate-related risks at opportunities. Para sa mga Target na may mas mataas na exposure sa climate risk, dapat magsagawa ng quantitative scenario analysis kaugnay ng mga pangunahing drivers at trends na nakakaapekto sa Target.
3. Tukuyin kung anong mga scenario ang malamang mangyari batay sa kasalukuyang exposure at mga hakbang na ginagawa. Dapat isaalang-alang ang input parameters, assumptions, analytical choices, at reference scenarios.
4. Suriin ang posibleng epekto sa strategic at financial position ng organisasyon sa ilalim ng bawat tinukoy na scenario.
5. Gamitin ang mga resulta para matukoy ang mga naaangkop at realistiko na desisyon para ma-manage ang mga natukoy na risks at opportunities.
6. dokumento ang buong proseso at i-communicate ang scenario analysis sa mga relevant na partido.

Maaaring kabilang sa scenario analysis ang:

- Mga scenario na ginamit sa assessment at ang pinanggalingan ng mga ito
- Paliwanag kung bakit pinili ang mga nasabing scenario at pagtatasa sa resilience ng Target investment laban sa climate-related risks at opportunities

- Mga time horizon na ginamit sa analysis
- Malinaw na paglahad at pagpapaliwanag ng mga input parameters, assumptions, analytical choices, at reference scenarios na ginamit

7. Training

Magbibigay ang Navis ng impormasyon at magsasagawa ng training kung kailan kinakailangan para matiyak na nauunawaan ng mga empleyado ng Navis ang epekto ng climate-related risks at opportunities sa mga Target. Ang Navis ESG team ay sasailalim din sa mga relevant na training o professional development para masigurong napapanatili o napapahusay ang kanilang skills at competencies.

Magbibigay din ang Navis ng impormasyon at training sa mga portfolio companies kung kailan kinakailangan para matiyak na alam at naiintindihan nila ang kahalagahan ng climate-related risks at opportunities at ng Policy.

Magkakaroon ng training needs analysis at plano para sa lahat ng empleyado ng Navis at sa mga portfolio companies, at ito ay rerepasuhin paminsan-minsan.

8. Pamamahala at Organisasyon

Inaasahan ng Navis na aktibong imo-monitor ng management teams at Executive Committees ng mga portfolio companies ang climate-related performance ng kani-kanilang kumpanya. Ang pinakamataas na responsibilidad sa pagtiyak na naipapatupad at nasusunod ang Policy ay nasa Executive Committee ng bawat portfolio company. Ang ESG team ay magpe-present ng mga relevant na updates (kung meron) sa IC.

9. Policy Review

Regular na rerepasuhin ang Policy na ito, at hindi bababa sa isang beses kada taon. Anumang pagbabagong gagawin ay ipapaalam.

10. References

ACCA and University of Glasgow, Companies' Readiness to Adopt IFRS S2 Climate-related Disclosures (<file:///C:/Users/jtan/Downloads/PI%20ISSB%20CLIMATE%20DISCLOSURE.pdf>)

SASB Standards (2022), Climate Risk Technical Bulletin

[Climate-Risk-Technical-Bulletin2022-050222.pdf \(sasb.org\)](#)

ERM (2022), A Better Blueprint for Corporate Climate Scenario Analysis

[A Better Blueprint for Corporate Climate Scenario Analysis \(sustainability.com\)](#)

TCFD Hub

[The Use of Scenario Analysis in Disclosure of Climate-related Risks and Opportunities – TCFD Knowledge Hub \(tcfithub.org\), E04 – Section D – Scenario Analysis.pdf \(tcfithub.org\)](#)

ISSB S1 and S2

<https://www.ifrs.org/issued-standards/ifrs-sustainability-standards-navigator/ifrs-s1-general-requirements/>

<https://www.ifrs.org/issued-standards/ifrs-sustainability-standards-navigator/ifrs-s2-climate-related-disclosures/>

11. Document Change Control


Document ID:		ESGMS-NDF-POL-005			
Revision Number	Author	Document Status/ Change	Reviewer	Approver	Effective Date
00	B Szegedi	New Procedure	M Octoman	M Octoman	01 May 2025

Appendix A – Target Climate Heat Map at Navis Climate Heat Map


	Risk/Opportunity Type	Description	Time Horizon (term)			Magnitude of Impact			Likelihood of Impact			
			Short	Medium	Long	Low	Medium	High	Low	Medium	High	
Risks	Transition Risk	Policy and Legal Risk										
		Technology Risk										
		Market Risk										
		Reputation Risk										
	Physical Risk	Acute Risk										
		Chronic Risk										
Opportunity		Technology										
		Resource Efficiency										
		Energy Source										
		Products and Service										
		Markets										
		Resilience										

		Company A	Company B	Company C	Company D
Transition Risk	Policy and Legal Risk				
	Technology Risk				
	Market Risk				
	Reputation Risk				
Physical Risk	Acute Risk				
	Chronic Risk				
Opportunity	Resource Efficiency				
	Energy Source				
	Products and Service				
	Markets				
	Resilience				

Appendix B – Impact Scoring Matrix



- a) Policy at Legal Risk – Mga Pagbabago sa Regulasyon
 - Ang mga rekomendasyon mula sa mga regulatory authorities ay karaniwang may mas mataas na posibilidad na maipatupad sa bansa. Pero dahil kadalasan ay may phased at tiered na timeline ang pagpapatupad nito, binigyan ang risk na ito ng medium na likelihood.
 - Dahil malaki na ang naging progreso ng Target investment sa pag-incorporate ng mga kinakailangang regulatory changes, binigyan ito ng low na magnitude.
- b) Acute Physical Risk – Pag-apaq ng Ilog at Flash Floods
 - Dahil ang pasilidad ay nasa tabing-dagat at may kasaysayan ng pagbaha sa rehiyon kahit hindi naman madalas, binigyan ang risk na ito ng medium na likelihood.
 - Bagama’t maaaring maging malaki ang pinsala ng baha, dahil may itinayong floodwall, binigyan ito ng medium na magnitude.
- c) Climate Opportunity – Pinagmumulan ng Energhiya
 - Dahil naglabas ang bansa ng plano na pataasin sa 70% ang paggamit ng renewable energy pagsapit ng 2025, binigyan ito ng high na likelihood.
 - Dahil hindi naman malaki ang konsumo ng kuryente ng Target sa araw-araw na operasyon nito, binigyan ito ng low na magnitude.



Ang mga risk na nasa pulang bahagi ay ituturing na high o significant, ang nasa dilaw ay medium, at ang nasa berde o luntian ay low.



Risk Categorisation, Calculation & Financial ‘Value at Risk’

Multi-peril risk score calculation

Score calculated based only on an asset **exposition** to perils (relatively to the portfolio studied) and on the vulnerability depending on the type of building and industry.

$$\text{Hazard} \times \text{Exposure} \times \text{Vulnerability} = \frac{\text{Normalisation}}{\text{Risk Score}} = \text{Multi-peril Score}$$

The multi-peril risk score calculated for each site has different categories



Iso-risk score calculation

Iso Risk is absolute risk scoring of an asset multiplied by its financial exposure. This indicator allows to include the financial value of to their level of risk. The number obtained is then normalized between 0 and 1.

$$\text{Multi-peril Score} \times \text{Financial Value} = \text{Iso-Risk}$$

Appendix S NDF Responsible Supply Chain Policy (Labor) (*NDF Polisiya para sa Responsableng Supply Chain (Labor)*)



NAVIS DECARBONIZATION FUND
RESPONSIBLE SUPPLY CHAIN POLICY (LABOR)
(Polisiya para sa Responsableng Supply Chain (Labor))
Mayo 2025





TABLE OF CONTENTS

1. Panimula	3
2. Saklaw	3
3. Depinisyon o Mga Kahulugan	3
4. Mga Tungkulin at Responsibilidad	4
5. Mga Pangangailangan	4
5.1. Commitment at pag-align sa mga requirements ng Navis	4
5.2. Supply Chain Mapping	5
5.3. Supplier Risk Assessment.....	5
5.4. Supplier Onboarding	6
5.5. Supplier Evaluation at Monitoring	7
6. Training at Komunikasyon	10
7. Monitoring Records.....	10
8. Review	10
9. References	10
10. Document Change Control.....	10

1. Panimula

Nangangako ang Navis sa practice ng responsible investing at naniwalang malaking factor ito para mapaganda ang performance ng isang kumpanya sa pmamagitan ng sustainable growth, mas maayos na operations, at mas maayos na risk management.

Sa pagpapatakbo nito gamit ang Responsible Investment Policy at Environmental and Social Management System (ESMS), ginagabayan ang mga aktibidad ng negosyo ng Navis ng mga polisiyang ito upang matiyak ang tuloy-tuloy at komprehensibong pagsasama ng Environmental at Social (E&S) considerations sa buong investment process.

Isinasagawa ng Navis ang masusing due diligence at portfolio monitoring para maunawaan ang operational at E&S risks ng mga investment nito. Kinikilala rin ng Navis na may ilang industriya at sektor kung saan ito nag-ooperate na may medium hanggang high na antas ng social at human rights risks sa kanilang supply chains.

Layunin ng policy na ito na gabayan ang mga portfolio companies sa pag-integrate ng responsible supply chain management sa kanilang mga desisyon at practices. Partikular na inaasahan ng Navis na magpatupad ang mga portfolio companies ng proseso para tukuyin, i-prioritize, at i-mitigate ang mga supply chain risks, lalo na ang may kinalaman sa labor at human rights, sa kanilang mga sistema at proseso.

2. Saklaw

Ang policy na ito ay ginawa para tulungan ang mga portfolio companies na matukoy at ma-mitigate ang mga risks na umiiral sa kanilang supply chain. Partikular nitong tinutukoy ang mga supply chain ng mga investment na malaki ang pagdepende sa mga manggagawa, kaya naka-focus ito sa mga relevant na industry at internationally accepted na labor at human rights standards, bukod pa sa mga naaangkop na lokal na regulasyon at guidelines.

Ang policy na ito ay sumasaklaw sa mga Navis private equity deals, kabilang ang mga acquisition na iminumungkahi ng alinman sa mga portfolio companies, at sa kanilang mga pangunahing supplier (ibig sabihin, Tier 1) na direktang nagsu-supply sa mga portfolio companies. Hindi saklaw ng policy na ito ang mga vendor o sub-suppliers na nagsu-supply sa mga direct suppliers (ibig sabihin, Tier 2) at ang iba pang nasa mas upstream na suppliers (Tier 3 pataas).

3. Depinisyon o Mga Kahulugan

Child Labor – mapagsamantalang trabaho na nag-aalis sa mga bata ng kanilang pagkabata, potensyal, at dignidad, at nakahahadlang sa kanilang pisikal at mental na pag-unlad (ILO). Dapat sundin ng mga portfolio companies ang lahat ng country-specific na guidelines kaugnay ng child labor.

Forced Labor – trabaho o serbisyo na ipinapagawa sa isang tao sa ilalim ng banta ng parusa at hindi niya kusang-loob na tinanggap (ILO).

Human Rights – mga karapatang likas sa lahat ng tao, anuman ang kanilang pagkakakilanlan o iba pang katayuan. Kabilang dito ang karapatan sa buhay at kalayaan, kalayaan mula sa pagkaalipin at torture, kalayaan sa opinyon at pagpapahayag, karapatan sa trabaho at edukasyon, at iba pa (UN).

Portfolio Company – pribadong kumpanya na may naisagawang investment ang Navis at aktibong pinamamahalaan bilang bahagi ng kanilang portfolio.

Primary Supplier/ Tier 1 Supplier – mga entity o indibidwal na direktang nagsu-supply ng goods o services sa mga portfolio companies.

Sub-supplier/ Tier 2 Supplier – mga entity o indibidwal na nagsu-supply ng goods o services sa mga primary suppliers.

Navis Decarbonization Fund Responsible Supply Chain Policy (Labor)	Document ID:	ESGMS-NDF-POL-004
	Revision:	00
	Effective Date:	01 May 2025
	Page number:	3

Migrant Workers – mga indibidwal na lumilipat mula sa isang lugar o bansa patungo sa iba para maghanap ng trabaho, kadalasan para sa short-term o seasonal na trabaho.

Grievance Mechanism – isang proseso na may malinaw na framework para mabigyan ang mga empleyado ng paraan para magsumite at matugunan ang kanilang mga reklamo o problema sa workplace.

Supply Chain – mga kumpanya o tao na nagsu-supply ng mga produkto at/o serbisyo sa portfolio company.

Supply Chain Map – mapa ng supply chain na nagpapakita ng mga primary suppliers at sub-suppliers (ibig sabihin, Tier 1, Tier 2, Tier 3+) kasama ang pagtukoy sa uri ng mga aktibidad ng mga supplier.

Supplier Database – listahan ng impormasyon ng mga supplier, kabilang ang mga nakasaad sa Section 5.2.

4. Mga Tungkulin at Responsibilidad

Ang mga tungkulin at responsibilidad ay ang mga sumusunod:

Role	Responsibility
Navis Deal Team	<ul style="list-style-type: none"> I-communicate ang policy na ito at ang mga requirements nito sa mga portfolio companies Panatilihin ang mga kopya ng mga relevant at kinakailangang dokumento sa Navis Drive para sa reference at maayos na data control Tumugon sa mga relevant na impormasyon na hinihingi ng Navis ESG Team tungkol sa kasalukuyang business activities at mga planong future activities ng Portfolio Company
Portfolio Company	<ul style="list-style-type: none"> Unawain at sumunod sa policy na ito Sa minimum, magpatupad ng system para i-screen ang mga pangunahing Primary Suppliers na malaki ang pagdepende sa human capital, gamit ang mga relevant na E&S criteria kabilang ang labor at human rights standards at guidelines Pumili ng mga Primary Suppliers na sumusunod sa mga pambansang batas at regulasyon sa paggawa Magsagawa ng maayos na dokumentasyon at pagre-report ng mga resulta ng supply chain assessment sa portfolio company ExCo I-report ang labor management performance sa Navis Deal Team at Navis ESG Team
Portfolio Company's Primary Supplier	<ul style="list-style-type: none"> Sumunod sa Supplier Code of Conduct ng Navis portfolio company Ayusin o itama ang mga gaps na natukoy sa supply chain assessment
Navis ESG Team	<ul style="list-style-type: none"> Humingi ng impormasyon mula sa Deal Team para mas maintindihan ang kasalukuyang business activities at mga planong future activities ng Portfolio Company Makipag-ugnayan sa mga portfolio companies sa pagbuo ng action plan pagkatapos ng supply chain assessments I-report ang mga resulta ng supply chain assessments sa Navis Investment Committee

5. Mga Pangangailangan

5.1. Commitment at pag-align sa mga requirements ng Navis

Inaatasan ng Navis ang mga portfolio companies na responsableng i-manage ang kanilang mga Primary Suppliers alinsunod sa ESG Business Principles ng Navis kaugnay ng supply chain management, at naka-gabnay ng IFC Performance Standards 2: Labor and Working Conditions, dahil pinalalawak nito ang ESMS ng portfolio companies hanggang sa kanilang supply chain. Dapat kilalanin ng mga portfolio companies na kung gaano kahalaga ang ESMS sa pag-manage ng kanilang labor risks at performance, ganoon din ito kahalaga bilang pundasyon sa pag-manage

Navis Decarbonization Fund Responsible Supply Chain Policy (Labor)	Document ID:	ESGMS-NDF-POL-004
	Revision:	00
	Effective Date:	01 May 2025
	Page number:	4

ng labor risks at performance sa kanilang supply chain. Bukod dito, bilang bahagi ng kanilang ESMS, dapat magpatupad ang mga portfolio companies ng mga proseso para tukuyin, i-assess, at i-mitigate ang mga risks sa kanilang Primary Suppliers, kabilang pero hindi limitado sa mga sumusunod:

- Pag-alis o pagbabawal ng child labor
- Pagpigil sa forced labor
- Paglililaw ng working conditions at terms of employment, kabilang ang pagsunod sa mga pambansang batas sa paggawa
- Pagsusulong ng freedom of association, non-discrimination, at equal opportunity
- Pagbuo at/o pagpapatupad ng retrenchment plan
- Pagkakaroon ng grievance mechanism
- Pagpapanatili ng occupational health and safety

Dapat bumuo at magpatupad ang mga portfolio companies ng Supply Chain Policy at/o Supplier Code of Conduct para magsilbing gabay sa mga proseso ng pag-manage ng kanilang supply chain gaya ng inilalarawan sa ibaba. Sa minimum, ang Supply Chain Policy at/o Code of Conduct ay dapat ipatupad sa lahat ng Tier 1 suppliers ng portfolio company.

5.2. Supply Chain Mapping

Para mas maintindihan at ma-classify ang supply chain, dapat gumawa ang mga portfolio companies ng supply chain map. Hindi naman kailangang sobrang detalyado o multi-tiered ang map na ito, pero sa minimum, dapat matukoy nito ang lahat ng direct suppliers ng portfolio company. Ang impormasyong makukuha mula sa supply chain mapping process ay dapat regular na i-update at i-maintain sa pamamagitan ng isang supplier database.

Ang pagma-map ng supply chain at pag-maintain ng supplier database ay makakatulong sa portfolio company na matukoy kung gaano kalaki ang risk na maaaring idulot ng kanilang mga direct suppliers. Inaatasan ng policy na ito ang mga portfolio companies na mag-maintain ng supplier database na naglalaman ng, pero hindi limitado sa, mga sumusunod na impormasyon:

- Lokasyon ng business operations (rehiyon, bansa, at/o lugar sa loob ng bansa)
- Industriya o product category at production process sa loob ng product category
- Antas ng atensyon mula sa mga aktibista, consumer groups, o media
- Nasyonalidad o etnikong pinagmulan ng mga managers, supervisors, at workers
- Certification sa labor standards o pagsunod sa mahigpit na corporate o industry labor code
- Presensya ng management systems para sa performance ng internal at supply chain labor standards
- Tinatayang bilang ng sub-suppliers at sub-contractors
- Porsyento ng negosyo ng portfolio company na kinakatawan ng supplier
- Hirap ng pagpapalit sa kanila bilang supplier
- Labor relations at legal history

5.3. Supplier Risk Assessment

Nag-iiba ang mga labor risks sa supply chain depende sa uri ng aktibidad ng mga supplier (ibig sabihin, ang primary/Tier 1 supply chain ay maaaring binubuo ng mga manufacturer o processor, distributor o trading companies, retailer o importer, o service providers tulad ng employment, security, food, dormitory, at/o cleaning services). Iba-iba ang mga isyu at risks depende sa klase ng supplier.

Sa pagsasagawa ng supplier risk assessment, mahalaga ang prioritization. Dapat ituong ng mga portfolio companies ang kanilang resources sa mga supplier na may medium hanggang high na risk at maaaring magdulot ng mas malaking epekto sa kanilang sourcing at/o business needs. Sa ganitong paraan, malinaw kung aling mga

Navis Decarbonization Fund Responsible Supply Chain Policy (Labor)	Document ID:	ESGMS-NDF-POL-004
	Revision:	00
	Effective Date:	01 May 2025
	Page number:	5

supplier ang uunahin para sa risk assessment at patuloy na i-eengage bilang bahagi ng regular monitoring at evaluation.

Mas partikular, itinatakda ng policy na ito ang minimum requirements sa pagsasagawa ng supplier risk assessments:

- Dapat magsagawa ng risk assessment para sa mga supplier na may pinakamataas na risk areas at kumakatawan sa pinakamalaking purchasing volume.
- Dapat magsagawa ng risk assessment para sa mga supplier na gumagamit ng subcontractors sa high-risk areas kahit maliit lang ang volume na kinakatawan nila (hal. goods at raw materials), at para sa services (hal. pagre-recruit, paglalagay, o pagko-contract ng labor).
- Dapat magsagawa ng risk assessment para sa mga supplier na sangkot sa direct manufacturing, trading, o importing.
- Dapat magsagawa ng risk assessment para sa mga supplier na may posibleng mahinang social at labor risk management performance. Mas mababang priority naman ang maaaring ibigay sa mga kilalang brand, international retailers, mga supplier na may magandang standing sa multi-stakeholder systems at well-established industry initiatives, at mga supplier na may industry o labor standard certifications.
- Maaaring isagawa ng portfolio companies ang supplier risk assessment internally depende sa kanilang kapasidad at kakayahan. Depende sa level at uri ng risks, dapat nilang isaalang-alang ang pag-engage ng third parties para magsagawa ng supplier risk assessments. Ang third parties ang dapat magsagawa ng assessment para sa mga supplier na may high-risk areas at kumakatawan sa malaking purchasing volume.

Dapat magtatag ang mga portfolio companies ng sarili nilang internal supplier risk assessment process at mga tools. Gayundin, dapat nilang tukuyin at pagkasunduan kasama ang third parties ang minimum components ng supplier risk assessment. Inaatasan ng policy na ito ang mga portfolio companies na tiyakin na ang supplier risk assessments ay kabilang, pero hindi limitado sa, mga sumusunod na components:

- Pagsunod sa mga naaangkop na pambansang batas at regulasyon sa paggawa
- Mga labor policies at employment practices
 - Child labor at young workers
 - Freely chosen labor
 - Migrant workers
 - Non-discrimination at patas na pagtrato
 - Sahod, benepisyo, at working hours
 - Freedom of association
 - Non-discrimination at equal opportunity
 - Gender-based violence at harassment
 - Retrenchment

5.4. Supplier Onboarding

Ang impormasyong makukuha mula sa supplier risk assessment ay dapat gamitin bilang basehan sa supplier evaluation at onboarding procedures ng portfolio company.

Dapat tiyakin ng mga portfolio companies na ang kanilang Supply Chain Policy at/o Supplier Code of Conduct ay malinaw na naipalam sa kanilang mga supplier bilang bahagi ng onboarding process. Bukod dito, inaatasan ang mga portfolio companies na mag-maintain ng mga relevant na dokumento para masiguro ang commitment ng kanilang mga supplier sa pagtukoy at pag-manage ng mga risks, ayon sa mga konsiderasyong nakalista sa Section 5.1. Maaaring ito ay sa anyo ng supplier commitment letter at/o mga kaugnay na probisyon sa supplier agreement o kontrata.

Navis Decarbonization Fund Responsible Supply Chain Policy (Labor)	Document ID:	ESGMS-NDF-POL-004
	Revision:	00
	Effective Date:	01 May 2025
	Page number:	6

5.5. Supplier Evaluation at Monitoring

Batay sa resulta ng supplier risk assessments, dapat magsikap ang mga portfolio companies na magpatupad ng regular na proseso ng supplier evaluation at monitoring. Ang paraan ng prioritization at focus areas ay dapat katulad ng mga nakasaad sa Supplier Risk Assessment sa Section 5.3. Ang dalas ng monitoring ay dapat malinaw na nakasaad sa Supply Chain Policy ng portfolio company at sa mga kaugnay na ESMS procedures.

Dapat tiyakin ng mga portfolio companies na ang resulta ng supplier evaluation ay naipapaabot sa mga supplier, at kung kinakailangan, may napagkakasunduang angkop na action plan at monitoring kasama ang mga supplier.

Navis Decarbonization Fund Responsible Supply Chain Policy (Labor)	Document ID:	ESGMS-NDF-POL-004
	Revision:	00
	Effective Date:	01 May 2025
	Page number:	7




Figure 1. Proseso ng Pagpili, Pagsusuri, at Monitoring ng Supplier




Figure 2. Proseso ng Pagpili, Pagsusuri, at Monitoring ng Supplier (pinagpatuloy)

6. Training at Komunikasyon

Para matugunan ang mga layunin ng procedure na ito, magsasagawa ang Navis ESG Team ng training para sa Navis Deal Team upang ipaliwanag ang mga prinsipyo at requirements ng policy na ito. Para sa mga bagong miyembro ng Navis Deal Team, isasagawa ang training bilang bahagi ng employee onboarding. Magkakaroon din ng refresher training kung kinakailangan, lalo na kapag may mga pagbabago sa policy na ito.

Ang Navis Deal Teams ay inaasahang ipapaabot ang mga requirements ng procedure na ito sa mga portfolio companies para sa kanilang implementasyon.

Sisikapin ng Navis na suportahan ang mga portfolio companies sa pagpapataas ng awareness at pagpapalakas ng kanilang kakayahan sa pag-manage ng kanilang supply chains.

Isasagawa ang training batay sa pag-unawa ng Navis sa mga supply chain risks, na ibabatay sa monitoring ng Navis ESG Team sa pagpapatupad ng mga portfolio companies ng kanilang supplier risk assessment at evaluation procedures.

7. Monitoring Records

Ayon sa Section 5, inaatasan ang mga portfolio companies na i-maintain ang mga sumusunod na dokumento:

- Supply chain map
- Supplier database
- Supply Chain Policy at/o Supplier Code of Conduct
- Supplier Risk Assessment reports
- Mga nakumpletong Supplier Evaluation forms at mga kaugnay na report/dokumentasyon

8. Review

Regular na rerepasuhin ang policy na ito, at hindi bababa sa isang beses kada taon. Anumang kinakailangang pagbabago ay gagawin at ipatutupad.

9. References

IFC Performance Standards (2012)

Navis Responsible Investment Policy

Navis Environmental and Social Management System

[Labour Standards in Global Supply Chains – ILO Training Module](#)

10. Document Change Control

Document ID:		ESGMS-NDF-POL-004			
Revision Number	Author	Document Status/ Change	Reviewer	Approver	Effective Date
00	P Gonzales	New Procedure	B Szegedi	M Octoman	01/05/2025